



# Aklat-Gabay ng Miyembro

**Kung ano ang dapat ninyong malaman  
tungkol sa inyong mga benepisyo**

**Pinagsamang Katibayan ng Pagkakasakop (EOC) at Form  
para sa Itinatakdang Pagbibigay ng Mahalagang**

## Medi-Cal

08-85213

Last Updated:

## Handa kayong Tulungan ng aming Yunit para sa mga Serbisyo sa mga Miyembro

Tawagan kami sa **1-800-750-4776**  
(walang bayad) o sa **650-616-2133**

May Kapansanan sa Pandinig:  
TTY **1-800-735-2929** o i-dial ang **7-1-1**

Lunes hanggang Biyernes  
Telepono: 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m.  
Mga oras ng opisina: 8:00 a.m.  
hanggang 5:00 p.m.

### Paghiling para sa Pagkakalimbag na may Malalaking Letra

Kung gusto ninyong makakuha ng librong ito na malalaki ang mga letra sa pagkakalimbag, mangyaring tawagan ang mga Serbisyo para sa mga Miyembro

### Pahayag tungkol sa pagiging pribado ng impormasyon

Tinitiyak ng Health Plan of San Mateo ang pagiging pribado ng inyong medikal na rekord. Para sa karagdagang katanungan at impormasyon, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo para sa mga Miyembro.

## Our Member Services department Is Available to Help You

Call us at **1-800-750-4776** (toll free)  
or **650-616-2133**

Hearing Impaired:  
TTY **1-800-735-2929** or dial **7-1-1**

Monday-Friday:  
**Phone** 8:00am-6:00pm  
**Office hours** 8:00am-5:00pm

### Large-print Request

If you would like a large-print copy of this book, please call Member Services

### Privacy Statement

Health Plan of San Mateo ensures the privacy of your medical record. For questions and more information, please call Member Services.

## Nuestra Unidad de Servicios al Miembro está disponible para ayudarlo

Llámenos al **1-800-750-4776** (número telefónico gratuito) o al **650-616-2133**

Miembros con dificultades auditivas:  
TTY **1-800-855-3000** o marque el **7-1-1**

De lunes a Viernes:  
**Por teléfono** 8:00am-6:00pm  
**Horario de oficina** 8:00am-5:00pm

### Solicitud de impresión en caracteres grandes

Si desea una copia de este manual en letra grande, llame al Departamento de Servicios al Miembro.

### Declaración de privacidad

El Health Plan of San Mateo garantiza la privacidad de su registro médico. Si tiene alguna pregunta o desea obtener más información, llame a Servicios al Miembro.

## 我們的會員服務部可為您提供協助

請撥打我們的電話 **1-800-750-4776**  
(免費) 或 **650-616-2133**

有聽力障礙者：  
TTY **1-800-735-2929** 或撥 **7-1-1**

星期一到星期五  
電話：上午 8:00 至晚上 6:00  
辦公室服務時間：上午 8:00 至下午 5:00

### 大字版需求

若您需要本手冊的大字版，請致電會員服務部

### 隱私權聲明

聖馬刁健康計劃 (HPSM) 會為您保密病歷資訊。  
如有疑問或需要更多資訊，請致電會員服務部

# Aklat-gabay ng Miyembro

---

Kung ano ang dapat ninyong malaman tungkol  
sa inyong mga benepisyo

Katibayan ng Pagkakasakop (Evidence of  
Coverage o EOC) at Form para sa  
Itinatakdang Pagsisiwalat ng Mahalagang  
Impormasyon (Disclosure Form) ng HPSM

2026

San Mateo County

# Iba pang wika at format

---

## Iba pang wika

Makukuha ninyo itong Aklat-Gabay ng Miyembro at iba pang materyal ng plano sa iba pang wika nang libre. Nagbibigay ang HPSM ng mga nakasulat na salin mula sa mga kuwalipikadong tagasalin. Tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Libre ang pagtawag. Basahin itong Aklat-Gabay ng Miyembro para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika para sa pangangalaga sa kalusugan, tulad ng mga serbisyo ng tagasalin at pagsasaling-wika.

---

## Iba pang format

Makukuha ninyo ang impormasyong ito sa iba pang format, tulad ng braille, 20-point font na malalaking print, audio format, at mga accessible na electronic na format (data CD) nang wala kayong babayaran. Tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Libre ang pagtawag.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## Mga serbisyo ng tagasalin

Ang HPSM ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pasalitang pagsasalin, pati na ang sign language, mula sa isang kuwalipikadong tagasalin, nang 24 na oras, nang wala kayong babayaran. Hindi ninyo kailangang gumamit ng isang kapamilya o kaibigan upang magsilbi bilang tagasalin ninyo. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga tagasalin, maliban na lang kung emergency. May magagamit kayong libreng serbisyo ng tagasalin, pangwika at kultura. Makakahingi kayo ng tulong nang 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Para sa tulong sa inyong wika, o para makuha ang aklat-gabay na ito sa ibang wika, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Libre ang pagtawag.

**English:** ATTENTION: If you need help in your language call 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929). These services are free of charge.

**الشعار بالعربية (Arabic)** يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك،  
فاتصل بـ 1-800-750-4776



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

(TTY: 1-800-735-2929). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريـل والخط الكبير. اتصل بـ (TTY: 1-800-735-2929) 1-800-750-4776. هذه الخدمات مجانية.

**հայերեն (Armenian):** ՌԻՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված Նյութեր: Չանգահարեք 1-866-880-0606 (TTY: 1-800-735-2929): Այդ ծառայություններն անվճար են:

**ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian):** ចំណាំ៖ បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ព សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

**中國人 (Chinese):** 请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929)。这些服务都是免费的。

**مطلب به زبان فارسی (Farsi):** توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

دریافت کنید، با (TTY: 1-800-735-2929) 1-800-750-4776 تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

**हिंदी (Hindi):** ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

**Hmoob (Hmong):** CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-35-2929). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

**日本(Japanese):** 注意日本語での対応が必要な場合は 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**한국인 (Korean):**유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

**ພາສາລາວ (Laotian):** ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂ 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

**Mien:** LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluc mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Português (Portuguese):** ATENÇÃO: se precisar de ajuda em seu idioma, ligue para 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929). Auxílios e serviços para pessoas com deficiência, como documentos em braille e letras grandes, também estão disponíveis. Ligue para 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929). Tais serviços são gratuitos.

**ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi):** ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

**Русский (Russian):** ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-800-750-4776 (линия 1-800-735-2929). Такие услуги предоставляются бесплатно.

**Español (Spanish):** ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929). Estos servicios son gratuitos.

**Tagalog:** ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929). Libre ang mga serbisyonang ito.

**แบบไทย (Thai):** โปรดทราบ:

หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

**українською (Ukrainian):** УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами,



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929). Ці послуги безкоштовні.

**Tiếng Việt (Vietnamese):** CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-800-750-4776 (TTY:1-800-735-2929). Các dịch vụ này đều miễn phí.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

# Maligayang pagdating sa HPSM!

Salamat sa paglahok sa HPSM. Isang planong pangkalusugan ang HPSM para sa mga taong may Medi-Cal. Nakikipagtrabaho ang HPSM sa Estado ng California para matulungan kayo na makuha ang kailangan ninyong pangangalaga sa kalusugan. Ang HPSM ang inyong plano sa pangangalaga na pinamamahalaan ng Medi-Cal. Naging miyembro kayo ng HPSM nang naaprobahan kayo sa Medi-Cal ng Ahensiya ng Serbisyong Pantao ng San Mateo County (San Mateo County Human Services Agency) o sa pamamagitan ng programa ng Pinansiyal na Suporta mula sa Seguridad Panlipunan (Supplemental Security Income, SSI). Ang inyong mga batayang benepisyo sa Medi-Cal ay kapareho ng sa iba pang mga tumatanggap ng Medi-Cal sa California, pero may access din kayo sa mga karagdagang serbisyo.

---

## Aklat-Gabay ng Miyembro

Tungkol ang Aklat-Gabay ng Miyembro na ito sa inyong pagkakasakop sa HPSM. Pakibasa ito nang maingat at kompleto. Matutulungan kayo nitong unawain ang inyong mga benepisyo, ang mga serbisyong makukuha ninyo, at kung paano tumanggap ng pangangalagang kailangan ninyo. Ipinapaliwanag din nito ang inyong mga karapatan at tungkulin bilang miyembro ng HPSM. Kung may mga espesyal kayong pangangailangang pangkalusugan, tiyaking nabasa ninyo ang lahat ng seksiyon na mailalapat sa inyo.

Ang Aklat-Gabay ng Miyembro na ito ay tinatawag ding Pinagsamang Katibayan ng Pagkakasakop at Form para sa Itinatakdang Pagsisiwalat ng Mahalagang Impormasyon (Combined Evidence of Coverage and Disclosure Form). **Binubuo lamang ang EOC at Form para sa Itinatakdang Pagsisiwalat ng Mahalagang Impormasyon (Disclosure) na ito ng buod ng planong pangkalusugan. Dapat kumonsulta sa kontrata sa planong pangkalusugan para tukuyin ang mga eksaktong panuntunan at kundisyon ng**



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**pagkakasakop.** Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Sa Aklat-Gabay ng Miyembrong ito, tinatawag minsan ang HPSM bilang “kami” o “namin.” Tinatawag minsan ang Mga Miyembro bilang “ikaw.” May ilang naka-capitalize na salita na may espesyal na kahulugan sa Aklat-Gabay ng Miyembrong ito.

Para humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng HPSM at Departamento ng mga Serbisyo para sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services o DHCS), tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Puwede rin kayong humingi ng isa pang kopya ng Aklat-Gabay ng Miyembro nang libre. Puwede rin ninyong makita ang Aklat-Gabay ng Miyembro sa website ng HPSM sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/). Puwede rin kayong humingi ng libreng kopya ng mga di-propitaryong klinikal at administratibong patakaran at pamamaraan ng HPSM. Makikita rin ang mga ito sa website ng HPSM sa [www.hpsm.org](http://www.hpsm.org).

---

## Kontakin kami

Narito ang HPSM para tumulong. Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag.

Puwede rin kayong bumisita online anumang oras sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Salamat,

Health Plan of San Mateo  
801 Gateway Boulevard, Suite 100  
South San Francisco, CA 94080



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

# Talaan ng mga nilalaman

|                                                                                      |           |
|--------------------------------------------------------------------------------------|-----------|
| <b>Iba pang wika at format .....</b>                                                 | <b>2</b>  |
| Iba pang wika .....                                                                  | 2         |
| Iba pang format .....                                                                | 2         |
| Mga serbisyo ng tagasalin .....                                                      | 3         |
| <b>Maligayang pagdating sa HPSM! .....</b>                                           | <b>10</b> |
| Aklat-Gabay ng Miyembro .....                                                        | 10        |
| Kontakin kami .....                                                                  | 11        |
| <b>Talaan ng mga nilalaman.....</b>                                                  | <b>12</b> |
| <b>1. Pagsisimula bilang isang miyembro .....</b>                                    | <b>15</b> |
| Kung paano humingi ng tulong .....                                                   | 15        |
| Sino ang maaaring maging isang miyembro .....                                        | 16        |
| Mga Identification (ID) card .....                                                   | 16        |
| <b>2. Tungkol sa inyong planong pangkalusugan .....</b>                              | <b>19</b> |
| Malawakang pananaw sa planong pangkalusugan .....                                    | 19        |
| Paano gumagana ang inyong plano .....                                                | 20        |
| Pagbabago ng mga planong pangkalusugan .....                                         | 21        |
| Mga estudyante na lumipat sa ibang county o umalis sa California .....               | 22        |
| Pagpapatuloy sa pangangalaga .....                                                   | 24        |
| Mga Gastusin .....                                                                   | 27        |
| <b>3. Paano makakakuha ng pangangalaga .....</b>                                     | <b>32</b> |
| Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan .....                           | 32        |
| Tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (Primary care provider, PCP) ..... | 33        |
| Samahan ng mga tagabigay ng serbisyo (provider network).....                         | 38        |
| Mga appointment.....                                                                 | 49        |



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay narito Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. to 6 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal).

|                                                                                                                                             |            |
|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------|
| Pagpunta sa inyong appointment .....                                                                                                        | 50         |
| Pagkansela at pagpapa-reschedule .....                                                                                                      | 50         |
| Bayad .....                                                                                                                                 | 51         |
| Mga Referral.....                                                                                                                           | 52         |
| Mga referral ng California Cancer Equity Act .....                                                                                          | 54         |
| Paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) .....                                                                                             | 55         |
| Mga pangalawang opinyon.....                                                                                                                | 56         |
| Sensitibong pangangalaga .....                                                                                                              | 57         |
| Agarang pangangalaga .....                                                                                                                  | 61         |
| Pang-emergency na pangangalaga.....                                                                                                         | 63         |
| Linya ng Pagpapayo ng Nurse .....                                                                                                           | 65         |
| Mga nauna ang naitakdang kautusan sa pangangalaga ng kalusugan ....                                                                         | 65         |
| Donasyon ng organ at tissue .....                                                                                                           | 66         |
| <b>4. Mga Benepisyo at Serbisyo .....</b>                                                                                                   | <b>67</b>  |
| Anong mga benepisyo at serbisyo ang sinasakop ng inyong planong pangkalusugan .....                                                         | 67         |
| Mga benepisyo ng Medi-Cal na sakop ng HPSM .....                                                                                            | 72         |
| Iba pang benepisyo at programang sakop ng HPSM .....                                                                                        | 104        |
| Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal.....                                                                                              | 111        |
| Mga serbisyong hindi ninyo makukuha sa pamamagitan ng HPSM o Medi-Cal .....                                                                 | 119        |
| Ebalwasyon ng mga bago at kasalukuyang teknolohiya .....                                                                                    | 119        |
| <b>5. Pangangalaga sa mga bata at kabataan .....</b>                                                                                        | <b>121</b> |
| Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager.....                                                                                                  | 121        |
| Mga well-child na pagpapatingin para sa kalusugan at pangangalaga sa pag-agap sa sakit .....                                                | 124        |
| Pag-eeksamen sa dugo para sa pagkalason sa lead .....                                                                                       | 125        |
| Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga sa mga bata at kabataan .....                                                             | 126        |
| Iba pang serbisyong makukuha ninyo sa pamamagitan ng Bayad Kapital ng Serbisyo (Fee-For-Service, FFS) na Medi-Cal o iba pang programa ..... | 126        |
| <b>6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema.....</b>                                                                                        | <b>128</b> |
| Mga Reklamo .....                                                                                                                           | 129        |
| Mga apela.....                                                                                                                              | 131        |
| Kung ano ang dapat ninyong gawin sakaling hindi kayo sang-ayon sa pasya sa apela.....                                                       | 133        |



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

|                                                                                                                                                                                                          |            |
|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------|
| Mga Reklamo at Independiyenteng Pagrerepasong Medikal (Independent Medical Review, IMR) mula sa Departamento ng Pinamamahalaan na Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC) | 134        |
| Mga Pagdinig ng Estado                                                                                                                                                                                   | 136        |
| Panloloko, pagsasayang, at pag-abuso                                                                                                                                                                     | 138        |
| <b>7. Mga karapatan at responsibilidad</b>                                                                                                                                                               | <b>140</b> |
| Ang inyong mga karapatan                                                                                                                                                                                 | 140        |
| Ang inyong mga responsibilidad                                                                                                                                                                           | 142        |
| Abiso ng Kawalan ng Diskriminasyon (non-discrimination)                                                                                                                                                  | 143        |
| Mga paraan para makalahok bilang isang miyembro                                                                                                                                                          | 146        |
| Abiso sa mga pamamalakad hinggil sa pagkapribado                                                                                                                                                         | 147        |
| Abiso tungkol sa mga batas                                                                                                                                                                               | 160        |
| Abiso tungkol sa pagiging panghuling dinudulugan na tagapagbayad (payer of last resort) ng Medi-Cal, iba pang pagkakasakop ng kalusugan (other health coverage, OHC), at pagbawi ng tort                 | 161        |
| Abiso tungkol sa pagbawi mula sa ari-arian (Notice about estate recovery)                                                                                                                                | 162        |
| Abiso ng Aksiyon                                                                                                                                                                                         | 163        |
| Koordinasyon ng Benepisyo sa Iba Pang Pagkakasakop ng Kalusugan                                                                                                                                          | 164        |
| <b>8. Mga importanteng numero at salitang dapat malaman</b>                                                                                                                                              | <b>167</b> |
| Mga Importanteng Numero ng Telepono                                                                                                                                                                      | 167        |
| Mga salitang dapat malaman                                                                                                                                                                               | 167        |



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

# 1. Pagsisimula bilang isang miyembro

---

## Kung paano humingi ng tulong

Gusto ng HPSM na maging masaya kayo sa inyong pangangalaga sa kalusugan. Kung mayroon kayong mga katanungan o alalahanin tungkol sa pangangalaga sa inyo, gusto kayong pakinggan ng HPSM!

## Mga Serbisyo para sa Miyembro

Narito ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng HPSM para tulungan kayo. Magagawa ng HPSM ang mga sumusunod:

- Sagutin ang mga tanong tungkol sa inyong planong pangkalusugan at mga sakop na serbisyo ng HPSM.
- Tumulong sa inyong pumili o palitan ang tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP).
- Sabihan kayo kung saan makakakuha ng pangangalagang kailangan ninyo.
- Tulungan kayong makakuha ng mga serbisyo ng tagasalin kung limitado ang inyong Ingles.
- Tulungan kayong makakuha ng impormasyon sa iba pang wika at format.
- Tumulong sa mga problema na mayroon kayo sa inyong mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan.
- Tumulong sa mga usapin sa pagsingil.
- Gawing pinakabago ang impormasyon tungkol sa inyong tirahan at sa pagkontak sa inyo.

Kung kailangan ninyo ng tulong, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929 o 7-1-1). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Ang tawag ay libre. Dapat tiyakin ng HPSM na hindi lalampas nang 10 minuto ang paghihintay ninyo habang tumatawag.

Puwede rin ninyong bisitahin ang Mga Serbisyo para sa Miyembro online anumang oras



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

---

## Sino ang maaaring maging isang miyembro

Maaaring may programa ng Medicaid ang bawat estado. Sa California, tinatawag na **Medi-Cal** ang Medicaid.

Kuwalipikado kayo sa HPSM dahil kuwalipikado kayo sa Medi-Cal at nakatira sa San Mateo County. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa inyong pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal, tawagan ang Ahensiya ng Serbisyong Pantao ng San Mateo County sa 1-800-223-8383. Puwede rin kayong maging kuwalipikado sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security dahil nakakatanggap kayo ng SSI o SSP.

Para sa mga tanong tungkol sa pagpapa-enroll, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 7-1-1), o pumunta sa <http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>.

Para sa mga tanong tungkol sa Social Security, tawagan ang Social Security Administration sa 1-800-772-1213, o pumunta sa <https://www.ssa.gov/locator/>.

## Transisyonal na Medi-Cal

Posible kayong makakuha ng Transisyonal na Medi-Cal kung magsisimula kayong kumita nang mas malaki at hindi na kayo kuwalipikado para sa Medi-Cal.

Makapagtatanong kayo kung paano maging kuwalipikado sa Transisyonal na Medi-Cal sa inyong lokal na opisina sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>

O tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 7-1-1).

O tumawag sa Ahensiya ng Serbisyong Pantao ng San Mateo County sa 1-800-223-8383.

---



## Mga Identification (ID) card

Bilang miyembro ng HPSM, makakakuha kayo ng aming HPSM Identification (ID) card. Dapat ninyong ipakita ang inyong HPSM ID card **at** ang inyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) kapag gumamit kayo ng mga serbisyo para sa pangangalaga



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ng kalusugan o reseta. Ang inyong Medi-Cal BIC card ay ang identification card para sa mga benepisyo na ipinadala sa inyo ng Estado ng California. Dapat ay palagi ninyong dala ang lahat ng inyong card ng plano ng kalusugan. Ganito ang hitsura ng inyong mga Medi-Cal BIC at HPSM ID card:



Kasama sa inyong HPSM ID card ang mga sumusunod na impormasyon:

- Pangalan: Ito ang pangalan ng tao na kuwalipikadong tumanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng HPSM.
- Petsa ng Kapanganakan: Ito ang petsa ng kapanganakan ng miyembro.
- HPSM ID: Ito ang numero para sa pagkakakilanlan ng miyembro na itinalaga sa inyo ng HPSM.
- Petsa ng Pagbibigay ng Card: Ito ang petsa nang nagsimula sa HPSM ang miyembro.
- Medi-Cal CIN: Ito ang unang siyam na character ng identification number na nasa harap ng Benefits Identification Card (BIC) ng miyembro.

Kung may mali sa anumang impormasyon sa inyong HPSM ID card, tawagan ang Mga



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 o 650-616-2133.

Laging tandaan na sabihin sa inyong mga tagabigay ng serbisyo na miyembro kayo ng HPSM. Kailangan nilang malaman na miyembro kayo ng HPSM para hindi kayo singilin para sa mga serbisyong natanggap ninyo.

Kapag hindi ninyo matatanggap ang inyong HPSM ID card sa loob ng ilang linggo pagkatapos ng petsa kung kailan kayo nag-enroll, o kung ang inyong HPSM ID card ay nasira, nawala, o nanakaw ang inyong card, tawagan kaagad ang Mga Serbisyo para sa Miyembro. Ang HPSM ay magpapadala sa inyo ng bagong card nang libre.

Tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Puwede rin kayong magpa-print o mag-order ng bagong HPSM ID card mula sa HPSM Member Portal sa [www.hpsm.org/member-portal-login](http://www.hpsm.org/member-portal-login). Kung wala kayong Medi-Cal BIC card o kung nawala, nasira, o nanakaw ang inyong card, tumawag sa lokal na opisina ng county.

Para makita ang lokal na opisina ng inyong county, pumunta sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2. Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

---

### **Malawakang pananaw sa planong pangkalusugan**

Isang planong pangkalusugan ang HPSM para sa mga taong may Medi-Cal sa mga county na ito: San Mateo County. Nakikipagtrabaho ang HPSM sa Estado ng California para matulungan kayo na makuha ang kailangan ninyong pangangalaga ng kalusugan.

Awtomatiko kayong naging miyembro ng HPSM dahil sakop kayo ng Medi-Cal sa San Mateo County.

Makipag-usap sa isa sa mga kinatawan ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng HPSM para malaman pa ang tungkol sa planong pangkalusugan at kung paano ito makakatulong sa inyo. Tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

### **Kung kailan nagsisimula at nagtatapos ang inyong pagkakasakop**

Kapag nag-enroll kayo sa HPSM, papadalhan namin kayo ng Identification (ID) card ng HPSM sa loob ng dalawang linggo pagkatapos ng petsa ng inyong pagpapa-enroll.

Dapat ninyong ipakita ang inyong HPSM ID card at ang inyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) kapag gumamit kayo ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan o reseta.

Kailangang i-renew kada taon ang inyong pagkakasakop ng Medi-Cal. Kung hindi marenew ng lokal na tanggapan ng county ninyo ang inyong pagkakasakop sa Medi-Cal sa elektronikong paraan, ang county ay magpapadala sa inyo ng pauna nang nasagutang form sa pagpapa-renew ng Medi-Cal. Sagutan ang form na ito at isauli ito sa inyong lokal na opisina ng county. Puwede ninyong ipadala ang inyong impormasyon nang personal, sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, online, o iba pang elektronikong paraang magagamit sa inyong county.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

Ang HPSM ay isang planong pangkalusugan para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa San Mateo County. Hanapin ang inyong lokal na opisina sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

Puwedeng hindi na maging kuwalipikado sa pagkakasakop ng Medi-Cal ng HPSM kapag nangyari ang alinman sa mga sumusunod:

- Umalis kayo ng San Mateo County.
- Wala na kayong Medi-Cal.
- Nakulong kayo.

Kung nawalan kayo ng pagkakasakop sa HPSM Medi-Cal, posibleng kuwalipikado pa rin kayo para sa pagkakasakop sa FFS Medi-Cal. Kung hindi kayo sigurado kung sakop pa rin kayo ng HPSM, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

### **Mga Espesyal na Konsiderasyon para sa mga American Indian sa pinamamahalaang pangangalaga**

Kung American Indian kayo, may karapatan kayong makakuha ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan sa isang Indian na Tagapagbigay ng Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Indian Health Care Provider o IHCP). Puwede rin kayong manatili o umalis sa pagkaka-enroll (matanggal) sa HPSM habang kumukuha ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan mula sa mga lokasyon na ito. Para matuto pa tungkol sa pagpapa-enroll at pagkakatanggal mula sa pagkaka-enroll, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Dapat magbigay ang HPSM ng koordinasyon sa pangangalaga para sa inyo, kasama ang pamamahala ng kaso na nasa loob at labas ng samahan. Kung hihilingin ninyong kumuha ng mga serbisyo mula sa isang IHCP, dapat kayong tulungan ng HPSM na maghanap ng IHCP na nasa loob o labas ng samahan. Para matuto pa, basahin ang “Samahan ng tagabigay ng serbisyo” sa Kabanata 3 ng aklat-gabay na ito.

---

## **Paano gumagana ang inyong plano**

Ang HPSM ay isang pinamamahalaang plano sa pangangalagang pangkalusugan na may kontrata sa DHCS. Nakikipagtulungan ang HPSM sa mga doktor, ospital, at iba pang tagabigay ng serbisyo sa pinagseserbisyuhang lugar ng HPSM para makapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan para sa aming mga miyembro. Bilang miyembro ng HPSM, puwede kayong maging kuwalipikado para sa ilang serbisyong



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

ibinigay sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Kabilang dito ang mga inireresetang gamot para sa mga pasyenteng hindi namamalagi sa ospital, mga gamot na hindi kailangan ng reseta, at ilang medikal na supply sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Sasabihan kayo ng Mga Serbisyo para sa Miyembro kung paano magamit ang HPSM, paano makuha ang pangangalagang kailangan ninyo, paano pumili ng Tagabigay ng Serbisyo sa Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP), paano magtakda ng mga appointment sa tagabigay ng serbisyo sa loob ng mga oras ng opisina, paano humiling ng mga libreng serbisyo sa interpretasyon at pagsasalin o nakasulat na impormasyon sa mga alternatibong format, at paano alamin kung kuwalipikado kayo para sa mga serbisyo ng transportasyon.

Para alamin ang higit pa, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Makikita rin ninyo ang impormasyon tungkol sa Mga Serbisyo para sa Miyembro online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal).

---

## Pagbabago ng mga planong pangkalusugan

Puwede kayong umalis sa HPSM at sumali sa ibang planong pangkalusugan sa county kung saan kayo nakatira kahit kailan kung may ibang planong pangkalusugan na available. Para pumili ng bagong plano, tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 7-1-1). Puwede kayong tumawag mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Lunes hanggang Biyernes, o pumunta sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.

Inaabot ito nang hanggang 30 araw o higit pa para maproseso ang inyong kahilingain na umalis sa HPSM at mag-enroll sa iba pang plano sa inyong county. Para malaman ang katayuan ng inyong kahilingan, tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 7-1-1).

Kung gusto ninyong umalis sa HPSM nang mas maaga, puwede kayong tumawag sa Health Care Options para humiling ng pinabilis (mabilis) na pagkakatanggal mula sa pagkaka-enroll.

Ang mga miyembrong makakahiling ng pinabilis na pagkakatanggal mula sa pagkaka-enroll ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga batang nakakakuha ng mga serbisyo sa ilalim ng mga programa ng Foster Care (nasa pangangalaga ng gobyerno) o Tulong sa Pag-ampon, mga miyembrong may mga pangangailangan sa espesyal na pangangalaga sa kalusugan, at mga miyembrong naka-enroll na sa Medicare o iba



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

pang Medi-Cal o komersyal na plano para sa pinamamahalaang pangangalaga sa kalusugan.

Puwede ninyong hilinging umalis sa HPSM sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa inyong lokal na opisina ng county. Hanapin ang inyong lokal na opisina sa:  
<http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

O tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 7-1-1).

---

## Mga estudyante na lumipat sa ibang county o umalis sa California

Puwede kayong kumuha ng pang-emergency na pangangalaga at agarang pangangalaga kahit saan sa United States, kabilang ang Mga Teritoryo ng United States. Sakop din ang mga regular at pang-agap na pangangalaga, pero sa loob lang ng tinitirhan ninyong county. Kung kayo ay isang estudyanteng lumipat sa ibang county sa California para pumasok sa mas mataas na antas ng edukasyon, kabilang ang kolehiyo, sasakupin ng HPSM ang mga serbisyo sa emergency room at agarang pangangalaga sa inyong bagong county. Puwede rin kayong makatanggap ng karaniwan o pang-agap na pangangalaga sa inyong bagong county, pero kailangan ninyong abisuhan ang HPSM. Magbasa pa sa ibaba.

Kung naka-enroll kayo sa Medi-Cal at estudyante kayo sa county na iba sa county ng California kung saan kayo nakatira, hindi na ninyo kailangang mag-aplay sa Medi-Cal sa county na iyon.

Kung pansamantala kayong aalis sa inyong tirahan para maging estudyante sa ibang county sa California, may dalawa kayong mapagpipilian. Maaari kayong:

- Magsabi sa inyong manggagawa sa pagiging kuwalipikado sa Ahensiya ng Serbisyong Pantao ng San Mateo County na pansamantala kayong aalis para mag-aral sa paaralan ng mas mataas na edukasyon at ibigay sa kanila ang inyong address sa bagong county. Babaguhin ng county ang mga rekord ng kaso sang-ayon sa inyong bagong address at county code. Dapat ninyong gawin ito kung gusto ninyong patuloy na makatanggap ng karaniwan o pang-agap na pangangalaga habang nakatira kayo sa ibang county. Kung hindi nagseserbisyo ang HPSM sa county kung saan kayo nagkokolehiyo, baka kailanganin ninyong magpalit ng mga planong pangkalusugan. Sa San Mateo County lang naghahatid ng serbisyo ang HPSM. Para sa mga tanong at para maiwasan ang pagkaantala sa pagsali sa bagong planong pangkalusugan, tawagan ang Health Care Options sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 7-1-1).

### O

- Kung hindi nagseserbisyo ang HPSM sa county kung saan kayo nagkokolehiyo, at hindi ninyo papalitan ang inyong planong pangkalusugan sa planong nagserbisyo sa county na iyon, mga serbisyo sa emergency room at agarang pangangalaga lang sa ilang kondisyon ang matatanggap ninyo sa bagong county. Para matuto pa, basahin ang Kabanata 3, “Paano makakuha ng pangangalaga” sa aklat-gabay na ito. Para sa palagian o pang-agap na pangangalaga sa kalusugan, kailangang gamitin ninyo ang samahan ng mga tagabigay ng serbisyo ng HPSM na nasa San Mateo County.

Kung pansamantala kayong aalis sa California para maging estudyante sa ibang estado at gusto ninyong panatilihin ang inyong pagkakasakop sa Medi-Cal, kontakin ang inyong manggagawa sa pagiging kuwalipikado sa Ahensiya ng Serbisyong Pantao ng San Mateo County. Hangga’t kuwalipikado kayo, sasakupin ng Medi-Cal ang pang-emergency na pangangalaga at agarang pangangalaga sa ibang estado. Sasakupin din ng Medi-Cal ang pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico.

Ang mga regular at pang-agap na serbisyo sa pangangalaga ay hindi sakop kapag nasa labas kayo ng California. Hindi kayo magiging kuwalipikado para sa pagkakasakop sa medikal na benepisyo ng Medi-Cal para sa mga serbisyo sa labas ng estado. Hindi magbabayad ang HPSM para sa inyong pangangalaga sa kalusugan. Kung gusto ninyo ng Medicaid sa ibang estado, kakailanganin ninyong mag-apply sa estadong iyon. Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang pang-emergency na serbisyo, agarang serbisyo, o anupamang serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan sa labas ng United States, maliban sa pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico ayon sa nakasaad sa Kabanata 3.

Limitado ang mga benepisyo sa parmasya sa labas ng estado sa hanggang 14 araw na pang-emergency na supply kung ang mga pagkaantala ang magiging dahilan para hindi matuloy ang isang medikal na kinakailangang serbisyo. Para sa higit pang tulong, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 o bisitahin sila online sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

---

# Pagpapatuloy sa pangangalaga

## Pagpapatuloy sa Pangangalaga para sa Tagabigay ng Serbisyo na nasa labas ng samahan

Bilang miyembro ng HPSM, makukuha ninyo ang inyong pangangalaga sa kalusugan mula sa mga tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan ng HPSM. Para malaman kung nasa samahan ng HPSM ang isang tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, basahin ang Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ng HPSM. Makikita ninyo online ang Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ng HPSM sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal). Posibleng wala sa samahan ng HPSM ang mga tagabigay ng serbisyo na hindi nakalista sa direktoryo.

Sa ilang pagkakataon, baka puwede kayong makatanggap ng pangangalaga sa mga tagabigay ng serbisyo na wala sa samahan ng HPSM. Kung kinakailangan ninyong palitan ang inyong planong pangkalusugan o lumipat sa isang pinamamahalaang pangangalaga mula sa FFS Medi-Cal, o kung mayroon kayong tagabigay ng serbisyo na dating nasa samahan pero ngayon ay nasa labas na ng samahan ng HPSM, baka magawa ninyong panatilihin ang inyong tagabigay ng serbisyo kahit na wala sila sa samahan ng HPSM. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga.

Kung kailangan ninyong makakuha ng pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan, tumawag sa HPSM para humiling ng pagpapatuloy sa pangangalaga. Posibleng magamit ninyo ang pagpapatuloy sa pangangalaga sa loob ng hanggang 12 buwan o higit pa kung mangyayari ang lahat ng sumusunod:

- Mayroon kayong kasalukuyang ugnayan sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan bago kayo mag-enroll sa HPSM.
- Nagpatingin kayo sa tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan para sa isang hindi pang-emergency na pagbisita nang kahit man lang isang beses sa loob ng 12 buwan bago kayo nag-enroll sa HPSM.
- Handa ang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan na makipagtulungan sa HPSM at sumasang-ayon ito sa mga itinatakda sa kontrata at kabayaran para sa mga serbisyo ng HPSM.
- Natutugunan ng tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan ang mga propesyonal na pamantayan ng HPSM.
- Naka-enroll at nakikilahok ang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan sa programang Medi-Cal.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

Para matuto pa, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Kung hindi sasali ang inyong mga tagabigay ng serbisyo sa samahan ng HPSM hanggang sa katapusan ng 12 buwan, kung hindi sila sang-ayon sa mga rate ng pagbabayad ng HPSM, o kung hindi nila natutugunan ang mga itinatakda sa kalidad ng pangangalaga, kakailanganin ninyong lumipat sa tagabigay ng serbisyo na nasa samahan ng HPSM. Para talakayin ang mga opsiyon ninyo, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Hindi kinakailangan ng HPSM na magbigay ng pagpapatuloy sa pangangalaga para sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan para sa ilang partikular na karagdagang (pansuportang) serbisyo tulad ng radiology, laboratoryo, mga dialysis center, o transportasyon. Makukuha ninyo ang mga serbisyong ito sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa samahan ng HPSM.

Para matuto pa tungkol sa pagpapatuloy sa pangangalaga at alamin kung kuwalipikado kayo, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro.

### **Pagkumpleto sa mga sakop na serbisyo mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan**

Bilang miyembro ng HPSM, makukuha ninyo ang inyong mga sakop na serbisyo mula sa mga tagabigay ng serbisyo na nasa samahan ng HPSM. Kung ginagamot kayo para sa ilang partikular na kalagayan ng kalusugan sa panahong nag-enroll kayo sa HPSM o sa panahong umalis ang inyong tagabigay ng serbisyo sa samahan ng HPSM, posibleng makatanggap pa rin kayo ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan.

Posibleng maipagpatuloy ninyo ang pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan sa loob ng isang partikular na yugto ng panahon kung kailangan ninyo ng mga sakop na serbisyo para sa mga kalagayan ng kalusugan na ito:

| <b>Kalagayan ng kalusugan</b>                                                                        | <b>Yugto ng panahon</b>                                                   |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------|
| Mga matindi o acute na kondisyon (isang medikal na isyu na nangangailangan ng mabilis na atensiyon). | Hangga't nariyan ang inyong matindi o acute na kondisyon.                 |
| Mga seryosong hindi gumagaling na kondisyon ng katawan at pag-uugali                                 | Sa loob ng hanggang 12 buwan mula sa simula ng pagkakasakop o sa petsa ng |



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

|                                                                                                                                                                                                                                                                                                              |                                                                                                                                                                                                                                            |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| (isang seryosong isyu sa pangangalaga sa kalusugan na matagal na kayong mayroon).                                                                                                                                                                                                                            | pagtatapos ng kontrata ng tagabigay ng serbisyo sa HPSM.                                                                                                                                                                                   |
| Pagbubuntis at pangangalaga makalipas na manganak (pagkapanganak).                                                                                                                                                                                                                                           | Sa panahon ng inyong pagbubuntis at sa loob ng hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis.                                                                                                                                                |
| Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina.                                                                                                                                                                                                                                                                    | Sa loob ng hanggang 12 buwan mula sa pagtukoy (diagnosis) sa sakit o mula sa pagtatapos ng pagbubuntis, alinman ang huling mangyayari.                                                                                                     |
| Pangangalaga sa sanggol mula pagkasilang hanggang maging 36 na buwang gulang.                                                                                                                                                                                                                                | Sa loob ng hanggang 12 buwan mula sa petsa ng pagsisimula ng pagkakasakop o petsa ng pagtatapos ng kontrata ng tagabigay ng serbisyo sa HPSM.                                                                                              |
| Sakit na wala nang lunas (isang nakamamatay na medikal na isyu).                                                                                                                                                                                                                                             | Hangga't nariyan ang sakit ninyo. Puwede pa rin kayong makatanggap ng mga serbisyo sa loob ng mahigit 12 buwan mula sa petsa kung kailan kayo nag-enroll sa HPSM o sa oras na humintong makipagtulungan sa HPSM ang tagabigay ng serbisyo. |
| Pagsasagawa ng operasyon o iba pang medikal na procedure mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan hangga't ito ay sakop, medikal na kinakailangan, at inawtorisahan ng HPSM bilang bahagi ng dokumentadong kurso ng paggamot at inirekomenda at isinadokumento ng tagabigay ng serbisyo. | Dapat gawin ang operasyon o iba pang medikal na procedure sa loob ng 180 araw pagkalipas ng petsa ng pagtatapos ng kontrata ng tagabigay ng serbisyo o 180 araw mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng inyong pagpapa-enroll sa HPSM.     |

Para sa iba pang kondisyon na posibleng maging kuwalipikado, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro.

Kung ayaw nang ituloy ng tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan ang pagbibigay ng serbisyo o kung hindi siya pumayag sa mga itinatakda ng kontrata ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

HPSM, pagbabayad, o iba pang panuntunan para sa pagbibigay ng pangangalaga ng HPSM, hindi kayo makakatanggap ng patuloy na pangangalaga mula sa tagabigay ng serbisyo. Puwedeng patuloy kayong makatanggap ng mga serbisyo mula sa ibang tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan ng HPSM.

Para sa tulong sa pagpili ng nakakontratang tagabigay ng serbisyo para ipagpatuloy ang inyong pangangalaga o kung mayroon kayong mga tanong o problema sa pagkuha ng mga sakop na serbisyo mula sa isang tagabigay ng serbisyo na wala na sa samahan ng HPSM, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Hindi kailangan ng HPSM na magbigay ng pagpapatuloy sa pangangalaga para sa mga serbisyong hindi sakop ng Medi-Cal o mga serbisyong hindi sakop sa ilalim ng kontrata ng HPSM sa DHCS. Para matuto pa tungkol sa pagpapatuloy sa pangangalaga, pagiging kuwalipikado, at mga magagamit na serbisyo, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro.

---

## Mga Gastusin

### Mga gastusin ng miyembro

Nagseserbisyo ang HPSM sa mga taong kuwalipikado sa Medi-Cal. Sa karamihan ng mga pagkakataon, hindi kailangan ng mga miyembro ng HPSM na magbayad para sa mga sakop na serbisyo, premium (hulog sa insurance), o deductible (halagang dapat munang bayaran ng nakaseguro bago magbayad ang kompanya ng insurance).

Kung kayo ay isang American Indian, hindi ninyo kailangang bayaran ang mga bayarin para sa pagpapa-enroll, mga premium (hulog sa insurance), mga deductible (halagang dapat munang bayaran ng nakaseguro bago magbayad ang kompanya ng insurance), mga co-pay, cost sharing (pagtutulungan sa kabayaran), o iba pang katulad na pagsingil. Hindi dapat singilin ng HPSM ang sinumang miyembrong American Indian na direktang kumukuha ng item o serbisyo mula sa isang IHCP o sa pamamagitan ng isang referral sa isang IHCP o bawasan ang mga dapat bayaran sa isang IHCP ng halaga ng anumang bayarin sa pagpapa-enroll, premium (hulog sa insurance), deductible (halagang dapat munang bayaran ng nakaseguro bago magbayad ang kompanya ng insurance), copayment, cost sharing (pagtutulungan sa kabayaran), o katulad na pagsingil.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

Kung naka-enroll kayo sa Programa sa Inisyatiba sa Kalusugan ng Mga Bata sa County (County Children's Health Initiative Program, CCHIP) sa mga county ng Santa Clara, San Francisco, o San Mateo o kung naka-enroll kayo sa Medi-Cal para sa Mga Pamilya (Medi-Cal for Families), posibleng may buwanan kayong premium (hulog sa insurance) at mga co-pay.

Maliban sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga na nasa labas ng pinaglilingkurang lugar ng HPSM, o sensitibong pangangalaga, dapat kayong kumuha ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) mula sa HPSM bago kayo magpatingin sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan ng HPSM. Kung hindi kayo kumuha ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) at pumunta kayo sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan para sa hindi pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga sa labas ng pinaglilingkurang lugar, o pangangalagang sensitibo, posibleng kailangan ninyong magbayad para sa pangangalaga mula sa tagabigay ng serbisyo iyon. Para sa listahan ng mga sakop na serbisyo, basahin ang Kabanata 4, "Mga Benepisyo at serbisyo," sa aklat-gabay na ito. Puwede rin ninyong mahanap ang Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo sa website ng HPSM sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal).

### **Para sa mga miyembrong may matagalang pangangalaga at Buwanang Gastos bilang Residente**

Posibleng kailangan ninyong magbayad ng Buwanang Gastos bilang Residente (pagtutulungan sa kabayaran) kada buwan para sa inyong mga serbisyo sa matagalang pangangalaga. Ang halaga ng inyong Buwanang Gastos bilang Residente ay depende sa inyong kita. Magbabayad kayo ng inyong mga singil sa pangangalaga sa kalusugan kada buwan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga singil sa matagalang pangangalaga, hanggang sa maging katumbas na ng inyong Buwanang Gastos bilang Residente ang nabayaran ninyo. Pagkatapos niyan, sasakupin ng HPSM ang inyong matagalang pangangalaga para sa buwang iyon. Hindi kayo masasakop ng HPSM hangga't hindi pa ninyo nababayaran ang inyong buong Buwanang Gastos bilang Residente para sa matagalang pangangalaga para sa buwang iyon.

### **Paano nababayaran ang isang tagabigay ng serbisyo**

Binabayaran ng HPSM ang mga tagabigay ng serbisyo sa ganitong mga paraan:

- Mga capitation payment (hindi nagbabagong halaga)
  - Binabayaran ng HPSM ang ilang tagabigay ng serbisyo ng nakatakdang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

halaga kada buwan para sa bawat miyembro ng HPSM. Capitation payment (hindi nagbabagong halaga) ang tawag dito. Nagtutulungan ang HPSM at ang mga tagabigay ng serbisyo para magpasya sa halaga ng bayad.

- Mga FFS na pagbabayad
  - Nagbibigay ng pangangalaga ang ilang tagabigay ng serbisyo sa mga miyembro ng HPSM at pinapadalhan nila ng singil ang HPSM para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong FFS na pagbabayad. Nagtutulungan ang HPSM at mga tagabigay ng serbisyo para mapagdesisyonan kung magkano ang bawat serbisyo.

Para alamin pa kung paano binabayaran ng HPSM ang mga tagabigay ng serbisyo, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Madaragdagan ng bayad ang tagabigay ng serbisyo para sa pagbibigay ng ilang uri ng pangangalaga at pagpapanatiling malusog sa kanilang mga miyembro. Bayad sa Pagganap (Pay for Performance) ang tawag dito. Para matuto pa tungkol sa programang Pay for Performance ng HPSM, pumunta sa [www.hpsm.org/provider/incentive-payments/incentive-payments-for-primary-care-providers](http://www.hpsm.org/provider/incentive-payments/incentive-payments-for-primary-care-providers).

### **Kung makatanggap kayo ng singil mula sa tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan**

Ang mga sakop na serbisyo ay mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan na dapat bayaran ng HPSM. Kapag may natanggap kayong singil para sa anumang sakop na serbisyo ng Medi-Cal, huwag bayaran ang singil. Tawagan kaagad sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Tutulungan kayo ng HPSM na alamin kung tama ang singil.

Kung makatanggap kayo ng singil mula sa isang parmasya para sa isang inireresetang gamot, mga supply, o mga supplement, tumawag sa Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273, 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Puwedeng gamitin ng mga user ng TTY ang opsyon 7 o puwede silang tumawag sa 7-1-1. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

### **Paghiling sa HPSM na bayaran kayo para sa mga nagastos**

Kung nagbayad kayo para sa mga serbisyo na natanggap na ninyo, maaari kayong maging kuwalipikadong ma-reimburse (maibalik ang ibinayad ninyo) kung matutugunan ninyo ang **lahat** ng sumusunod na kondisyong ito:



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

- Ang natanggap na serbisyo ay isang sakop na serbisyo na responsibilidad na bayaran ng HPSM. Hindi kayo ire-reimburse ng HPSM para sa isang serbisyo na hindi sakop ng HPSM.
- Mayroon kayo ng sakop na serbisyo habang kayo ay kuwalipikadong miyembro ng HPSM.
- Hiniling ninyo na mabayaran kayo sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kailan ninyo natanggap ang sakop na serbisyo.
- Nagpakita kayo ng pruwera na nabayaran ninyo, o ng ibang tao para sa inyo, ang sakop na serbisyo, gaya ng isang detalyadong resibo mula sa tagabigay ng serbisyo.
- Natanggap ninyo ang sakop na serbisyo mula sa isang tagabigay ng serbisyo na naka-enroll sa Medi-Cal na nasa samahan ng HPSM. Hindi ninyo kailangang matugunan ang kondisyong ito kung ang natanggap ninyo ay mga pang-emergency na pangangalaga, mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, o iba pang serbisyong pinapayagan ng Medi-Cal na isagawa ng mga tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan nang hindi nangangailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon).
- Kung karaniwang nangangailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) ang sakop na serbisyo, kailangan ninyong magbigay ng pruwera mula sa tagabigay ng serbisyo na nagpapakita ng medikal na pangangailangan para sa sakop na serbisyo.

Ipapaalam sa inyo ng HPSM kung ire-reimburse nila kayo sa isang liham na tinatawag na Abiso ng Aksiyon (Notice of Action, NOA). Kung matutugunan ninyo ang lahat ng kondisyon sa itaas, dapat kayong bayaran ng tagabigay ng serbisyo na naka-enroll sa Medi-Cal para sa buong halagang ibinayad ninyo. Kung tumanggi ang tagabigay ng serbisyo na ibalik sa inyo ang ibinayad ninyo, ang HPSM ang magbabayad sa inyo para sa buong halagang ibinayad ninyo.

Kung naka-enroll ang tagabigay ng serbisyo sa Medi-Cal, pero wala siya sa samahan ng HPSM at ayaw niya kayong bayaran, babayaran kayo ng HPSM, pero hanggang sa halaga lang na babayaran ng FFS Medi-Cal. Babayaran kayo nang buo ng HPSM para sa buong ginastos mula sa bulsa para sa pang-emergency na pangangalaga, mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, o iba pang serbisyong pinapayagan ng Medi-Cal na isagawa ng mga tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan nang hindi nangangailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon). Kung hindi ninyo matutugunan ang isa sa mga kondisyon sa itaas, hindi kayo babayaran ng HPSM.

Hindi kayo babayaran ng HPSM kung:

- Humingi at nabigyan kayo ng mga serbisyong hindi sakop ng Medi-Cal, tulad ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 2 Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

mga serbisyong kosmetiko.

- Ang serbisyo ay hindi sakop na serbisyo para sa HPSM.
- May hindi kayo nabayaranang Buwanang Gastos bilang Residente sa Medi-Cal.
- Nagpunta kayo sa doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pumirma sa form na nagsasaad na gusto pa rin ninyong kumonsulta doon at kayo ang magbabayad ng mga serbisyo.
- Mayroon kayong Medicare Part D, mga co-pay para sa mga reseta na sakop ng inyong Medicare Part D na plano.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

---

# 3. Paano makakakuha ng pangangalaga

---

## Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan

**PAKIBASA NANG MABUTI ANG MGA SUMUSUNOD NA IMPORMASYON UPANG MALAMAN NINYO KUNG MULA KANINO O KUNG ANONG GRUPO NG MGA TAGABIGAY NG SERBISYO NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN ANG PUWEDENG MAKUHA.**

Puwede kayong magsimulang tumanggap ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagpapa-enroll sa HPSM. Palaging dalhin ang inyong HPSM Identification (ID) card, Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC), at anumang iba pang card ng insurance sa kalusugan na mayroon kayo. Huwag kailanman ipagamit sa iba ang inyong BIC card o HPSM ID card.

Ang mga bagong miyembro na may pagkakasakop lang ng Medi-Cal ay dapat pumili ng tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) sa samahan ng HPSM. Hindi kailangang pumili ng PCP ng mga bagong miyembro na may parehong Medi-Cal at komprehensibong iba pang pagkakasakop na pangkalusugan.

Ang samahan ng HPSM Medi-Cal ay grupo ng mga doktor, ospital at iba pang tagabigay ng serbisyo na nakikipagtulungan sa HPSM. Kung Medi-Cal lang ang pagkakasakop ninyo, dapat kayong pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula nang maging miyembro kayo ng HPSM. Kung hindi kayo pipili ng PCP, ipipili kayo ng HPSM.

Puwede ninyong piliin ang parehong PCP o ibang PCP para sa lahat ng kapamilya sa HPSM hangga't puwede ang PCP.

Kung may doktor na gusto ninyong manatili sa inyo, o kung gusto ninyo ng bagong PCP, pumunta sa Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo para sa isang listahan ng lahat ng PCP at iba pang tagabigay ng serbisyo na nasa samahan ng HPSM. May iba pang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

impormasyon sa Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo na makatutulong sa inyo sa pagpili ng PCP. Kung kailangan ninyo ng Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Puwede rin ninyong mahanap ang Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo sa website ng HPSM sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Kung hindi ninyo makuha ang pangangalagang kailangan ninyo mula sa isang lumalahok na tagabigay ng serbisyo sa samahan ng HPSM, dapat humingi ang inyong PCP o espesyalista na nasa samahan ng HPSM sa HPSM ng aprobasyon na maipadala kayo sa tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan. Ito ay tinatawag na isang referral. Hindi ninyo kailangan ng referral para pumunta sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan para makatanggap ng mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga na nakasaad sa ilalim ng heading na “Sensitibong pangangalaga” sa mga susunod na bahagi ng kabanatang ito.

Basahin ang ibang bahagi ng kabanatang ito para alamin pa ang tungkol sa mga PCP, Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo at samahan ng tagabigay ng serbisyo.

**Nagbibigay ang programang Medi-Cal Rx sa mga pasyenteng hindi namamalagi sa ospital ng pagkakasakop sa inireresetang gamot. Para matuto pa, basahin ang seksiyong “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4 ng aklat-gabay na ito.**

---

## Tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (Primary care provider, PCP)

Ang inyong tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) ay ang lisensiyadong tagabigay ng serbisyo na pinupuntahan ninyo para sa karamihan ng inyong pangangalaga sa kalusugan. Tinutulungan kayo ng inyong PCP na makakuha ng iba pang uri ng pangangalagang kailangan ninyo. Dapat kayong pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula nang magpa-enroll sa HPSM. Depende sa inyong edad at kasarian, puwede kayong pumili ng pangkalahatang practitioner, OB/GYN, practitioner ng pamilya, internista (espesyalista sa pagsusuri at paggamot ng mga sakit ng nasa hustong gulang) o pediatrician (espesyalista sa mga sakit ng bata) bilang inyong PCP.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### 3 | Kung paano makakukuha ng pangangalaga

Puwede ring magsilbing PCP ninyo ang nurse practitioner (NP), katulong ng doktor (physician assistant, PA), o sertipikadong komadronang nurse (certified nurse midwife). Kapag pumili kayo ng isang NP, PA o sertipikadong komadronang nurse, puwedeng magtalaga sa inyo ng isang doktor na mangangasiwa sa pangangalaga sa inyo. Kung kasali kayo sa Medicare at sa Medi-Cal, o kung may iba pa kayong komprehensibong insurance sa pangangalaga sa kalusugan, hindi ninyo kailangang pumili ng PCP.

Puwede kayong pumili ng isang Tagabigay ng Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa mga Indian (Indian Health Care Provider, IHCP), Sentrong Pangkalusugan na Kuwalipikado ng Pederal na Gobyerno (Federally Qualified Health Center, FQHC), o Klinikang Pangkalusugan na Malayo sa Kalunsuran (Rural Health Clinic, RHC) bilang inyong PCP. Depende sa uri ng tagabigay ng serbisyo, posibleng makapili kayo ng isang PCP para sa inyong sarili at sa iba pa ninyong kapamilya na mga miyembro ng HPSM, hangga't puwede ang PCP.

**Tandaan:** Puwedeng pumili ang mga American Indian ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa samahan ng HPSM ang IHCP.

Kung hindi kayo pumili ng isang PCP sa loob ng 30 araw pagkatapos magpa-enroll, magtatalaga para sa inyo ang HPSM ng isang PCP. Kung nabigyan kayo ng PCP at gusto ninyo ng iba, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Mangyayari ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Ang inyong PCP ang:

- Aalam sa inyong kasaysayan ng kalusugan at mga pangangailangan
- Magtatago sa inyong mga rekord ng kalusugan
- Magbibigay sa inyo ng pang-agap sa sakit at regular na pangangalaga ng kalusugan na kailangan ninyo
- Maire-refer kayo sa espesyalista kung kailangan ninyo
- Magsasaayos ng pangangalaga sa ospital kung kailangan ninyo

Hindi kailangan ng ilang miyembro ng HPSM ng itinalagang PCP at itinuturing sila na "Mga Espesyal na Miyembro". Halimbawa, ang mga miyembro na may pagkakasakop ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan sa iba pang insurance carrier o, Medicare (maliban sa mga miyembro ng CareAdvantage Special Needs Plan), ay hindi itinatalaga sa isang PCP.

Kung kayo ay bumabalik na miyembro ng HPSM at hindi kayo pumili ng PCP, awtomatikong itatalaga ang inyong dating PCP kung itinalaga kayo sa PCP na iyon sa nakaraang labindalawang (12) buwan.

Puwede ninyong tingnan ang Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo para makahanap ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

PCP sa mga samahan ng HPSM. Ang Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ay may listahan ng mga IHCP, FQHC at RHC na nakikipagtulungan sa HPSM.

Makikita ninyo online ang Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ng HPSM sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal), o makakahiling kayong mapadalhan ng isang Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo sa pagtawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Puwede rin kayng tumawag para malaman kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang gusto ninyong PCP.

#### **Mapagpipilian na mga doktor at iba pang mga tagabigay ng serbisyo**

Kayo ang talagang nakaaalam ng inyong mga kailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamabuti na kayo ang pumili ng inyong PCP. Pinakamabuti na manatili sa isang PCP para malaman niya ang inyong mga kailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayon pa man, kung gusto ninyong lumipat sa bagong PCP, puwede kayong magpalit sa anumang oras. Kailangang pumili kayo ng PCP na kabilang sa samahang tagabigay ng serbisyo ng HPSM at tumatanggap ng bagong pasyente.

Ang bagong pili ninyo ang magiging PCP ninyo sa unang araw ng susunod na buwan pagkaraan ninyong magbago.

Para magbago ng inyong PCP, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Mapapalitan din ninyo ang inyong PCP sa pamamagitan ng paggamit ng HPSM Member Portal sa [www.hpsm.org/member-portal-login](http://www.hpsm.org/member-portal-login).

Puwedeng baguhin ng HPSM ang inyong PCP kung ang PCP ay hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente, umalis sa samahan ng HPSM, hindi nagbibigay ng serbisyo sa pangangalaga sa mga pasyenteng kaedad ninyo, o kung may mga alalahanin sa kalidad sa PCP na hindi pa nalulutas. Puwede ring humiling ang HPSM o ang inyong PCP na lumipat kayo sa bagong PCP kung hindi ninyo makasundo o makasang-ayon ang inyong PCP, o kung hindi kayo nakapunta o huli sa mga appointment. Kung kailangang palitan ng HPSM ang inyong PCP, ipapaalam ito sa inyo ng HPSM sa sulat.

Kung napalitan ang PCP ninyo, makakatanggap kayo ng liham mula sa HPSM tungkol sa pagkumpirma sa pagpapalit ng PCP. Maglalaman ito ng impormasyon tungkol sa bago ninyong PCP. Tumawag sa mga Serbisyo para sa Miyembro kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagkuha ng pagbabago sa PCP.

Ilang mga bagay na dapat isipin tungkol sa pagpili ng PCP:

- Ang PCP ba ay nangangalaga ng mga bata?



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Nagtatrabaho ba ang PCP sa klinika na gusto kong gamitin?
- Malapit ba sa aking bahay, trabaho, o sa paaralan ng aking mga anak ang opisina ng PCP?
- Malapit ba ang opisina ng PCP kung saan ako nakatira at madali bang makapunta sa opisina ng PCP?
- Nagsasalita ba sa wika ko ang mga doktor at kawani?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa ospital na gusto ko?
- Ibinibigay ba ng PCP ang mga serbisyong kailangan ko?
- Angkop ba sa aking iskedyul ang mga oras ng opisina ng PCP?
- Nakikipagtulungan ba ang PCP sa mga espesyalistang ginagamit ko?

### **Inisyal na Appointment sa Kalusugan (Initial Health Appointment, IHA)**

Inirerekomenda ng HPSM na, bilang mga bagong miyembro, kumonsulta kayo sa inyong bagong PCP sa loob ng unang 120 araw para sa inyong unang appointment para sa kalusugan, na tinatawag na Inisyal na Appointment sa Kalusugan (Initial Health Appointment, IHA). Layunin ng unang appointment para sa kalusugan na tulungan ang inyong PCP na malaman ang inyong kasaysayan ng pangangalaga sa kalusugan at mga pangangailangan. Posibleng tanungin kayo ng inyong PCP tungkol sa kasaysayan ng inyong kalusugan o hilingin sa inyong sumagot ng questionnaire. Sasabihan din kayo ng inyong PCP tungkol sa pagpapayo at mga klase para sa edukasyong pangkalusugan na makatutulong sa inyo.

Kapag tumawag kayo para maiskedyul ang inyong unang appointment para sa kalusugan, sabihin sa taong sasagot sa telepono na miyembro kayo ng HPSM. Ibigay ang inyong numero ng HPSM ID.

Dalhin ang inyong Medi-Cal BIC card, HPSM ID card, at anupamang card ng insurance sa kalusugan sa inyong appointment. Magandang idea na magdala ng listahan ng inyong mga gamot at katanungan sa inyong pagbisita. Maging handa na kausapin ang inyong PCP tungkol sa inyong mga pangangailangan at alalahanain sa pangangalaga ng kalusugan.

Tiyakin na tawagan ang opisina ng PCP ninyo kung mahuhuli kayo ng dating o hindi makapupunta sa pakikipagkita.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong unang appointment para sa kalusugan, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

### **Regular na pangangalaga**

Ang routine na pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### 3 | Kung paano makakukuha ng pangangalaga

dito ang pangangalaga para maiwasan ang sakit, na tinatawag ding wellness (kagalingan ng katawan at isip) o well care (pangangalaga para sa kagalingan ng katawan at isip). Tumutulong itong mapanatili kayong malusog o nailalayo kayo sa pagkakasakit. Kabilang sa pang-agap na pangangalaga ang mga regular na check-up, pag-eeksamen, mga bakuna, edukasyong pangkalusugan, at pagpapayo.

Inirerekomenda ng HPSM na kumuha, lalo na ang mga bata, ng regular at pang-agap na pangangalaga. Puwedeng kunin ng mga miyembro ng HPSM ang lahat ng inirerekomendang maagang serbisyo para sa pang-agap sa sakit na inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics at ng Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid (Centers for Medicare & Medicaid Services). Kasama sa mga pag-eeksamen na ito ang pag-eeksamen sa pandinig at paningin, na makakatulong na tiyakin ang malusog na pag-develop at pagkatuto. Para sa isang listahan ng mga serbisyong inirerekomenda ng pediatrician (espesyalista sa mga sakit ng bata), basahin ang mga patnubay na “Bright Futures” mula sa American Academy of Pediatrics sa [https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf).

Kasama rin sa regular na pangangalaga ang pangangalaga kapag mayroon kayong sakit. Sakop ng HPSM ang regular na pangangalaga mula sa inyong PCP.

Ang inyong PCP ang:

- Magbibigay sa inyo ng karamihan ng inyong regular na pangangalaga, kabilang na ang regular na check-up, mga bakuna (mga iniksiyon), paggamot, mga reseta, mga inaatas na pag-eeksamen, at payong medikal.
- Magtatago sa inyong mga rekord ng kalusugan.
- Mai-refer kayo sa mga espesyalista kung kailangan.
- Mag-oorder ng mga X-ray, mammogram o lab work kung kailangan ninyo.

Kung kailangan ninyo ng regular na pangangalaga, tawagan ninyo ang inyong PCP para sa pakikipagkita. Siguraduhing tawagan ang inyong PCP bago kumuha ng pangangalagang medikal para sa inyo maliban na lamang kung emergency ito. Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **9-1-1** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.

Para matuto pa tungkol sa pangangalaga sa kalusugan at mga serbisyong sakop ng HPSM, at kung ano ang hindi nito sinasakop, basahin ang Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo,” at Kabanata 5, “Pangangalaga sa mga bata at kabataan,” sa aklat-gabay na ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Makakagamit ang lahat ng tagabigay ng serbisyo na nasa samahan ng HPSM ng mga pantulong at serbisyo para makipag-usap sa mga taong may mga kapansanan. Puwede rin silang makipag-usap sa inyo sa ibang wika o format. Sabihin sa inyong tagabigay ng serbisyo o sa HSPM kung ano ang kailangan ninyo.**

## Samahan ng mga tagabigay ng serbisyo (provider network)

Ang samahan ng mga tagabigay ng serbisyo ng Medi-Cal ay ang grupo ng mga doktor, ospital, at ibang tagabigay ng serbisyo na nakikipagtulungan sa HPSM para maibigay ang mga sakop na serbisyo ng Medi-Cal sa mga miyembro ng Medi-Cal.

Isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng kalusugan ang HPSM. Dapat ninyong kunin ang karamihan sa inyong mga sakop na serbisyo sa pamamagitan ng HPSM mula sa aming mga tagabigay ng serbisyo na nasa samahan. Puwede kayong pumunta sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan nang walang referral o paunang aprobasyon para sa pang-emergency na pangangalaga o para sa mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya. Puwede rin kayong pumunta sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan para sa isang agarang pangangalaga sa labas ng pinagseserbisyuhang lugar kapag nasa lugar kayo na hindi namin hinahatiran ng serbisyo. Dapat ay mayroon kayong referral o paunang aprobasyon para sa lahat ng iba pang serbisyo na nasa labas ng samahan, o hindi sasakupin ang mga ito.

**Tandaan:** Puwedeng pumili ang mga American Indian ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa samahan ng HPSM ang IHCP.

Kung ayaw kayong bigyan ng inyong PCP, ospital, o iba pang tagabigay ng serbisyo ng isang sakop na serbisyo dahil sa moral na pagtanggì, tulad ng pagpapalano ng pamilya o pagpapalaglag, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Para sa higit pa tungkol sa mga moral na pagtanggì, basahin ang “Moral na pagtanggì” sa huling bahagi ng kabanata na ito.

Kung ayaw kayong bigyan ng mga sakop na serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan ng inyong tagabigay ng serbisyo nang dahil sa moral na pagtanggì, matutulungan kayo nitong maghanap ng ibang tagabigay ng serbisyo na magbibigay sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

inyo ng mga serbisyong kailangan ninyo. Matutulungan din kayo ng HPSM na makahanap ng tagabigay ng serbisyong kayang magsagawa ng serbisyo.

#### **Mga tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan**

Gagamit kayo ng mga tagabigay ng serbisyo na kabilang sa samahan ng HPSM para sa karamihan ng inyong pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan. Makakukuha kayo ng pangangalagang pang-agap sa sakit at regular na pangangalaga mula sa mga tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan. Gagamitin din ninyo ang mga espesyalista, ospital, at iba pang tagabigay ng serbisyong kasama sa samahan ng HPSM.

Para makakuha ng Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ng mga tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Puwede rin ninyong mahanap ang Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal). Para makakuha ng kopya ng Listahan ng mga Gamot sa Kontrata, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 7-1-1. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Dapat kayong kumuha ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) mula sa HPSM bago kayo magpatingin sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan ng HPSM, maliban kapag:

- Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **9-1-1** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.
- Kung wala kayo sa pinagseserbisyuhang lugar ng HPSM at nangangailangan kayo ng agarang pangangalaga, pumunta sa anumang pasilidad para sa agarang pangangalaga.
- Kung nangangailangan kayo ng mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, pumunta sa anumang tagabigay ng serbisyo ng Medi-Cal nang walang paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon).

Kung wala kayo sa isa sa mga sitwasyong nakalista sa itaas at hindi kayo kukuha ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) bago kumuha ng pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan, posibleng maging responsibilidad ninyong magbayad para sa anumang pangangalagang matatanggap ninyo mula sa mga tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## Mga tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan at nasa loob ng pinagseserbisyuhang lugar

Ang mga tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan ay mga tagabigay ng serbisyo na walang kasunduang makipagtulungan sa HPSM. Maliban sa pang-emergency na pangangalaga, at pangangalagang paunang naaprobahan ng HPSM, posibleng kailanganin ninyong magbayad para sa anumang pangangalagang kukunin ninyo mula sa mga tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan sa inyong pinaglilingkurang lugar.

Kung kailangan ninyo ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan na medikal na kinakailangan na wala sa samahan, baka magawa ninyong kunin ang mga ito nang libre mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan. Puwedeng aprobahan ng HPSM ang isang referral para sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan kung ang mga serbisyong kailangan ninyo ay hindi maibibigay ng kasama sa samahan o kung masyadong malayo ang bahay ninyo. Para sa mga pamantayan ng HPSM para sa oras o layo para sa lugar kung saan kayo nakatira, pumunta sa [www.hpsm.org/member/choose-a-provider/find-a-provider](http://www.hpsm.org/member/choose-a-provider/find-a-provider). Kung bibigyan namin kayo ng referral para sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan, kami ang magbabayad para sa inyong pangangalaga.

Para sa agarang pangangalaga sa loob ng pinaglilingkurang lugar ng HPSM, dapat kayong magpatingin sa isang tagabigay ng serbisyo sa agarang pangangalaga na kasama sa samahan ng HPSM. Hindi ninyo kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan. Kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan sa loob ng pinagseserbisyuhang lugar ng HPSM.

Kung kukuha kayo ng agarang pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan sa loob ng pinagseserbisyuhang lugar ng HPSM, baka kailanganin ninyong magbayad para sa pangangalagang iyon. Puwede kayong magbasa pa tungkol sa mga serbisyo sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, at sensitibong pangangalaga sa kabanatang ito.

**Tandaan:** Kung isa kayong American Indian, puwede kayong kumuha ng pangangalaga sa isang IHCP na nasa labas ng aming samahan ng tagabigay ng serbisyo nang walang referral. Ang isang IHCP na nasa labas ng samahan ay puwede ring mag-refer ng mga miyembrong American Indian sa isang tagabigay ng serbisyo na



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

nasa samahan nang hindi muna humihingi ng referral mula sa isang PCP na kasama sa samahan.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa mga serbisyong labas-sa-samahan, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

#### **Nasa labas ng pinagseserbisyuhang lugar**

Kung nasa labas kayo ng pinagseserbisyuhang lugar ng HPSM at kailangan ninyo ng pangangalaga na **hindi** pang-emergency o agaran, tawagan agad ang inyong PCP. O tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **9-1-1** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital. Sinasakop ng HPSM ang pang-emergency na pangangalaga na labas-sa-samahan. Kung bibiyahe kayo sa Canada o Mexico at mangangailangan kayo ng pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital, sasakupin ng HPSM ang pangangalaga sa inyo. Kung bibiyahe kayo sa ibang bansa sa labas ng Canada o Mexico at mangangailangan kayo ng pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, o anumang serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan, **hindi** sasakupin ng HPSM ang pangangalaga sa inyo.

Kung nagbayad kayo para sa pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico, maaari ninyong hilingin sa HPSM na ibalik ang ibinayad ninyo. Susuriin ng HPSM ang inyong kahilingan. Para matuto pa tungkol sa pagtanggap ng kabayaran, basahin ang Kabanata 2, “Tungkol sa inyong planong pangkalusugan” sa aklat-gabay na ito.

Kung nasa ibang estado kayo o Teritoryo ng United States gaya ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o United States Virgin Islands, sakop kayo ng pang-emergency na pangangalaga. Hindi lahat ng ospital at mga doktor ay tumatanggap ng Medicaid. (Sa California lang tinatawag na Medi-Cal ang Medicaid.) Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga sa labas ng California, sabihin sa doktor ng ospital o emergency room sa lalong madaling panahon na may Medi-Cal kayo at miyembro kayo ng HPSM.

Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng inyong HPSM ID card. Sabihin sa ospital at mga doktor na singilin ang HPSM. Kung makatanggap kayo ng singil para sa mga serbisyo na natanggap ninyo sa ibang estado, tawagan kaagad ang HPSM. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor para paghandaan ang pagbabayad ng HPSM sa inyong pangangalaga.

Kung nasa labas kayo ng California at may pang-emergency kayong pangangailangan



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

na kumuha ng mga inireresetang gamot para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital, pakisabihan ang parmasya na tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273.

**Tandaan:** Puwedeng makakuha ng mga serbisyo ang mga American Indian sa mga IHCP na wala sa samahan.

Ang programang Mga Serbisyong Pambata ng California (California Children's Services, CCS) ay isang programa ng estado na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taon gulang na may mga partikular na kalagayan ng kalusugan, sakit, o hindi gumagaling na problemang pangkalusugan, at nakakatugon sa mga panuntunan ng programa ng CCS. Kung kailangan ninyo ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan para sa isang kondisyong medikal na kuwalipikado sa CCS at walang nasa panel ng CCS na espesyalista ang HPSM na nasa samahan na makakapagbigay ng pangangalaga na kailangan ninyo, makakapunta kayo sa tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan ng tagabigay ng serbisyo nang libre. Para matuto pa tungkol sa programa ng CCS, basahin ang Kabanata 4, "Mga benepisyo at serbisyo," sa aklat-gabay na ito.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pangangalagang nasa labas ng samahan o nasa labas ng pinagseserbisyuhang lugar, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Kung sarado ang opisina at gusto ninyong humingi ng tulong sa isang kinatawan ng HPSM, tumawag sa Linya ng Pagpapayo ng Nurse ng HPSM sa 1-833-846-8773.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga na wala sa pinagseserbisyuhang lugar ng HPSM, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Kung bumibiyahe kayo sa labas ng Estados Unidos at nangangailangan kayo ng agarang pangangalaga, hindi sasakupin ng HPSM ang inyong pangangalaga. Para sa higit pa tungkol sa agarang pangangalaga, basahin ang "Agarang pangangalaga" sa huling bahagi ng kabanatang ito.

### **Paano gumagana ang pinamamahalaang pangangalaga**

Isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng kalusugan ang HPSM. Nagbibigay ang HPSM ng pangangalaga sa mga miyembrong nakatira sa San Mateo County. Sa pinamamahalaang pangangalaga, ang inyong PCP, mga espesyalista, klinika, ospital, at iba pang mga tagabigay ng serbisyo ay magtutulungan para mapangalagaan kayo.

Nakikipagkontrata ang HPSM sa mga medikal na pangkat para magbigay ng pangangalaga sa mga miyembro ng HPSM. Ang medikal na pangkat ay binubuo ng mga doktor na mga PCP at espesyalista. Nakikipagtulungan ang medikal na pangkat sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ibang tagabigay ng serbisyo gaya ng mga laboratoryo at supplier ng matibay na medikal na kagamitan. Konektado rin ang medikal na pangkat sa isang ospital. Tingnan ang inyong HPSM ID card para sa mga pangalan ng inyong PCP, medikal na pangkat, at ospital.

Kapag sumali kayo sa HPSM, pipili o itatalaga kayo sa isang PCP. Ang inyong PCP ay bahagi ng isang medikal na pangkat. Pinamamahalaan ng inyong PCP at medikal na pangkat ang pangangalaga para sa lahat ng inyong medikal na pangangailangan. Puwede kayong i-refer o irekomenda ng inyong PCP sa mga espesyalista o mag-utos ng mga lab test at X-ray. Kung kailangan ninyo ng mga serbisyo na nangangailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon), susuriin ng HPSM o ng inyong medikal na pangkat ang paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) at magpapasya kung aaprubahan nito ang serbisyo.

Sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat kayong pumunta sa mga espesyalista at iba pang propesyonal sa kalusugan na nasa parehong medikal na pangkat gaya ng inyong PCP. Maliban sa mga emergency, dapat din kayong kumuha ng pangangalaga sa ospital mula sa ospital na nakakonekta sa inyong medikal na pangkat. Kung mayroon kayong medikal na emergency, puwede kayong makatanggap ng pangangalaga agad-agad sa anumang emergency room, ospital, o pasilidad ng agarang pangangalaga, kahit hindi ito konektado sa inyong medikal na pangkat. Para matuto pa, basahin ang “Agarang pangangalaga” at “Pang-emergency na pangangalaga” sa Kabanata 3 ng aklat-gabay na ito.

Kung minsan, baka kailanganin ninyo ng serbisyo na hindi available sa isang tagabigay ng serbisyo sa medikal na pangkat. Sa sitwasyong iyon, ire-refer kayo ng inyong PCP sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa ibang medikal na pangkat o na nasa labas ng samahan. Hihingi ang inyong PCP ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) para makapunta kayo sa tagabigay ng serbisyo na ito.

Sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat ay mayroon kayong paunang awtorisasyon mula sa inyong PCP, medikal na pangkat, o HPSM bago kayo makapunta sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan na hindi bahagi ng inyong medikal na pangkat. Hindi ninyo kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) para sa pang-emergency na pangangalaga, mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, o mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kasama sa samahan.

### **Mga miyembrong may parehong Medicare at Medi-Cal**

Ang mga miyembrong may parehong Medicare at Medi-Cal at na naka-enroll sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

CareAdvantage D-SNP plan ng Health Plan of San Mateo ay magkakaroon ng access sa mga tagabigay ng serbisyo na bahagi ng kanilang pagkakasakop sa Medicare pati na rin sa mga tagabigay ng serbisyo na kasama sa pagkakasakop ng Medi-Cal plan. Dapat sumangguni ang mga miyembro ng CareAdvantage D-SNP sa EOC ng CareAdvantage D-SNP at direktoryo ng tagabigay ng serbisyo para sa impormasyon tungkol sa mga benepisyo, serbisyo, at tagabigay ng serbisyo na inaalok ng CareAdvantage D-SNP na plano. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Yunit ng CareAdvantage sa 1-877-356-1080 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) o bisitahin ang [www.hpsm.org/careadvantage](http://www.hpsm.org/careadvantage).

## Mga Doktor

Mamimili kayo ng doktor o ibang tagabigay ng serbisyo mula sa Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ng HPSM . Dapat ay tagabigay ng serbisyo na nasa samahan ang PCP na pipiliin ninyo. Para makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo (Provider Directory) ng HPSM, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). O puwede ninyo itong makita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal).

Kung pumipili kayo ng bagong PCP, dapat din ninyong tawagan ang PCP na gusto ninyo para matiyak na tumatanggap siya ng mga bagong pasyente.

Kung may doktor kayo bago pa maging miyembro ng HPSM, at hindi bahagi ng samahan ng HPSM ang doktor na iyon, baka puwede pa rin kayong kumonsulta sa doktor na iyon sa loob ng limitadong panahon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Mababasa ang iba pang impormasyon tungkol sa pagpapatuloy sa pangangalaga sa Kabanata 2, “Tungkol sa inyong planong pangkalusugan” ng aklat-gabay na ito. Para alamin ang higit pa, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Kung kailangan ninyo ng espesyalista, bibigyan kayo ng referral ng inyong PCP sa espesyalista na kasama sa mga samahang HPSM. Ang ilang espesyalista ay hindi nangangailangan ng referral. Para sa higit pa tungkol sa mga referral, basahin ang “Mga Referral” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Tandaan na kung hindi kayo pipili ng PCP, HPSM ang pipili para sa inyo, maliban na lang kung mayroon kayong iba pang komprehensibong pagkakasakop sa kalusugan bukod pa sa Medi-Cal. Alam ninyo ang inyong mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan, kaya pinakamabuti nang kayo ang pumili. Kung kasali kayo sa Medicare at sa Medi-Cal, o kung may iba pa kayong insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi ninyo kailangang pumili ng PCP sa HPSM.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Kung gusto ninyong palitan ang PCP ninyo, kailangang pumili kayo ng PCP sa Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ng HPSM. Tiyaikin na tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP. Para magbago ng inyong PCP, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Mapapalitan din ninyo ang inyong PCP sa pamamagitan ng paggamit ng HPSM Member Portal sa [www.hpsm.org/member-portal-login](http://www.hpsm.org/member-portal-login).

## Mga Ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **9-1-1** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.

Kung hindi emergency at kailangan ninyo ng pangangalaga sa ospital, magpapasya ang PCP kung aling ospital ang papasukan ninyo. Kakailanganin ninyong pumunta sa ospital na ginagamit ng inyong PCP at na nasa samahan ng tagabigay ng serbisyo ng HPSM. Nakalista sa Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ang mga ospital na nasa samahan ng HPSM.

## Mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan

Puwede kayong pumunta sa espesyalista sa kalusugan ng kakabaihan na nasa samahan ng HPSM para sa sakop na pangangalaga na kailangan sa pagbibigay ng mga serbisyo para sa pag-agap sa sakit at regular na pangangalaga para sa kababaihan. Hindi ninyo kailangan ng referral o awtorisasyon mula sa inyong PCP para mapagkalooban ng mga serbisyong ito. Para makahingi ng tulong sa paghanap ng espesyalista sa kalusugan ng kababaihan, matatawagan ninyo ang 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Matatawagan din ninyo nang 24/7 ang Linya ng Pagpapayo ng Nurse sa 1-833-846-8773.

Para sa mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, hindi kailangang kalahok ang inyong tagabigay ng serbisyo sa samahan ng tagabigay ng serbisyo ng HPSM. Puwede kayong pumili ng sinumang tagabigay ng serbisyo ng Medi-Cal at pumunta sa kanila nang walang referral o paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon). Para sa tulong sa paghahanap ng tagabigay ng serbisyo ng Medi-Cal sa labas ng samahan ng tagabigay ng serbisyo ng HPSM, tumawag sa 1-800-750-4776.

## Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo

Inililista ng Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ng HPSM ang mga tagabigay ng serbisyo na nasa samahan ng HPSM. Ang samahan ang grupo ng mga tagabigay ng serbisyo na nakikipagtulungan sa HPSM.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### 3 | Kung paano makakukuha ng pangangalaga

Nakalista sa Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ng HPSM ang mga ospital, PCP, espesyalista, nurse practitioner, komadronang nurse, katulong ng doktor, tagabigay ng serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, FQHC, tagabigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip ng pasyenteng hindi namamalagi sa ospital, mga tagabigay ng serbisyo sa pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports, LTSS), Mga Nagsasariling Paanakan (Freestanding Birth Centers, FBC), IHCP, at RHC.

Ang Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo ay may mga pangalan, espesyalisasyon, address, numero ng telepono, mga oras na may trabaho, mga wikang sinasalita, at kung tumatanggap ba ng mga bagong pasyente ang tagabigay ng serbisyo na nasa samahan ng HPSM. Ipinapakita rin sa Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo kung ipinaalam ng tagabigay ng serbisyo sa HPSM na nag-aalok sila ng mga serbisyong nagbibigay ng suporta sa kinikilalang kasarian ng isang tao (gender affirming services). Nagbibigay rin ito ng pisikal na accessibility para sa gusali, tulad ng paradahan, mga rampa, mga hagdan na may handrail, at banyo na may malalapad na pinto at mga grab bar.

Para matuto pa tungkol sa edukasyon, mga propesyonal na kuwalipikasyon, pagtatapos ng residency, pagsasanay, at sertipikasyon sa board ng isang doktor, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Makikita ninyo ang online na Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal).

Kung kailangan ninyo ng nakalimbag na Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo, matatawagan ang 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Makikita ninyo ang listahan ng mga parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasiya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Makikita rin ninyo ang parmasyang malapit sa inyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pagpindot sa 7 o 7-1-1.

#### **Maagap na pag-access sa pangangalaga**

Dapat magbigay ang inyong tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan ng maagap na access sa pangangalaga batay sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Dapat man lang silang mag-alok sa inyo ng appointment na nakalista sa mga takdang panahon na ipinapakita sa talahanayan sa ibaba. Dapat awtorisahan ng HPSM ang isang referral para sa pangangalaga sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan kung hindi available sa samahan ang mga serbisyong kinakailangan ninyo sa loob ng mga pamantayang ito ng maagap na pag-access.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### 3 | Kung paano makakuha ng pangangalaga

| Uri ng appointment                                                                                                                                                                               | Dapat kayong makakuha ng appointment sa loob ng:    |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------|
| Mga appointment para sa agarang pangangalaga na hindi kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon)                                                                                     | 48 oras                                             |
| Mga appointment para sa agarang pangangalaga na kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon)                                                                                           | 96 oras                                             |
| Agarang appointment sa tagabigay ng serbisyo sa ngipin                                                                                                                                           | 72 oras                                             |
| Hindi agaran (regular) na mga appointment para sa pangunahing pangangalaga                                                                                                                       | 10 araw na may trabaho                              |
| Hindi agaran (regular) na mga appointment para sa pangangalaga ng espesyalista, kabilang ang psychiatrist                                                                                        | 15 araw na may trabaho                              |
| Hindi agaran (regular) na mga appointment sa tagabigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip (hindi doktor)                                                                                           | 10 araw na may trabaho                              |
| Hindi agaran (routine) na mga appointment para sa pagsubaybay na pangangalaga sa tagabigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip (hindi doktor)                                                       | 10 araw ng negosyo pagkatapos ng huling appointment |
| Hindi agarang (regular) na mga appointment para sa mga karagdagang (pansuportang) serbisyo para sa pagtukoy (diagnosis) sa sakit o paggamot ng pinsala, sakit, o iba pang kalagayan ng kalusugan | 15 araw na may trabaho                              |
| Mga hindi agarang appointment sa tagabigay ng serbisyo sa ngipin                                                                                                                                 | 36 na araw na may trabaho                           |
| Mga appointment para sa pang-agap na pangangalaga sa ngipin                                                                                                                                      | 40 araw na may trabaho                              |



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

| Iba pang pamantayan sa tagal ng paghihintay                                                                 | Dapat kayong makakonekta sa loob ng: |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------|
| Mga paghihintay ng pagsagot sa telepono sa mga serbisyo para sa miyembro sa loob ng mga oras na may trabaho | 10 minuto                            |
| Tagal ng paghihintay sa telepono para sa Linya ng Pagpapayo ng Nurse                                        | 30 minuto (nakakonekta sa nurse)     |

Minsan, hindi problema ang paghihintay nang mas matagal para sa isang appointment. Puwede kayong paghintayin nang mas matagal ng inyong tagabigay ng serbisyo kung hindi ito makasasama sa inyong kalusugan. Dapat isaad sa inyong rekord na hindi makasasama sa inyong kalusugan ang paghihintay nang mas matagal. Puwede ninyong piliing maghintay para sa appointment sa ibang panahon o tumawag sa HPSM para pumunta sa ibang tagabigay ng serbisyo na pipiliin ninyo. Igagalang ng inyong tagabigay ng serbisyo at HPSM ang inyong kahilingan.

Puwedeng magrekomenda ang inyong doktor ng isang partikular na iskedyul para sa mga serbisyo para sa pag-agap sa sakit, pagsubaybay na pangangalaga para sa mga hindi pa gumagaling na kalagayan, o mga umiiral na referral o rekomendasyon sa mga espesyalista, depende sa inyong mga pangangailangan.

Sabihin sa amin kung kailangan ninyo ng mga serbisyo ng tagasalin, kasama ang sign language, kapag tumawag kayo sa HPSM o kapag kumuha kayo ng mga sakop na serbisyo. Libre ang mga serbisyo ng tagasalin. Talagang hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad o mga kapamilya bilang mga tagasalin. Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa interpretasyon na inaalok namin, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Kung kailangan ninyo ng mga serbisyo ng tagasalin, kasama ang sign language, sa isang parmasya ng Medi-Cal Rx, tumawag sa Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Puwedeng tumawag ang mga user ng TTY sa 7-1-1, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

### Tagal ng biyahe o layo sa pangangalaga

Dapat sundan ng HPSM ang pamantayan sa oras ng biyahe o layo para sa inyong pangangalaga. Nakakatulong ang mga pamantayang iyon na tiyaking makakakuha kayo ng pangangalaga nang hindi kailangang bumiyahe nang masyadong malayo



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### 3 | Kung paano makakukuha ng pangangalaga

galing sa tirahan ninyo. Ang mga pamantayan sa tagal o layo ng biyahe ay nakadepende sa tinitirahan ninyong county.

Kung hindi makapagbibigay ang HPSM ng pangangalaga sa inyo na naaayon sa mga pamantayan sa tagal o layo ng biyahe na ito, puwedeng payagan ng DHCS ang ibang pamantayan, na tinatawag na alternatibong pamantayan ng access. Para sa mga pamantayan ng HPSM para sa oras o layo para sa lugar kung saan kayo nakatira, pumunta sa [www.hpsm.org/member/choose-a-provider/find-a-provider](http://www.hpsm.org/member/choose-a-provider/find-a-provider). O tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Ituturing na malayo ito kung hindi kayo makakapunta sa nasabing tagabigay ng serbisyo sa loob ng mga pamantayan sa tagal o layo ng biyahe ng HPSM para sa inyong county, anupaman ang alternatibong pamantayan ng pag-access na puwedeng ilapat ng HPSM sa inyong ZIP Code.

Kung kailangan ninyo ng pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyo na malayo sa tinitirahan ninyo, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Matutulungan nila kayong humanap ng pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyong mas malapit sa inyo. Kung hindi makahanap ang HPSM ng pangangalagang para sa inyo mula sa isang mas malapit na tagabigay ng serbisyo, mahihiling ninyo sa HPSM na magtakda ng transportasyon para sa inyo para makapunta sa inyong tagabigay ng serbisyo, kahit na malayo ang tagabigay ng serbisyo na iyon sa tinitirahan ninyo.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa mga tagabigay ng serbisyo sa parmasya, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 7-1-1.

---

## Mga appointment

Kapag kailangan ninyo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang inyong PCP.
- Ihanda sa pagtawag ang inyong numero ng HPSM ID.
- Mag-iwan ng mensahe na kasama ang inyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang opisina.
- Dalhin ang inyong Medi-Cal BIC card at ang inyong HPSM ID card sa inyong appointment.
- Humingi ng transportasyon papunta sa inyong appointment, kung kailangan.
- Humingi ng kinakailangang tulong sa wika o mga serbisyo sa pagsasalin, bago ang inyong appointment para magkaroon ng mga naturang serbisyo sa oras ng inyong



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

pagpapakonsulta.

- Dumating sa tamang oras para sa inyong appointment, dumating nang maaga nang ilang minuto para lumagda, magsagot ng mga form, at sumagot ng anumang tanong na maaaring mayroon ang inyong PCP.
- Tumawag agad kung hindi kayo makakapunta sa appointment o kung mahuhuli ng dating.
- Ihanda ang inyong mga tanong at impormasyon ng gamot.

Kapag may emergency, tumawag sa **9-1-1** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpapasya sa kung gaano kaagaran ninyo kailangan ng pangangalaga at hindi kayo makakausap ng inyong PCP, tawagan ang Linya ng Pagpapayo ng Nurse ng HPSM sa 1-833-846-8773.

---

## Pagpunta sa inyong appointment

Kung wala kayong paraan para makapunta sa at makauwi mula sa inyong mga appointment para sa mga sakop na serbisyo, puwedeng makatulong ang HPSM sa pag-aayos ng transportasyon ninyo. Depende sa inyong sitwasyon, puwede kayong maging kuwalipikado para sa Pang-medikal na Transportasyon o para sa Hindi Pang-medikal na Transportasyon. Hindi pang-emergency ang mga serbisyo sa transportasyon na ito at libre ninyong makukuha ang mga ito.

Kung mayroon kayong emergency, tumawag sa **9-1-1**. May magagamit na transportasyon para sa mga serbisyo at appointment na hindi nauugnay sa pang-emergency na pangangalaga.

Para matuto pa, basahin ang “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi emergency” sa Kabanata 4 ng aklat-gabay na ito.

---

## Pagkansela at pagpapa-reschedule

Kung hindi kayo makakapunta sa appointment ninyo, tawagan agad ang opisina ng inyong tagabigay ng serbisyo. Hihilingan kayo ng karamihan sa mga tagabigay ng serbisyo na tumawag 24 oras (1 araw ng negosyo) bago ang inyong appointment kung kailangan ninyong magpakansela. Kung may mga napalampas kayong umuulit na appointment, puwedeng huminto ang inyong tagabigay ng serbisyo na magbigay ng pangangalaga sa inyo at kakailanganin ninyong maghanap ng bagong tagabigay ng serbisyo.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## Bayad

**Hindi** ninyo kailangang magbayad para sa mga sakop na serbisyo maliban kung mayroon kayong Buwanang Gastos bilang Residente para sa matagalang pangangalaga. Para matuto pa, basahin ang “Para sa mga miyembrong may matagalang pangangalaga at Buwanang Gastos bilang Residente” sa Kabanata 2 ng aklat-gabay na ito. Sa karamihan ng mga kaso, hindi kayo makakatanggap ng singil mula sa tagabigay ng serbisyo. Kailangang ipakita ninyo ang inyong HPSM ID card at ang inyong Medi-Cal BIC card kapag gumamit kayo ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan o reseta, para alam ng inyong tagabigay ng serbisyo kung sino ang sisingilin. Puwede kayong makatanggap ng Paliwanag sa mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) o pahayag mula sa tagabigay ng serbisyo. Hindi mga singil ang mga EOB at pahayag.

Kung makatanggap kayo ng singil, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Kung makakatanggap kayo ng singil para sa mga reseta, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 7-1-1). O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Ipaalam sa HPSM ang halagang sinisingil sa inyo, petsa ng serbisyo, at ang dahilan ng singil. Tutulungan ka ng HPSM na alamin kung ang singil ay para sa isang sakop na serbisyo o hindi. Hindi ninyo kailangang bayaran ang mga tagabigay ng serbisyo ng anumang halaga na utang ng HPSM para sa anumang sakop na serbisyo. Kung kukuha kayo ng pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan at hindi kayo kumuha ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) mula sa HPSM, baka kailanganin ninyong magbayad para sa pangangalagang kinuha ninyo.

Dapat kayong kumuha ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) mula sa HPSM bago kayo magpatingin sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan ng HPSM, maliban kapag:

- Kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **9-1-1** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.
- Kailangan ninyo ng mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya o mga serbisyong nauugnay sa pagpapasuri para sa mga impeksiyon na nakakahawa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (STI), sa ganitong sitwasyon, puwede kayong pumunta sa anumang tagabigay ng serbisyo ng Medi-Cal nang walang paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon).

Kung kailangan ninyong kumuha ng medikal na kinakailangan na pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan dahil wala ito sa samahan



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ng HPSM, hindi ninyo kakailanganing magbayad hangga't sakop na serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga at nakakuha kayo ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) mula sa HPSM para dito. Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, at sensitibong pangangalaga, pumunta sa mga naturang heading sa kabanatang ito.

Kung makakatanggap kayo ng singil o kung sisingilin kayo ng co-pay na sa tingin ninyo ay hindi ninyo dapat bayaran, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Kung babayaran ninyo ang singil, puwede kayong maghain ng form ng claim (paghahabol ng kabayaran) sa HPSM. Kailangan ninyong ipaalam sa HPSM nang pasulat ang tungkol sa bagay o serbisyong binayaran ninyo. Babasahin ng HPSM ang inyong claim (paghahabol ng kabayaran) at magpapasya ito kung mababawi ninyo ang inyong pera.

Kapag nagpasya ang HPSM na ibalik ang inyong ibinayad, ang ibabalik lang ng HPSM ay ang halagang binayaran dapat ng HPSM sa inyong tagabigay ng serbisyo (ang pinapahintulutang halaga ng Medi-Cal). Maaaring mas mababa ang halagang ito kaysa sa aktuwal na binayaran ninyo sa tagabigay ng serbisyo.

Para sa mga tanong, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Kung makakatanggap kayo ng mga serbisyo sa Veterans Affairs system o mga serbisyong hindi sakop o hindi awtorisado sa labas ng California, posibleng kayo ang dapat magbayad.

Hindi isasauli ng HPSM ang ibinayad ninyo kung:

- Ang mga serbisyo ay hindi sakop ng Medi-Cal gaya ng mga serbisyong kosmetiko.
- May hindi kayo nabayaranang Buwanang Gastos bilang Residente sa Medi-Cal.
- Nagpunta kayo sa doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pumirma sa form na nagsasaad na gusto pa rin ninyong kumonsulta doon at kayo ang magbabayad ng mga serbisyo.
- Hiniling ninyo na mabayaran kayo para sa mga co-pay ng Medicare Part D para sa mga resetang sakop ng inyong Medicare Part D na plano.

---

## Mga Referral

Kung kailangan ninyo ng espesyalista para sa inyong pangangalaga, bibigyan kayo ng referral ng inyong PCP o ibang espesyalista. Ang isang espesyalista ay isang tagabigay ng serbisyo na nakatuon sa isang uri ng serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan. Makikipagtulungan sa inyo ang doktor na nag-refer sa inyo sa pagpili ng espesyalista.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### 3 | Kung paano makakukuha ng pangangalaga

Para tiyaking makakapunta kayo sa isang espesyalista sa maagap na paraan, magtatakda ang DHCS ng mga yugto ng panahon para makapag-iskedyul ng mga appointment ang mga miyembro. Nakalista ang mga yugto ng panahong ito sa "Maagap na access sa pangangalaga" sa kabanatang ito. Matutulungan kayo ng opisina ng PCP ninyo para makapag-iskedyul ng appointment sa isang espesyalista.

Kabilang sa iba pang serbisyong puwedeng mangailangan ng referral ang mga in-office na procedure, mga X-ray, mga gawain sa laboratoryo, at mga specialty service.

Puwedeng bigyan kayo ng PCP ninyo ng form na madadala ninyo sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipapadala ito sa PCP ninyo. Gagamutin kayo ng espesyalista hangga't sa palagay niya ay kailangan ninyo ng paggamot.

Kung may problema kayo sa kalusugan na kailangan ng espesyal na matagalang pangangalagang medikal, baka kailangan ninyo ng mga umiiral na referral o rekomendasyon. Ang pagkakaroon ng mga umiiral na referral o rekomendasyon ay nangangahulugang makakakonsulta kayo sa parehong espesyalista nang mahigit sa isang beses nang hindi kailangang kumuha ng referral sa bawat pagkakataon.

Kung nagkakaproblema kayo sa pagkuha ng standing referral o gusto ninyo ng kopya ng patakarang tungkol sa mga referral ng HPSM, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

**Hindi** ninyo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagbisita sa PCP
- Mga pagbisita sa Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)
- Mga pagbisita para sa agaran o pang-emergency na pangangalaga
- Maseselang serbisyo sa nasa hustong gulang, tulad ng pangangalaga sa dumanas ng atakeng seksuwal
- Mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya (para matuto pa, tawagan ang Opisina ng Serbisyo para sa Impormasyon at Referral o Rekomendasyon para sa Pagpapalano ng Pamilya sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (12 taong gulang pataas)
- Mga serbisyo hinggil sa impeksiyon na nakakahawa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (12 taong gulang pataas)
- Mga chiropractic na serbisyo (posibleng kailangan ng referral kapag mga FQHC, RHC, at IHCP na nasa labas ng samahan ang nagbigay)
- Paunang pagtatasa sa kalusugan ng isip

Puwede ring makakuha ang mga menor de edad ng ilang partikular na paggamot sa kalusugan ng isip at paggamot at mga serbisyo para sa problema sa paggamit ng substance para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital nang walang pahintulot ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

magulang o tagapag-alaga. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang “Mga serbisyo para sa pagbibigay ng pahintulot sa mga menor de edad” mamaya sa kabanatang ito at “Mga serbisyo sa paggamot sa problema sa paggamit ng substance (substance use disorder, SUD)” sa Kabanata 4 ng aklat-gabay na ito.

---

## Mga referral ng California Cancer Equity Act

Ang epektibong paggamot sa mga kumplikadong kanser ay nakadepende sa maraming salik. Kabilang dito ang pagkuha ng tamang pagtukoy (diagnosis) sa sakit at pagkuha ng maagap na paggamot mula sa mga eksperto sa kanser. Kung kayo ay na-diagnose na may isang kumplikadong kanser, ang bagong California Cancer Care Equity Act ay nagbibigay-daan sa inyo na humingi ng referral mula sa inyong doktor para makakuha ng paggamot sa kanser na mula sa isang kasama sa samahan na sentro sa kanser na itinalaga ng National Cancer Institute (NCI), site na kaakibat ng NCI Community Oncology Research Program (NCORP), o isang kuwalipikadong sentro ng kanser sa akademya.

Kung ang HPSM ay walang kasama sa samahang sentro sa kanser na itinalaga ng NCI-, papayagan kayo ng HPSM na humingi ng isang referral para magpagamot ng kanser mula sa isa sa mga sentrong ito sa California na nasa labas ng samahan, kung magkakasundo ang isa sa mga sentrong nasa labas ng samahan at an HPSM sa bayad, maliban kung pipili kayo ng ibang tagabigay ng serbisyo ng paggamot sa kanser.

Kung natukoy na mayroon kayong kanser, kontakin ang HPSM para malaman kung kuwalipikado kayo para sa mga serbisyo mula sa isa sa mga sentrong ito ng kanser.

**Handa na kayong tumigil sa paninigarilyo? Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa wikang English, tumawag sa 1-800-300-8086. Para sa wikang Spanish, tumawag sa 1-800-600-8191.**

**Para matuto pa, pumunta sa [www.kickitca.org](http://www.kickitca.org).**



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## Paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, ang inyong PCP o espesyalista ay kailangang humiling sa HPSM ng pahintulot bago kayo mabigyan ng pangangalaga. Ang tawag dito ay paghingi ng paunang aprobasyon o paunang awtorisasyon. Ibig sabihin nito, kailangang tiyakin ng HPSM na medikal na kinakailangan ang pangangalaga (kailangan).

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang inyong buhay, para maagapan ang malubha ninyong pagkakasakit o pagkakaroon ng kapansanan, o para maibsan ang matinding kirot mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyong Medi-Cal ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para pagalingin o makatulong na ibsan ang isang sakit o kondisyon sa katawan o isip.

**Palaging** kailangan ng mga sumusunod na serbisyo ang paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon), kahit na nakukuha ninyo ang mga ito mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa samahan ng HPSM:

- Pagpapaospital, kapag hindi emergency
- Mga serbisyo sa labas ng pinagseserbisyuhang lugar ng HPSM, kung hindi emergency o kung hindi agarang pangangalaga
- Operasyon ng pasyenteng hindi namamalagi sa ospital (outpatient)
- Matagalang pangangalaga o mga serbisyo sa dalubhasang pangangalaga sa isang pasilidad ng pangangalaga (kasama ang Mga Pasilidad para sa Pag-aalaga ng Bahagyang Malubhang Sakit para sa nasa hustong gulang at bata na nakakontra sa Unit ng Pag-aalaga sa Bahagyang Malalang Sakit ng Departamento ng mga Serbisyo para sa Pangangalagang Pangkalusugan) o mga intermediate care facility (kasama ang Intermediate Care Facility para sa Developmentally Disabled (ICF/DD), ICF/DD-Habilitative (ICF/DD-H), ICF/DD-Nursing (ICF/DD-N))
- Mga natatanging paggamot, imaging, pagsusuri, at mga procedure
- Mga serbisyo para sa transportasyong medikal kapag hindi isang emergency

Hindi nangangailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) ang mga serbisyo ng ambulansiya sa emergency.

May limang araw ng negosyo ang HPSM mula sa kung kailan nakuha ng HPSM ang impormasyong makatwirang kailangan para magpasya (aprobahan o hindi aprobahan) sa mga kahilingan sa paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon). Kapag gumawa ang isang tagabigay ng serbisyo ng kahilingan sa paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) at napag-alaman ng HPSM na kapag sinunod ang karaniwang takdang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

panahon, posibleng malagay sa malubhang panganib ang inyong buhay o kalusugan o kakayahang magkaroon, makapagpanatili, o maibalik ang pinakamahasag na paggana ng katawan, gagawa ang HPSM ng desisyon sa paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) sa loob ng hindi hihigit sa 72 oras. Nangangahulugan itong pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon), mag-aabiso sa inyo ang HPSM ayon sa kinakailangang bilis ng pagpapasya batay sa kalagayan ng kalusugan ninyo, at hindi ito mas matagal pa sa 72 oras o limang araw pagkatapos makuha ang hiling sa mga serbisyo. Sinusuri ng mga klinikal o medikal na kawani gaya ng mga doktor, nurse, at pharmacist ang mga kahilingan sa paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon).

Hindi iniimpluwensiyahan ng HPSM ang desisyon ng mga tagasuri na tanggihan o aprubahan ang pagkakasakop o mga serbisyo sa anumang paraan. Kapag hindi inaprubahan ng HPSM ang hiling, padadalhan kayo ng HPSM ng sulat na Abiso ng Aksiyon (Notice of Action, NOA). Sasabihin sa inyo ng NOA kung paano maghain ng apela kung hindi kayo sang-ayon sa desisyon.

Kokontakin kayo ng HPSM kung kailangan ng HPSM ang karagdagang impormasyon o panahon para marepaso ang inyong hiling.

Hindi ninyo kailangan ang paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) sa pang-emergency na pangangalaga, kahit na nasa labas ito ng samahan ng HPSM o nasa labas ito ng inyong pinaglilingkurang lugar. Kabilang dito ang labor at pagsisilang kung kayo ay buntis. Hindi ninyo kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) para sa ilang partikular na serbisyo sa sensitibong pangangalaga. Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga, basahin ang “Sensitibong pangangalaga” sa huling bahagi ng kabanata na ito.

Para sa mga tanong tungkol sa paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon), tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

---

## Mga pangalawang opinyon

Posibleng gustuhin ninyong kumuha ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalaga na sabi ng inyong tagabigay ng serbisyo ay kailangan ninyo o tungkol sa pagtukoy (diagnosis) sa inyong sakit o plano ng paggamot. Halimbawa, baka gustuhin ninyo ng pangalawang opinyon gusto ninyong matiyak na tama ang natanggap ninyong agtukoy (diagnosis) sa sakit, kung hindi kayo tiyak kung kailangan ninyo ng ipinayong paggamot o operasyon, o sinubukan ninyong sundin ang plano ng paggamot at hindi ito naging



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

mabisa. Magbabayad ang HPSM para sa pangalawang opinyon kung hiniling ninyo ito o ng inyong tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan at nakuha ninyo ang pangalawang opinyon sa tagabigay ng serbisyo na nasa samahan. Hindi ninyo kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) mula sa HPSM para makakuha ng pangalawang opinyon sa tagabigay ng serbisyo na nasa samahan. Kung gusto ninyo ng pangalawang opinyon, ire-refer namin kayo sa isang kuwalipikadong tagabigay ng serbisyo na nasa samahan na puwedeng makapagbigay sa inyo nito.

Para humiling ng pangalawang opinyon o makakuha ng tulong sa pagpili ng isang tagabigay ng serbisyo, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Matutulungan din kayo ng inyong tagabigay ng serbisyo na nasa samahan para makakuha ng referral para sa pangalawang opinyon kung gusto ninyo ito.

Kung walang tagabigay ng serbisyo sa mga samahan ng HPSM na makapagbigay sa inyo ng pangalawang opinyon, magbabayad ang HPSM para sa pangalawang opinyon mula sa tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan. Ipaalam sa inyo ng HPSM sa loob ng limang araw na may trabaho kung aprobado ang napili ninyong tagabigay ng serbisyo para sa pangalawang opinyon. Kung mayroon kayong karamdamang hindi gumagaling, malubha, o seryoso, o nasa bingit kayo ng madalian at seryosong banta sa inyong kalusugan, kasama ang pero hindi limitado sa, pagkawala ng buhay, paa o kamay, o mahalagang bahagi ng katawan o silbing pangkatawan, aabisuhan kayo ng HPSM sa loob ng 72 oras sa pamamagitan ng sulat.

Kapag tinanggihan ng HPSM ang hiling ninyo sa pangalawang opinyon, puwede kayong maghain ng karaingan. Para matuto pa tungkol sa mga karaingan, basahin ang “Mga Reklamo” sa Kabanata 6 ng aklat-gabay na ito.

---

## Sensitibong pangangalaga

### Mga serbisyo para sa pagbibigay ng pahintulot sa mga menor de edad

Kung wala pa kayong 18 taong gulang, hindi ninyo kailangan ng pahintulot ng magulang o tagapatnubay para makakuha ng ilang serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan at puwede ninyong matanggap ang mga ito sa paraang kumpidensyal, ibig sabihin, hindi aabisuhan o kokontakin ang inyong magulang o tagapatnubay kung kukunin ninyo ang mga serbisyong ito nang wala ang inyong nakasulat na pahintulot. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo para sa pagbibigay ng pahintulot sa mga



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

menor de edad.

Puwede ninyong makuha ang mga sumusunod na serbisyo sa anumang edad nang walang pahintulot ng inyong magulang o tagapatnubay:

- Mga serbisyo tungkol sa seksuwal na pag-atake o pananakit
- Pagbubuntis at serbisyo na may kaugnayan sa pagbubuntis, kabilang ang mga serbisyo para sa pagpapalaglag
- Mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, gaya ng mga serbisyo sa kontrasepsyon (hal., pagkontrol ng panganganak)

Kung kayo ay **edad 12 taon pataas**, bukod pa sa mga serbisyo sa itaas, puwede rin ninyong makuha ang mga sumusunod na serbisyo nang wala ang pahintulot ng inyong magulang o tagapatnubay:

- Outpatient na paggamot o pagpapayo para sa kalusugan ng isip. Magdedepende ito sa inyong maturity at sa kakayahan ninyong makibahagi sa inyong pangangalaga sa kalusugan, na tutukuyin ng isang propesyonal na tao.
- Diagnosis at paggamot sa mga impeksiyon, at sakit na naipapasa o nakakahawa, kabilang ang HIV/AIDS
- Pag-agap, pagsusuri, diagnosis, at paggamot sa mga impeksiyon na nakakahawa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (STI) gaya ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex
- Mga serbisyo kaugnay ng karahasan sa kinakasama
- Ang paggamot sa problema sa paggamit ng substance (substance use disorder, SUD) para sa pagkalulong sa droga at alak ay kinabibilangan ng mga serbisyo ng pag-eeksamen, pagsusuri, interbensyon, at referral

Makakakuha kayo ng mga serbisyo para sa pagbibigay ng pahintulot sa mga menor de edad mula sa anumang tagabigay ng serbisyo o klinika ng Medi-Cal. Hindi kailangang miyembro ng samahan ng HPSM ang mga tagabigay ng serbisyo. Hindi ninyo kailangan ng referral ng inyong PCP o paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon).

Kung gumagamit kayo ng tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan para sa mga serbisyong **hindi** nauugnay sa sensitibong pangangalaga, posibleng hindi sakop ang mga ito.

Para maghanap ng tagabigay ng serbisyo ng Medi-Cal na nasa labas ng samahan ng Medi-Cal ng HPSM para sa mga serbisyo para sa pagbibigay ng pahintulot sa mga menor de edad, o para humingi ng tulong sa transportasyon para makapunta sa isang tagabigay ng serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Para sa higit pa tungkol sa mga serbisyo ng kontraseptibo, basahin ang “Mga



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

serbisyong pang-agap sa sakit at kalusugan at pamamahala ng sakit na hindi gumagaling” sa Kabanata 4 ng aklat-gabay na ito.

Hindi sakop ng HPSM ang mga serbisyo para sa pagbibigay ng pahintulot sa mga menor de edad na espesyalidad na mga serbisyo sa kalusugan ng isip (specialty mental health services, SMHS) o karamihan sa mga serbisyo ng SUD. Sakop ng tinitirhan ninyong county ang mga serbisyong itos. Para matuto pa, kabilang na kung paano ia-access ang mga serbisyong ito, basahin ang “Mga Serbisyo ng Espesyalista sa Kalusugan ng Isip (Specialty Mental Health Services, SMHS)” at “Mga Serbisyo ng Paggamot sa Disorder sa Paggamit ng Substance (Substance Use Disorder, SUD)” sa Kabanata 4 ng aklat-gabay na ito. Para alamin ang higit pa, tawagan ang BHRS ACCESS Call Center ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagpapagaling ng San Mateo County (San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services, BHRS) sa 1-800-686-0101 (toll free) (TTY 7-1-1).

Para sa listahan ng mga toll free na numero ng telepono ng lahat ng county para SMHS, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

Para sa listahan ng mga toll free na numero ng telepono ng lahat ng county para sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD, pumunta sa:

[https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD\\_County\\_Access\\_Lines.aspx](https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx).

Puwedeng pribadong makausap ng menor de edad ang isang kinatawan tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pagtawag sa 24/7 numero ng linya ng pagpapayo ng nurse sa 1-833-846-8773.

Puwede rin kayong humingi ng pribadong impormasyon tungkol sa inyong mga medikal na serbisyo sa isang partikular na form o format, kung available. Puwede ninyong hilinging ipadala ito sa ibang lokasyon. Para matuto pa tungkol sa kung paano humingi ng mga kumpidensiyal na komunikasyon kaugnay ng mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Abiso sa mga pamamalakad hinggil sa pagkapribado” sa Kabanata 7 ng aklat-gabay na ito.

### **Mga sensitibong serbisyo sa pangangalaga para sa mga nasa hustong gulang**

Kung kayo ay nasa hustong gulang na 18 taon pataas, hindi ninyo kailangang magpunta sa inyong PCP para sa ilang maselan o pribadong pangangalaga. Puwede ninyong piliin ang sinumang doktor o alinmang klinika para sa mga uring ito ng pangangalaga:

- Pagpaplano ng pamilya at birth control. Para sa mga nasa hustong gulang edad 21



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

taon pataas, kasama sa mga serbisyong ito ang sterilization.

- Pagsusuri at pagpapayo tungkol sa pagbubuntis at iba pang serbisyong may kaugnayan sa pagbubuntis
- Pag-agap at pagsusuri sa HIV/AIDS
- Pag-agap, pagsusuri, at paggamot sa mga impeksiyong nakakahawa sa pamamagitan ng pakikipagtalik
- Mga pangangalaga dahil sa atakeng seksuwal
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital (outpatient)

Para sa sensitibong pangangalaga, hindi kailangang miyembro ng samahan ng HPSM ang doktor o klinika. Puwede ninyong piliing pumunta sa sinumang tagabigay ng serbisyo sa Medi-Cal para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) mula sa HPSM. Kung kumuha kayo ng pangangalaga na hindi nakalista rito bilang sensitibong pangangalaga mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan, baka kailanganin ninyong magbayad para dito.

Kung kailangan ninyo ng tulong na maghanap ng doktor o klinika para sa mga serbisyong ito, o para sa tulong na kunin ang mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). O tawagan ang 24/7 na linya ng pagpapayo ng nurse sa 1-833-846-8773.

Ang HPSM ay hindi magbibigay ng impormasyon ng inyong mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga sa inyong may-ari ng plano o pangunahing subscriber sa HPSM, o sa sinumang naka-enroll sa HPSM, nang walang nakasulat na pahintulot ninyo. Puwede kayong kumuha ng pribadong impormasyon tungkol sa inyong impormasyong pangkalusugan sa isang partikular na form o format, kung available, at ipapadala ito sa inyo sa ibang lokasyon. Para matuto pa tungkol sa kung paano humiling ng mga kumpidensiyal na komunikasyon kaugnay ng mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Abiso sa mga Pamamalakad Hinggil sa Pagkapribado” sa Kabanata 7 ng aklat-gabay na ito.

### Moral na pagtanggi

Ang ilang mga tagabigay ng serbisyo ay may moral na pagtanggi sa ilang mga sakop na serbisyo. Mayroon silang karapatang **hindi** mag-alok ng ilang sakop na serbisyo kung sila ay moral na hindi sumasang-ayon sa mga serbisyo. Available pa rin ang mga serbisyong ito sa inyo mula sa ibang tagabigay ng serbisyo. Kung may moral na pagtanggi ang inyong tagabigay ng serbisyo, makakatulong siya sa inyong makahanap ng ibang tagabigay ng serbisyo para sa mga kailangang serbisyo. Matutulungan din



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

kayo ng HPSM na makahanap ng tagabigay ng serbisyo.

May ilang ospital at tagabigay ng serbisyo na hindi nagbibigay ng isa o higit pa sa mga serbisyong ito kahit na sakop ang mga ito ng Medi-Cal:

- Pagpapalano ng pamilya
- Mga serbisyo sa kontraseptibo, kabilang na ang pang-emergency na pagpigil sa pagbubuntis
- Pagpapatali, kabilang na ang tubal ligation sa panahon ng panganganak at pagsilang
- Mga paggamot sa pagkabaog (infertility)
- Pagpapalaglag o aborsiyon

Tiyaking pipili kayo ng tagabigay ng serbisyo na makakapagbigay sa inyo ng pangangalaga na kailangan ninyo at ng inyong pamilya, tawagan ang doktor, medikal na pangkat, samahan ng mga doktor na malaya sa paggamot (independent practice association), o klinikang gusto ninyo. Tanungin kung maibibigay at ibibigay ng tagabigay ng serbisyo ang mga serbisyong kailangan ninyo. O tumawag sa HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Magagamit ninyo ang mga serbisyong ito. Titiyakin ng HPSM na makakagamit kayo at ang mga miyembro ng inyong pamilya ng mga tagabigay ng serbisyo (mga doktor, ospital, at klinika) na magbibigay sa inyo ng pangangalagang kailangan ninyo. Kung mayroon kayong mga tanong o kailangan ninyo ng tulong sa paghahanap ng tagabigay ng serbisyo, tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

---

## Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa emergency o nakakamatay na kondisyon. Para ito sa mga serbisyong kailangan ninyo para maagapan ang malulubhang pinsala sa inyong kalusugan mula sa biglaang karamdaman, pinsala, o komplikasyon sa isang kondisyon na mayroon na kayo. Hindi kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) ng karamihan sa mga appointment para sa agarang pangangalaga. Kung magpapa-appointment kayo para sa agarang pangangalaga, makakakuha kayo ng appointment sa loob ng 48 oras. Kung nangangailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga na kailangan ninyo, mabibigyan kayo ng appointment sa loob ng 96 oras pagkahiling ninyo.

Para sa agarang pangangalaga, tumawag sa inyong PCP. Kung hindi ninyo makontak ang inyong PCP, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). O



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### 3 | Kung paano makakukuha ng pangangalaga

puwede ninyong tawagan ang Linya ng Pagpapayo ng Nurse sa 1-833-846-8773 para malaman ang antas ng pangangalaga na pinakaangkop sa inyo.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga.

Ang mga pangangailangan sa agarang pangangalaga ay maaaring maging para sa:

- Sipon
- Pananakit ng lalamunan
- Lagnat
- Pananakit ng tainga
- Napilay na kalamnan
- Mga serbisyo sa maternity

Kapag nasa loob kayo ng pinagseserbisyuhang lugar ng HPSM at kailangan ninyong makakuha ng mga serbisyo sa agarang pangangalaga, dapat ninyong kunin ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa samahan. Hindi ninyo kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) para sa agarang pangangalaga mula sa mga tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan sa pinagseserbisyuhang lugar ng HPSM. Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahanap ng tagabigay ng serbisyo sa agarang pangangalaga na kasama sa samahan, tumawag sa 1-800-750-4776, (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) o pumunta sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal).

Kung wala kayo sa pinagseserbisyuhang lugar ng HPSM, pero nasa loob kayo ng Estados Unidos, hindi ninyo kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) para makakuha ng agarang pangangalaga sa labas ng pinagseserbisyuhang lugar. Pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga.

Hindi sakop ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga sa labas ng Estados Unidos. Kung bumibiyahe kayo sa labas ng Estados Unidos at nangangailangan kayo ng agarang pangangalaga, hindi namin sasakupin ang inyong pangangalaga.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng isip o mga serbisyo sa paggamit ng substance, tumawag sa inyong programa para sa kalusugan ng isip o problema sa paggamit ng substance ng inyong county (Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagpapagaling ng San Mateo County (San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services, BHRS)) ACCESS call center sa 1-800-686-0101 (TTY 7-1-1), o Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776, TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1. Tumawag sa ACCESS call center ng programa para sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

kalusugan ng isip o problema sa paggamit ng substance ng inyong county (Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagpapagaling ng San Mateo County (San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services, BHRS)) sa 1-800-686-0101 (toll free) (TTY 7-1-1) anumang oras, 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo. Para makita online ang lahat ng toll free na numero ng telepono ng lahat ng county, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

Kung makakatanggap kayo ng mga gamot bilang bahagi ng inyong pagbisita para sa sakop na agarang pangangalaga habang naroon kayo, sasakupin ng HPSM ang mga ito bilang bahagi ng inyong sakop na pagbisita. Kung bibigyan kayo ng inyong tagabigay ng serbisyo sa agarang pangangalaga ng resetang kailangan ninyong dalhin sa parmasya, magpapasya ang Medi-Cal Rx kung sakop ito. Para matuto pa tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Mga inireresetang gamot na sakop ng Medi-Cal Rx” sa Kabanata 4 ng aklat-gabay na ito.

---

## Pang-emergency na pangangalaga

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **9-1-1** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital. Para sa pang-emergency na pangangalaga, **hindi** ninyo kailangan ang paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) mula sa HPSM.

Sa loob ng Estados Unidos (kabilang ang mga teritoryo gaya ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o United States Virgin Islands), may karapatan kayong gumamit ng anumang ospital o iba pang setting para sa pang-emergency na pangangalaga.

Kung kayo ay nasa labas ng Estados Unidos, pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico lang ang sakop. Hindi sakop ang pang-emergency na pangangalaga at iba pang pangangalaga sa iba pang bansa.

Ang pang-emergency na pangangalaga ay para sa nagbabanta sa buhay na mga kondisyong medikal. Ang pangangalagang ito ay para sa karamdaman o kapag nasaktan kayo, kung saan maaasahan ng maingat (makatwiran) na karaniwang tao (hindi propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may katamtamang kaalaman sa kalusugan at medisina, na kapag hindi kayo agad naasikaso, mailalagay ninyo sa malubhang panganib ang kalusugan ninyo (o ang kalusugan ng inyong hindi pa naisisilang na sanggol). Kabilang dito ang peligrong malagay sa matinding panganib ang mga paggana ng katawan, organ ng katawan, o bahagi ng katawan ninyo. Kabilang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

sa mga halimbawa ang mga sumusunod, ngunit hindi limitado sa mga ito:

- Aktibong yugto ng panganganak
- Nabaling buto
- Matinding sakit o kirot
- Pananakit ng dibdib
- Problema sa paghinga
- Matitinding paso
- Na-overdose sa droga
- Pagkahimatay
- Malubhang pagdurugo
- Mga psychiatric na pang-emergency na kondisyon, gaya ng matinding depresyon o pag-iisip na magpakamatay

**Huwag** pumunta sa ER para sa regular na pangangalaga o pangangalagang hindi agarang kinakailangan. Humiling ng regular na pangangalaga sa inyong PCP, na higit na nakakikilala sa inyo. Hindi ninyo kailangang magpaalam sa inyong PCP o sa HPSM bago pumunta sa ER. Gayunpaman, kung hindi kayo sigurado kung isang emergency ang inyong kondisyong medikal, tumawag sa inyong PCP. Matatawagan din ninyo nang 24/7 ang Linya ng Pagpapayo ng Nurse sa 1-833-846-8773.

Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga sa labas ng pinaglilingkurang lugar HPSM, pumunta sa pinakamalapit na ER kahit na hindi ito kasama sa samahan ng HPSM. Kung pupunta kayo sa ER, hilingin ninyong tawagan nila ang HPSM. Kailangang tawagan ninyo o ng pinasukan ninyong ospital ang HPSM sa loob ng 24 oras pagkatapos ninyong makakuha ng pang-emergency na pangangalaga. Kung bumibiyahe kayo sa labas ng Estados Unidos bukod pa sa Canada o Mexico, at kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga, **hindi** sasakupin ng HPSM ang inyong pangangalaga.

Kung kailangan ninyo ng transportasyong pang-emergency, tumawag sa **9-1-1**.

Kung kailangan ninyo ng pangangalaga sa ospital na nasa labas ng samahan, pagkatapos ng inyong emergency (pangangalaga matapos mapatatag ang kalagayan o post-stabilization care), tatawagan ng ospital ang HPSM.

Kung kayo o ang kakilala ninyo ay nasa krisis, mangyaring makipag-ugnayan sa **988** Suicide and Crisis Lifeline. **Tumawag o mag-text sa 988 o mag-chat online sa [988lifeline.org/chat](https://988lifeline.org/chat)**. Ang **988** Suicide and Crisis Lifeline ay nag-aalok ng libre at kumpidensiyal na suporta para sa sinumang nasa krisis. Kabilang dito ang mga taong nakakaranas ng emosyonal na pagkaligalig at ang mga nangangailangan ng suporta para sa krisis sa pagpapakamatay, kalusugan ng isip, at/o paggamit ng substance.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](https://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Tandaan:** Huwag tumawag sa **9-1-1** maliban kung makatwiran ninyong pinaniniwalaan na kayo ay nasa isang medikal na emergency. Kumuha lamang ng pang-emergency na pangangalaga kung emergency, hindi para sa regular na pangangalaga o karaniwang karamdaman tulad ng sipon o sakit ng lalamunan. Kung emergency, tumawag sa **9-1-1** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.

**Sa Linya ng Pagpapayo ng Nurse ng HPSM, may libre kayong payo at impormasyong medikal 24 oras bawat araw, araw-araw sa buong taon. Tumawag sa 1-833-846-8773 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).**

---

## Linya ng Pagpapayo ng Nurse

Mabibigyan kayo ng Linya ng Pagpapayo ng Nurse ng HPSM ng libreng impormasyong medikal at payo 24 oras sa isang araw, araw-araw sa buong taon. Tumawag sa 1-833-846-8773 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) para:

- Makipag-usap sa isang nurse na sasagot sa inyong mga medikal na tanong, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at makakatulong sa inyo na magpasya kung kailangan na ba ninyong magpatingin kaagad sa tagabigay ng serbisyo
- Humingi ng tulong sa mga kondisyong medikal gaya ng diabetes o hika, kabilang ang payo tungkol sa kung anong klase ng tagabigay ng serbisyo ang aakma sa inyong kondisyon

**Hindi** makakatulong ang Linya ng Pagpapayo ng Nurse sa mga pakikipagkita sa klinika o sa mga pagpupuno ng inireresetang gamot. Tawagan ang opisina ng inyong tagabigay ng serbisyo kung kailangan ninyo ng tulong sa mga ito.

---

## Mga nauna ang naitakdang kautusan sa pangangalaga ng kalusugan

Ang isang nauna nang naitakdang kautusan sa pangangalaga sa kalusugan, o nauna nang naitakdang kautusan (advance directive), ay isang legal na kautusan. Maililista ninyo sa form ang uri ng pangangalaga sa kalusugan na gusto ninyo kung sakaling hindi na kayo makapagsalita o makapagdesisyon sa hinaharap. Puwede rin ninyong ilista kung ano ang pangangalaga sa kalusugan na **ayaw** ninyo. Mapapangalanan ninyo



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ang isang tao, tulad ng asawa, na magdesisyon sa inyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi na ninyo kayang gawin ito.

Makakakuha kayo ng form para sa nauna nang naitakdang kautusan (advance directive) sa mga parmasya, ospital, legal office at opisina ng mga doktor. Posibleng kailanganin ninyong magbayad para sa form. Makakakita rin kayo ng libreng form at mada-download ito online. Makahihiling rin kayo ng tulong sa inyong pamilya, PCP, o taong pinagkakatiwalaan ninyo para masagutan ang form.

May karapatan kayong mailagay ang inyong nauna nang naitakdang kautusan sa inyong mga medikal na rekord. May karapatan kayong baguhin o kanselahin ang inyong nauna nang naitakdang kautusan anumang oras.

May karapatan kayong malaman ang mga pagbabago sa mga batas sa nauna nang naitakdang kautusan (advance directive). Sasabihan kayo ng HPSM tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi lalampas sa 90 araw pagkaraan ng pagbabago.

Para matuto pa, puwede ninyong tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

---

## Donasyon ng organ at tissue

Makapagliligtas kayo ng buhay sa pamamagitan ng pagiging donor ng organ o tisyu. Kung nasa pagitan kayo ng 15 at 18 taong gulang, puwede kayong maging donor nang may nakasulat na pahintulot ng inyong magulang o tagapangalaga. Puwede kayong magbago ng isip tungkol sa pagiging donor ng organo anumang oras. Kung gusto ninyo ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagkakaloob ng organo o tisyu, kausapin ang inyong PCP. Puwede rin kayong pumunta sa website ng Departamento ng mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services) ng Estados Unidos sa [www.organdonor.gov](http://www.organdonor.gov).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

---

# 4. Mga Benepisyo at Serbisyo

---

## Anong mga benepisyo at serbisyo ang sinasakop ng inyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga benepisyo at serbisyong sakop ng HPSM. Libre ang inyong mga sakop na serbisyo basta't medikal na kinakailangan ang mga ito at ipinagkakaloob ng isang tagabigay ng serbisyo na nasa samahan ng HPSM. Dapat kayong humingi sa HPSM ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) kung wala sa samahan ang pangangalaga maliban sa ilang partikular na sensitibong serbisyo, pang-emergency na pangangalaga, at agarang pangangalaga sa labas ng pinaglilingkurang lugar ng HPSM. Puwedeng sakupin ng inyong planong pangkalusugan ang mga medikal na kinakailangang serbisyo mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan, pero kailangan ninyong humingi ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) sa HPSM para rito.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang inyong buhay, para maagapan ang malubha ninyong pagkakasakit o pagkakaroon ng kapansanan, o para maibsan ang matinding kirot mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyong Medi-Cal ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para ayusin o matulungang ibsan ang isang sakit o kondisyon sa katawan o isip. Para sa higit pa tungkol mga sakop na serbisyo, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Ang mga miyembrong wala pang edad 21 ay makakakuha ng mga dagdag na benepisyo at serbisyo. Para matuto pa, basahin ang Kabanata 5, "Well care para sa bata at kabataan" sa aklat-gabay na ito.

Nakalista sa ibaba ang ilan sa mga batayang benepisyo at serbisyong pangkalusugang iniaalok ng HPSM. Kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) sa mga benepisyo at serbisyong may star (\*).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay narito Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. to 6 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal).

## 4 Mga Benepisyo at Serbisyo

- Acupuncture\*
- Mga matindi (panandaliang paggamot) na therapy at serbisyong pangkalusugan sa bahay
- Pagsusuri at mga iniksiyon sa allergy
- Mga serbisyo ng ambulansiya para sa isang emergency
- Mga serbisyo ng anestesiyolohista
- Pag-agap sa hika
- Audiology (sakit sa pandinig at balanse)\*
- Mga serbisyo sa pamamahala sa basic na pangangalaga
- Paggamot para sa kalusugan ng pag-uugali\*
- Biomarker testing\*
- Cardiac rehabilitation
- Mga serbisyong chiropractic\*
- Chemotherapy (paggamot sa cancer gamit ang kemikal) at Radiation therapy (gamit ang radiation)
- Mga pagtatasa sa kalusugan ng isip
- Mga serbisyo ng Community Health Worker (CHW)
- Mga Suporta sa Komunidad
- Mga serbisyo sa Pamamahala sa Kumplikadong Pangangalaga (Complex Care Management, CCM)
- Mga dental na serbisyo (isinasagawa ng dentista)
- Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis
- Mga serbisyo ng doula
- Matitibay na Kagamitang Medikal (Durable medical equipment o DME)\*
- Mga dyadic na serbisyo
- Mga pagpunta sa emergency room
- Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM)
- Enteral at parenteral na nutrisyon\*
- Mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya (puwede kayong magpunta sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan)
- Pangangalagang nagbibigay ng suporta sa kinikilalang kasarian (Gender-affirming care)
- Mga habilitative na serbisyo at aparato\*
- Mga hearing aid (mga aparatong pantulong sa pandinig)
- Pantahanang pangangalagang pangkalusugan\*
- Pangangalaga sa hospisyo\*
- Pagbabakuna (mga Iniksiyon)
- Medikal at surgical na pangangalaga sa pasyenteng namamalagi sa ospital\*
- Intermediate care facility para sa mga serbisyo para sa may kapansanan sa pag-develop
- Lab at radiology\*
- Mga pangmatagalang therapy at serbisyong pangkalusugan sa bahay\*
- Mga pangmatagalang serbisyo at suporta
- Pagdadalantao at pangangalaga sa bagong silang
- Paggamot sa kalusugan ng isip
- Occupational therapy\*
- Organ at bone marrow transplant\*
- Orthotics/prostheses\*
- Mga ostomy at urological na supply
- Mga serbisyo sa ospital para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). AngHPSM ay narito Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. to 6 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal).

## 4 Mga Benepisyo at Serbisyo

isip ng pasyenteng hindi namamalagi sa ospital

- Operasyon ng pasyenteng hindi namamalagi sa ospital\*
- Pangangalaga para maibsan ang pananakit (palliative)\*
- Mga pagbisita sa PCP
- Mga serbisyo sa paggamot sa bata
- Physical therapy\*
- Mga serbisyo sa podiatrya\*
- Rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing
- Mga serbisyo para sa rehabilitasyon at mga aparato\*
- Mga serbisyo ng dalubhasang pangangalaga, kasama ang mga serbisyo sa di-kalubhaang sakit

(subacute)

- Mga pagbisita sa espesyalista
- Speech therapy\*
- Mga serbisyo ng gamot sa kalye
- Paggamot sa paggamit ng substance
- Mga serbisyo sa operasyon
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender\*
- Mga serbisyo sa transisyonal na pangangalaga
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo sa paningin\*
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng kababaihan

Ang mga depinisyon at paglalarawan ng mga sakop na serbisyo ay nasa Kabanata 8, “Mahahalagang numero at salitang dapat malaman” sa aklat-gabay na ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang inyong buhay, para maiwasan ang malubha ninyong pagkakasakit o pagkakaroon ng kapansanan, o para maibsan ang matinding kirot mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay kinabibilangan ng mga serbisyong kinakailangan para sa paglaki at pag-develop na naaangkop sa edad, o para maabot, mapanatili, o maibalik ang kakayahan.

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung kailangan ito para maitama o mapabuti ang mga depekto at mga sakit o kondisyong pisikal o sa isip o mga kondisyong nasa ilalim ng mga benepisyo ng Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager (tinatawag ding Maaga at Pana-panahong Pag-eeksamen, Diyagnostiko at Paggamot (EPSDT)). Kasama rito ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para maayos o matulungan sa sakit o karamdamang pisikal o sa isip, o mapanatili ang kondisyon ng miyembro para mapigilan ang paglala nito.

Hindi kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga sumusunod:

- Mga paggamot na hindi pa nasusubukan o sinusubukan pa lang
- Mga serbisyo o item na sa pangkalahatan ay hindi tinatanggap bilang epektibo
- Mga serbisyo sa labas ng karaniwang kurso at haba ng mga paggamot o mga serbisyo na walang klinikal na gabay
- Mga serbisyo para sa kaghinhawahan ng tagapag-alaga o tagabigay ng serbisyo

Nakikipag-ugnayan ang HPSM sa iba pang programa para matiyak na matatanggap ninyo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na ang mga serbisyong iyon ay sakop ng ibang programa at hindi ng HPSM.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga sakop na serbisyong makatwiran at kinakailangan para:

- Protektahan ang buhay,
- Maagapan ang matinding karamdaman o matinding kapansanan,
- Maibsan ang matinding kirot,
- Maabot ang paglaki at pag-develop na naaangkop sa edad, o
- Maabot, mapanatili, at maibalik ang kakayahan

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang lahat ng sakop na serbisyo na nakalista sa itaas, at anumang iba pang kinakailangang pangangalaga sa kalusugan, pag-eeksamen, mga serbisyo sa patukoy (diagnosis) ng sakit, paggamot, at iba pang hakbang para maitama o mapabuti ang mga depekto at mga sakit o kondisyong pisikal o sa isip, na inaatas ng mga benepisyo ng Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager. Kilala ang benepisyong ito bilang benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Pag-eeksamen, Diyagnostiko, at Paggamot (EPSDT) sa ilalim ng batas pederal.

Nagbibigay ang Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager ng mga serbisyo sa pag-agap, pagtukoy (diagnosis) ng sakit, at paggamot para sa mga naka-enroll na sanggol, bata, at kabataang wala pang edad 21. Mas marami ang serbisyong sakop ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan kumpara sa mga serbisyong iniaalok sa mga nasa hustong gulang. Idinisenyo ito para tiyaking makakakuha ang mga bata ng maagang pagtukoy at pangangalaga para maiwasan o ma-diagnose at magamot ang mga problema sa kalusugan sa lalong madaling panahon. Ang layunin ng Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager ay matiyak na makukuha ng bawat bata ang pangangalaga sa kalusugan na kailangan nila kapag kailangan nila – ang tamang pangangalaga sa tamang bata sa tamang pagkakataon sa tamang sitwasyon.

Makikipag-ugnayan ang HPSM sa iba pang programa para matiyak na matatanggap ninyo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na ang mga serbisyong iyon ay sakop ng ibang programa at hindi ng HPSM. Basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” mamaya sa kabanatang ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

---

## Mga benepisyo ng Medi-Cal na sakop ng HPSM

### Mga serbisyo para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital (ambulatory)

#### ***Pang-hustong gulang na mga bakuna (mga iniksiyon)***

Puwede kayong makakuha ng mga bakuna (mga iniksiyon) na para sa mga nasa hustong gulang mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa samahan nang walang paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) kapag ang mga ito ay serbisyo para sa pag-agap sa sakit. Sinasakop ng HPSM ang mga bakuna (mga iniksiyon) na inirerekomenda ng Lupon ng mga Tagapayo para sa Pagbabakuna (Advisory Committee on Immunization Practices, ACIP) ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-agap sa mga Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) bilang mga serbisyo para sa pag-agap sa sakit, kabilang na ang mga bakuna (mga iniksiyon) na kailangan ninyo kapag bumibiyahe.

Puwede rin kayong makakuha ng mga bakuna (mga iniksiyon) para sa mga nasa hustong gulang sa isang parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Para matuto pa tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” mamaya sa kabanatang ito.

#### ***Pangangalaga sa allergy***

Sakop ng HPSM ang mga pagsusuri at paggamot ng allergy, kasama na ang desensitasyon, hypo-sensitization, o immunotherapy para sa allergy.

#### ***Mga serbisyo ng anestesiyolohista***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyong anesthesia na medikal na kinakailangan kapag kumuha kayo ng pangangalaga sa outpatient. Posibleng kasama rito ang anesthesia para sa mga dental procedure kapag ibinigay ng isang anesthesiologist, na posibleng mangailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon).

#### ***Mga serbisyong chiropractic***

Sinasakop ng HPSM ang mga serbisyong chiropractic, na limitado sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manwal na manipulasyon. Limitado sa maximum na dalawang serbisyo kada buwan ang mga chiropractic na serbisyo. Hindi nalalapat ang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

mga limitasyon sa mga anak na mas bata sa 21 taong gulang. Maaaring paunang aprobahan ng HPSM ang iba pang mga serbisyo bilang pangangailangang medikal.

Kuwalipikado ang mga miyembrong ito para sa mga chiropractic na serbisyo:

- May mga anak na mas bata sa 21 taong gulang
- Mga buntis hanggang sa katapusan ng buwan na kasama ang 60 araw pagkatapos ng pagbubuntis
- Mga residente sa isang pasilidad ng dalubhasang pangangalaga, pasilidad ng panggitnang pangangalaga, o pasilidad para sa pangangalaga sa bahagyang malubhang sakit
- Lahat ng miyembro kapag ang mga serbisyo ay ibinigay sa mga departamento ng pasyenteng hindi namamalagi sa ospital ng ospital ng county, mga klinika para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital, mga Sentrong Pangkalusugan na Kuwalipikado ng Pederal na Gobyerno (Federally Qualified Health Center, FQHC), o Klinikang Pangkalusugan na Malayo sa Kalunsuran (Rural Health Clinic, RHC) na nasa samahan ng HPSM. Hindi lahat ng FQHC, RHC, o ospital ng county ay nag-aalok ng mga chiropractic na serbisyo para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital.

### ***Mga pagtatasa ng kalusugan ng isip***

Sakop ng HPSM ang isang taunang pagtatasa sa kalusugan ng isip para sa mga miyembrong 65 taong gulang pataas o mas matanda na hindi kuwalipikado para sa katulad na pagtatasa bilang bahagi ng taunang wellness na pagbisita sa ilalim ng programa sa Medicare. Sa pagtatasa sa kalusugan ng isip, naghahanap ng mga senyales ng Alzheimer's disease o dementia.

### ***Mga serbisyo ng Community Health Worker (CHW)***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo ng CHW para sa mga indibidwal kapag inirerekomenda ng doktor o iba pang lisensiyadong practitioner para mapigilan ang sakit, kapansanan, at iba pang kalagayan ng kalusugan o ang paglala ng mga ito; mapahaba ang buhay; at maisulong ang kalusugan at pagiging episyente ng katawan at isip. Ang mga serbisyo ng CHW ay walang limitasyon sa lokasyon ng serbisyo at puwedeng makatanggap ang mga miyembro ng mga serbisyo sa mga lugar, gaya ng sa emergency room. Posibleng kasama sa mga serbisyo ang mga sumusunod:

- Edukasyong pangkalusugan at suporta sa indibidwal o adbokasiya, kabilang ang pagkontrol at pagpigil sa mga pangmatagalan o nakakahawang sakit; mga kalagayan ng kalusugan sa pag-uugali, kalagayan ng kalusugan habang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

nagbubuntis, at kalagayan ng kalusugan ng bibig; at pag-agap sa karahasan o pinsala

- Pagtataguyod sa at pagtuturo tungkol sa kalusugan, kabilang ang pagkakaroon ng layunin at paggawa ng mga plano ng pagkilos para tugunan ang pag-agap at pamamahala sa sakit
- Pag-navigate sa kalusugan, kasama ang pagbibigay ng impormasyon, pagsasanay, at suporta para makatulong na kumuha ng pangangalaga sa kalusugan at mga suporta sa komunidad
- Mga serbisyo ng pag-eeksameni na hindi nangangailangan ng lisensya, at makakatulong sa pagkonekta ng isang miyembro sa mga serbisyo sa pagpapabuti ng kanilang kalusugan

Available ang mga serbisyo sa pag-agap sa karahasan ng CHW sa mga miyembrong nakakatugon sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon ayon sa tinukoy ng isang lisensyadong practitioner:

- Marahas na napinsala ang miyembro bilang resulta ng karahasan sa komunidad.
- Nasa matinding panganib ang miyembro na makaranas ng malubhang pinsala na dulot ng karahasan sa komunidad.
- Nakaranas ang miyembro ng tuloy-tuloy na pagkakalantad sa karahasan sa komunidad.

Partikular ang mga serbisyo sa pag-agap sa karahasan ng CHW sa karahasan sa komunidad (hal., karahasan sa gang). Puwedeng ibigay ang mga serbisyo ng CHW sa mga miyembro para sa interpersonal na karahasan/karahasan sa tahanan sa pamamagitan ng iba pang pathway na may pagsasanay/karanasan na partikular sa mga pangangailangang iyon.

### ***Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis***

Sakop ng HPSM ang mga paggamot na dialysis. Sakop din ng HPSM ang mga serbisyo ng hemodialysis (chronic dialysis) kung nagsumite ang inyong doktor ng kahilingan at inaprubahan ito ng HPSM .

Hindi kasama sa pagkakasakop ng Medi-Cal ang:

- Mga maginhawa, kumbinyente, o maluhong kagamitan, supply, at feature
- Mga hindi medikal na item, gaya ng mga generator o accessory para gawing portable ang kagamitan sa dialysis sa bahay para sa pagbiyahe



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### ***Mga serbisyo ng doula***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo ng doula na ibinibigay ng mga tagabigay ng serbisyo ng doula na kasama sa samahan sa panahon ng pagbubuntis ng isang miyembro; sa panahon ng pagle-labor at panganganak, kasama ang sanggol na ipinanganak nang walang buhay, pagkakakunan, at pagpapalaglag; at sa loob ng isang taon mula sa katapusan ng pagbubuntis ng miyembro. Hindi sakop ng Medi-Cal ang lahat ng serbisyo ng doula. Hindi kasama sa mga serbisyo ng doula ang pagtukoy sa mga medikal na kondisyon, pagbibigay ng medikal na payo, o anumang uri ng klinikal na pagtatasa, pagsusuri, o procedure. Hindi kasama sa benepisyo ng doula ang mga sumusunod na serbisyo ng Medi-Cal:

- Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali
- Belly binding pagkatapos ng cesarean section ng isang clinician
- Koordinasyon ng klinikal na kaso
- Mga panggrupong klase para magturo tungkol sa panganganak
- Komprehensibong edukasyong pangkalusugan, kabilang ang oryentasyon, pagtatasa, at pagpapalano (mga serbisyo mula sa Malawakang Programa ng Mga Serbisyo sa Panahon ng Pagbubuntis)
- Mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan na nauugnay sa pagbubuntis, panganganak, at pagkatapos manganak
- Hypnotherapy (mga serbisyo sa kalusugan ng isip na hindi nangangailangan ng espesyalista (non-specialty mental health service, NSMHS))
- Konsultasyon, mga panggrupong klase, at mga supply para sa pagpapasuso
- Mga Pansuportang Serbisyo sa Komunidad na Medikal na Kinakailangan
- Mga serbisyo ng nutrisyon (pagtatasa, pagpapayo, at pagbuo ng plano sa pangangalaga)
- Transportasyon

Kung kailangan o gusto ng miyembro ng mga serbisyong may kaugnayan sa doula o pagbubuntis na **hindi** sakop, puwedeng humiling ng pangangalaga ang miyembro o ang doula. Tawagan ang PCP ng miyembro o ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng HPSM.

Ang mga tagabigay ng serbisyo ng doula ay mga kawani sa pagpapaanak na nagbibigay ng edukasyong pangkalusugan, adbokasiya, at suportang pisikal, emosyonal, at hindi medikal para sa mga buntis o nanganak bago manganak, habang nanganganak, at pagkatapos manganak, kasama ang suporta para sa sanggol na ipinanganak nang walang buhay, pagkakalaglag ng dinadalang sanggol, at



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

pagpapalaglag.

Puwedeng makatanggap ang sinumang buntis na miyembro o miyembrong nasa postpartum ang mga sumusunod na serbisyo mula sa isang tagabigay ng serbisyo ng doula na kasama sa samahan:

- Isang inisyal na pagbisita
- Hanggang walong karagdagang pagbisita na puwedeng kombinasyon ng mga prenatal at postpartum na pagbisita
- Suporta sa panahon ng pagle-labor at pagsilang (kasama ang pagle-labor at pagsilang na humantong sa sanggol na ipinanganak nang walang buhay), pagpapalaglag, o pagkakakunan
- Hanggang dalawang pinahabang tatlong oras na mga postpartum na pagbisita pagkatapos ng pagbubuntis

Puwedeng makatanggap ang mga miyembro ng hanggang siyam na karagdagang postpartum na pagbisita na may karagdagang nakasulat na rekomendasyon mula sa isang doktor o iba pang lisensiyadong practitioner.

Puwedeng makahanap ng doula ang sinumang buntis na miyembro o miyembrong nasa postpartum sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Dapat makipagkoordinang ang HPSM para sa access sa mga serbisyo ng doula na wala sa samahan para sa mga miyembro kung walang available na tagabigay ng serbisyo ng doula na kasama sa samahan.

### ***Mga dyadic na serbisyo***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo sa pangangalaga sa Dyadic na Kalusugan ng Pag-uugali (Dyadic Behavioral Health, DBH) na medikal na kinakailangan para sa mga miyembro at sa kanilang mga tagapag-alaga. Ang dyad ay isang bata edad 0 hanggang 20 at ang kanyang mga magulang o tagapag-alaga. Sineserbisyuhan ng dyadic na pangangalaga ang mga magulang o mga tagapag-alaga at bata. Tina-target nito ang well-being ng pamilya para suportahan ang malusog na development ng bata at kalusugan ng isip.

Kasama sa mga dyadic na serbisyo sa pangangalaga ang:

- Mga pagbisitang well-child ng DBH
- Mga dyadic na komprehensibong serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad
- Mga dyadic na psycho-educational na serbisyo
- Mga dyadic na serbisyo ng magulang o tagapag-alaga
- Dyadic na pagsasanay ng pamilya, at



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Pagpapayo para sa development ng bata, at mga serbisyo sa kalusugan ng isip bilang ina

### ***Operasyon ng pasyenteng hindi namamalagi sa ospital (outpatient)***

Sakop ng HPSM ang mga procedure sa operasyon sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital. Para sa ilang procedure, kakailanganin ninyong kumuha ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) bago kunin ang mga serbisyong iyon. Itinuturing na elektibo ang mga diagnostic na procedure at ilang partikular na medikal o dental na procedure para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital. Kailangan ninyong kumuha ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon).

### ***Mga serbisyo ng doktor***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

### ***Mga serbisyo sa podiatry (pangangalaga ng paa)***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo sa podiatry kapag medikal na kinakailangan para sa pagtukoy (diagnosis) sa sakit at para sa medikal, pang-operasyon, mekanikal, manipulatibo, at elektrikal na paggamot ng paa ng tao. Kabilang dito ang paggamot para sa bukong-bukong at para sa mga litid na nakakonekta sa paa. Kasama rin dito ang paggamot na hindi operasyon para sa mga kalamnan at litid ng binti na nagkokontrol sa mga paggana ng paa.

### ***Mga paggamot na therapy***

Sakop ng HPSM ang iba't ibang paggamot na therapy, kabilang na ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy

## **Pagdadalantao at pangangalaga sa bagong silang**

Sakop ng HPSM itong mga serbisyo sa pagdadalantao at bagong silang:

- Pagbubuntis sa isang paanakan, bahay, o ospital batay sa kagustuhan ng miyembro at kung ano ang medikal na pinakamakabubuti sa kanya.
- Mga breast pump at supply
- Edukasyon at mga tulong tungkol sa pagpapasuso
- Koordinasyon ng pangangalaga
- Pagpapayo



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Pagtukoy (diagnosis) ng mga genetic disorder ng fetus at pagpapayo
- Mga Serbisyo ng Doula
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina
- Pangangalaga para sa Bagong Panganak na Sanggol
- Edukasyon para nutrisyon
- Edukasyong pangkalusugan na may kaugnayan sa pagbubuntis
- Pangangalaga habang buntis, habang nanganganak, at pagkatapos manganak mula sa isang sertipikadong komadronang nurse (certified nurse midwife, CNM), lisensyadong komadrona (licensed midwife, LM), o doktor, batay sa kagustuhan ng miyembro at kung ano ang medikal na pinakamakabubuti sa kanya
- Mga pagsusuri sa panlipunang katayuan at kalusugan ng isip at referral
- Bitamina at mineral na suplemento

Puwedeng matanggap ng bawat buntis na miyembro at miyembrong nasa postpartum ang lahat ng serbisyo sa itaas. Puwedeng tawagan ng mga miyembro ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) para sa tulong sa paghingi ng mga serbisyo.

### ***Pinalawak na pagkakasakop pagkapanganak***

Sinasakop ng HPSM ang buong pagkakasakop sa pangangalaga nang hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis anupaman ang mga pagbabago sa kita, o kung paano nagtapos ang pagbubuntis.

### **Mga telehealth na serbisyo**

Isang paraan ang telehealth para makakuha ng mga serbisyo kahit wala kayo sa iisang pisikal na lokasyon ng inyong tagabigay ng serbisyo. Maaaring kasama sa telehealth ang usapang live ninyo ng tagabigay ng serbisyo sa pamamagitan ng telepono, video, o iba pang paraan. O maaaring maisama sa telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon sa inyong tagabigay ng serbisyo kahit walang usapang live. Marami kayong puwedeng matanggap na serbisyo sa pamamagitan ng telehealth.

Posibleng hindi magagamit ang telehealth para sa lahat ng sakop na serbisyo. Maaari ninyong kontakin ang inyong tagabigay ng serbisyo para malaman kung aling mga serbisyo ang puwede ninyong makuha sa pamamagitan ng telehealth. Mahalagang sumasang-ayon kayo at ang inyong tagabigay ng serbisyo na angkop sa inyo ang paggamit ng telehealth para sa partikular na serbisyo. Mayroon kayong karapatan sa mga personal na serbisyo. Hindi ninyo kailangang gumamit ng telehealth kahit na sang-ayon ang inyong tagabigay ng serbisyo na angkop ito para sa inyo.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip

#### ***Mga serbisyo para sa kalusugan ng isip ng pasyenteng hindi namamalagi sa ospital (Outpatient mental health services)***

Sakop ng HPSM ang mga inisyal na pagtatasa sa kalusugan ng isip nang hindi kailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon). Makakukuha kayo ng pagtatasa sa kalusugan ng isip kahit kailan mula sa lisensiyadong tagabigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip na nasa samahan ng HPSM nang walang referral.

Posibleng gumawa ng referral ang inyong PCP o ang tagabigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip para sa karagdagang pag-eeksamen ng kalusugan ng isip sa isang espesyalista na nasa samahan ng HPSM para malaman ang antas ng pangangalagang kailangan ninyo. Kung ayon sa mga resulta ng pag-eeksamen ay katamtaman kayong apektado ng isang kondisyon sa kalusugan ng isip, mabibigyan kayo ng HPSM ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip. Sinasakop ng HPSM ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip gaya ng mga sumusunod:

- Ebalwasyon at paggamot ng kalusugan ng isip (psychotherapy) sa indibidwal at grupo
- Sikolohikal na pagsusuri kapag medikal na kailangan upang matimbang ang kalusugan ng isip
- Ang pagbubuo ng mga cognitive skill (kakayahan sa pag-alam) para mapahusay ang pansin, memorya at paglutas ng problema
- Mga serbisyo sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital para masubaybayan ang therapy ng gamot
- Mga serbisyo ng laboratoryo para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital
- Mga gamot para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital na hindi pa sakop ng Listahan ng mga Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx (<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>), mga supply, at supplement
- Saykayatrikong konsultasyon
- Therapy para sa Pamilya na kinabibilangan ng kahit man lang dalawang kapamilya. Kabilang sa mga halimbawa ng therapy para sa pamilya ang, pero hindi limitado sa:
  - Child-parent psychotherapy (0 hanggang 5 taong gulang)
  - Interaktibong therapy para sa magulang at anak (2 hanggang 12 taong gulang)
  - Cognitive-behavioral couple therapy (mga nasa hustong gulang)

Para makakuha ng karagdagang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ipinagkakaloob ng HPSM, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagpapagaling ng San Mateo County (San Mateo County Behavioral Health



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

and Recovery Services, BHRS) ACCESS Call Center sa 1-800-686-0101 (TTY 7-1-1). Magtatanong ang Access Call Center sa mga miyembro ng ilang bagay at ikokonekta nila ang mga ito sa tamang sistema ng pangangalaga.

Kung ang paggamot para sa disorder sa kalusugan ng isip na kailangan ninyo ay wala sa samahan ng HPSM o hindi mabibigay ng inyong PCP o tagabigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip ang pangangalagang kailangan ninyo sa oras na nakalista sa itaas sa seksiyong “Maagap na access sa pangangalaga”, sasakupin ito ng HPSM at tutulungan kayo nito na mag-ayos ng mga serbisyong nasa labas ng samahan.

Kung natukoy sa mga resulta ng inyong pag-eeksamen sa kalusugan ng isip na may mas mataas kayong kapansanan at kailangan ang mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip (specialty mental health services, SMHS), puwede kayong i-refer ng inyong PCP o ng inyong tagabigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip sa plano para sa kalusugan ng isip ng inyong ng county (Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagpapagaling ng San Mateo County (Behavioral Health and Recovery Services, BHRS)) para makuha ang pangangalagang kailangan ninyo. Magtutulungan ang HPSM at ang BHRS ACCESS Call Center para siguraduhing makakatanggap kayo ng naaangkop na pangangalaga. Para matuto pa, basahin ang seksiyong “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4 ng aklat-gabay na ito.

Kung kayo o ang kakilala ninyo ay nasa krisis, makipag-ugnayan sa **988** Suicide and Crisis Lifeline. **Tumawag o mag-text sa 988 o mag-chat online sa [988lifeline.org/chat](https://988lifeline.org/chat).** Ang **988** Suicide and Crisis Lifeline ay nag-aalok ng libre at kumpidensiyal na tulong. Makakahingi ng tulong ang sinuman, kabilang ang mga taong nakakaranas ng emosyonal na pagkaligalig at ang mga nangangailangan ng suporta para sa krisis sa pagpapakamatay, kalusugan ng isip, at/o paggamit ng substance.

### **Mga serbisyo ng pang-emergency na pangangalaga**

***Mga serbisyo para sa pasyenteng namamalagi at pasyenteng hindi namamalagi sa ospital na kinakailangan para asikasuhin ang isang medikal na emergency***

Sakop ng HPSM ang lahat ng serbisyong kinakailangan para gamutin ang isang medikal na emergency na nangyari sa Estados Unidos (kasama ang mga teritoryo tulad ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o United States Virgin Islands. Sakop din ng HPSM ang mga pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Ang medikal na emergency ay karamdamang may matinding pananakit o malubhang pinsala. Napakalubha na ng kondisyon, na kung hindi ito magagamot kaagad, maaasahan ng maingat (makatwiran) na karaniwang tao (hindi propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na magresulta ito sa alinman sa mga sumusunod:

- Seryosong panganib sa inyong kalusugan
- Malubhang pinsala sa kakayahan ng katawan
- Matinding pagkagambala sa pagganap ng anumang organo o bahagi ng katawan
- Matinding panganib sa mga kaso ng buntis na nasa aktibong yugto ng panganganak o labor, ibig sabihin, posibleng mangyari ang alinman sa sumusunod sa panahon ng panganganak:
  - Walang sapat na oras para ligtas kayong mailipat sa ibang ospital bago lumabas ang sanggol
  - Puwedeng maging banta sa inyong kalusugan o kaligtasan o sa inyong hindi pa naisisilang na anak ang paglilipat

Kung bibigyan kayo ng tagabigay ng serbisyo sa emergency room ng isang ospital ng hanggang 72 oras na supply ng inireresetang gamot para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital bilang bahagi ng inyong paggamot, sasakupin ng HPSM ang inireresetang gamot bilang bahagi ng inyong sakop na pang-emergency na pangangalaga. Kung bibigyan kayo ng mga reseta ng isang tagabigay ng serbisyo sa emergency room ng ospital na kailangan ninyong kunin sa isang parmasyang para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital, sasakupin ng Medi-Cal Rx ang naturang reseta.

Kung kailangan ninyo ng mga pang-emergency na supply ng gamot mula sa isang outpatient na parmasya habang nagbibiyaha, responsibilidad ng Medi-Cal Rx ang pagsakop sa gamot, at hindi ng HPSM. Kung kailangan ng parmasya ng tulong sa pagbibigay sa inyo ng mga pang-emergency na supply ng gamot, patawagin ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273.

### ***Mga serbisyo sa transportasyong pang-emergency***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo ng ambulansiya para matulungan kayong makarating sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa emergency. Ibig sabihin, seryoso talaga ang kondisyon ninyo na puwedeng maging panganib sa inyong buhay o kalusugan ang paglipat sa ibang lugar ng pangangalaga. Walang serbisyong sakop sa labas ng Estados Unidos maliban sa pang-emergency na pangangalaga kung saan kinakailangan ninyong maospital sa Canada o Mexico. Kung tumanggap kayo ng mga pang-emergency na serbisyo ng ambulansiya sa Canada at Mexico at hindi kayo



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

naospital sa naturang pangangalaga, hindi sasakupin ng HPSM ang inyong mga serbisyo ng ambulansiya.

### **Hospisyo at pangangalaga para maibsan ang pananakit (palliative care)**

Sakop ng HPSM ang pangangalaga sa hospisyo at pangangalaga para maibsan ang pananakit para sa mga bata at sapat ang gulang, na nakakatulong na bawasan ang pisikal, pandamdamin, panlipunan at espirituwal na mga kahirapan. Hindi puwedeng sabay na makakatanggap ang mga taong sapat ang gulang na 21 taong gulang pataas ng mga serbisyo para sa pangangalaga sa hospisyo at para sa paggamot (paggaling).

#### ***Pangangalaga sa hospisyo***

Ang pangangalaga sa hospisyo ay isang benepisyo para sa mga miyembrong may sakit na walang lunas. Para sa hospisyong pangangalaga, anim na buwan pababa dapat ang inaasahang tagal ng buhay ng miyembro. Isa itong paglunas na nakatuon sa pananakit at pamamahala sa sintomas kaysa sa pagpapagaling para mapahaba ang buhay.

Kabilang sa pangangalaga sa hospisyo ang:

- Mga serbisyo sa pangangalaga
- Mga serbisyong pisikal, occupational (para sa rehabilitasyon) o pananalita
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga serbisyo na katulong sa pantahanang pangangalaga sa kalusugan at tagagawang pantahanan
- Mga medikal na supply at kagamitan
- Ilang gamot at biological na serbisyo (posibleng magagamit ang iba sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyo ng pagpapayo
- Patuloy na mga serbisyo ng pangangalaga na 24 oras sa panahon ng krisis at kung kailangan para mapanatili sa bahay ang miyembrong may sakit na walang lunas
  - Inpatient na pangangalaga upang makapagpahinga ang tagapangalaga (respice care) nang hanggang sunurang limang araw sa isang ospital, pasilidad ng dalubhasang pangangalaga, o hospisyo
  - Panandaliang pangangalaga sa inpatient (pasyenteng namamalagi sa ospital) para maibsan ang pananakit o pamamahala ng sintomas sa isang ospital, pasilidad ng dalubhasang pangangalaga, o hospisyo

Posibleng kailanganin ng HPSM na kumuha kayo ng pangangalaga sa hospisyo mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa samahan maliban kung hindi available sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

samahan ang mga serbisyong medikal na kinakailangan.

### ***Pangangalaga para maibsan ang pananakit (palliative)***

Ang palliative care ay pangangalaga para maibsan ang pananakit na nakatuon sa pasyente at pamilya na nagpapahusay ng kalidad ng buhay sa pamamagitan ng antisipasyon, pag-agap, at paggamot sa pagdurusa. Available ang palliative na pangangalaga para sa mga bata at nasa hustong gulang na may malubha o nakamamatay na karamdaman. Hindi nito kinakailangan na magkaroon ang miyembro ng taning na anim na buwan o mas maikli. Ang pangangalaga para maibsan ang pananakit ay maisasabay sa pangangalagang paggamot.

Kabilang sa pangangalaga para maibsan ang pananakit ang:

- Maagang pagpapalano sa pangangalaga
- Pagtatasa at konsultasyon tungkol sa palliative care
- Plano ng pangangalaga kabilang ang lahat ng awtorisadong palliative at curative care
- Ang pangkat sa pag-aalaga para maibsan ang pananakit (palliative) ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:
  - Doktor ng medisina o osteopathy
  - Katulong ng doktor (Physician assistant)
  - Rehistradong nurse
  - Lisensiyadong vocational nurse o nurse practitioner
  - Social Worker
  - Chaplain
- Koordinasyon ng pangangalaga
- Pagkontrol sa kirot at sintomas
- Mga panlipunang serbisyo sa kalusugan ng isip at medikal

Ang mga sapat ang gulang na may edad 21 pataas ay hindi puwedeng sabay na makakatanggap ng pangangalaga para sa paggaling at pangangalaga sa hospisyo. Kung tumatanggap kayo ng pangangalaga para maibsan ang pananakit at kuwalipikado kayo para sa pangangalaga sa hospisyo, puwede kayong magpalipat sa pangangalaga sa hospisyo anumang oras.

### **Pamamalagi sa Ospital (Hospitalization)**

#### ***Mga serbisyo ng anestesiyolohista***

Sakop ng HPSM ang mga medikal na kinakailangang serbisyong anesthesiologist



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

habang ginagamit ang nasasakop na mga pagpapaospital. Ang anestesiyolohista ay tagabigay ng serbisyong may espesyalisasyon sa pagbibigay ng anestesiya sa mga pasyente. Ang anesthesia ay uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal o dental na procedure.

### ***Mga serbisyo sa pasyenteng namamalagi sa ospital***

Sakop ng HPSM ang mga medikal na kinakailangan na pangangalaga ng pasyenteng namamalagi sa ospital kapag na-admit kayo sa isang ospital.

### ***Rapid Whole Genome Sequencing***

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (RWGS) ay isang sakop na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na isang taong gulang pababa na nakakatanggap ng mga serbisyo sa ospital para sa pasyenteng namamalagi sa ospital sa isang yunit para sa masinsinang pangangalaga (intensive care unit). Kabilang dito ang individual sequencing, trio sequencing para sa magulang o mga magulang at kanilang sanggol na anak, at ultra-rapid sequencing.

Ang RWGS ay isang bagong paraan para matukoy kaagad ang mga kondisyon para mabago ang pangangalaga sa Yunit para sa Masinsinang Pangangalaga (intensive care unit, ICU) sa mga batang isang taong gulang pababa.

### ***Mga serbisyo sa operasyon***

Sinasakop ng HPSM ang mga medikal na kinakailangang operasyon na ginagawa sa ospital.

### ***Mga rehabilitative at habilitative (therapy) na serbisyo at aparato***

Kabilang sa benepisyong ito ang mga serbisyo at aparato para tulungan ang mga taong may pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na kondisyon para magkaroon o maipanumbalik ang mga kakayahang mental at pisikal.

Sakop ng HPSM ang mga rehabilitative at habilitative na serbisyo na inilalarawan sa seksiyong ito kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na itinatakda:

- Ang mga serbisyo ay medikal na kinakailangan
- Nilalayan ng mga serbisyo na tugunan ang isang kalagayan ng kalusugan
- Nilalayan ng mga serbisyo na tulungan kayong makapagpanatili, matuto, o makapagpahusay ng mga kasanayan at paggana para sa pang-araw-araw na pamumuhay



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Nakakatanggap kayo ng mga serbisyo sa isang pasilidad na kasama sa samahan, maliban na lang kung matutukoy ng doktor na kasama sa samahan na ito na medikal na kinakailangang matanggap ninyo ang mga serbisyo sa ibang lokasyon, o ang isang pasilidad na kasama sa samahan ay hindi magagamit para gamutin ang kalagayan ng kalusugan ninyo

### ***Sinasakop ng HPSM ang mga rehabilitative/habilitative na serbisyong ito:***

#### ***Acupuncture***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyong acupuncture para maiwasan, mabago, o malunasan ang pakiramdam ng matindi at walang tigil na pananakit dahil sa kondisyong medikal na pangkalahatang kinikilala.

Ang mga serbisyong acupuncture para sa mga outpatient na pasyente, mayroon man o walang estimulasyong elektrikal sa mga karayom, ay limitado sa dalawang serbisyo sa isang buwan. Hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga anak na mas bata sa 21 taong gulang. Maaaring idaan sa paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) ng HPSM ang mga serbisyo kapag medikal na kinakailangan.

#### ***Audiology (sakit sa pandinig at balanse)***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyong audiology (sakit sa pandinig at balanse). Nalilimitahan ang audiology (sakit sa pandinig at balanse) ng pasyenteng hindi namamalagi sa ospital sa dalawang serbisyo bawat buwan (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring idaan sa paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) ng HPSM ang mga serbisyo kapag medikal na kinakailangan.

#### ***Paggamot sa kalusugan ng pag-uugali (Behavioral health treatments)***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo sa paggamot para sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health treatment, BHT) para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng benepisyo ng Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager. Kabilang sa BHT ang mga serbisyo at programa sa paggamot, tulad ng mga programa sa paggamit sa pagsusuri sa pag-uugali at interbensiyon sa pag-uugali batay sa mga ebidensiya, na nagpapaunlad o nagpapanumbalik, sa pinakamataas na antas na magagawa, sa kakayahan ng miyembro na wala pang edad 21.

Nagtuturo ng kakayahan ang serbisyong BHT gamit ang pagmamasid ng pag-uugali at pagsusog, o sa pamamagitan ng paghikayat para maituro ang bawat hakbang ng isang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

pinagtutuunang pag-uugali. Batay ang mga serbisyo ng BHT sa maaasahang ebidensiya. Hindi pang-eksperimento ang mga ito. Kabilang sa mga halimbawa ng mga serbisyong BHT ang mga pagtulong sa pag-uugali, mga cognitive behavioral intervention packages, malawak na paggamot sa pag-uugali at applied na pagsusuri sa pag-uugali.

Dapat na ay medikal na kinakailangan ang mga serbisyong BHT, inireseta ng lisensiyadong doktor o sikolohista, aprobadong HPSM, at isinagawa sa paraang sumusunod sa aprobadong plano ng paggamot.

### ***Muling pagpapagaling na nauukol sa puso***

Sakop ng HPSM ang mga muling pagpapagaling na serbisyo sa puso para sa mga pasyenteng namamalagi at hindi namamalagi sa ospital.

### ***Matibay na kagamitang medikal (Durable medical equipment, DME)***

- Sakop ng HPSM ang pagbili o pagrenta ng mga DME supply, kagamitan, at iba pang serbisyong may reseta ng doktor, katulong ng doktor, nurse practitioner, at klinikal na espesyalistang nurse. Sakop ang mga ipinapayong produktong DME kapag medikal na kinakailangan para mapanatili ang kakayahang makakilos ng katawan na importante sa mga aktibidad sa araw-araw na pamumuhay o para maiwasan ang pangunahing kapansanang pisikal.
- Sakop ng Medi-Cal Rx ang mga disposable na pang-outpatient na device na karaniwang available mula sa isang parmasya para sa pagsusuri ng blood glucose o ihi, gaya ng mga blood glucose monitor para sa diabetes, mga tuloy-tuloy na glucose monitor, mga test strip, at mga lancet.

Sa pangkalahatan, hindi sakop ng HPSM ang mga sumusunod:

- Mga kagamitan, feature, at supply para sa kaginhawaan, kaalwanaan, o karangyaan, maliban para sa mga retail-grade na breast pump gaya ng naunang inilarawan sa kabanatang ito sa ilalim ng “Mga breast pump at supply” sa “Pangangalaga sa ina at sa bagong silang”
- Mga item na hindi idinisenyo para sa pagpapanatili ng mga normal na mga aktibidad sa araw-araw na pamumuhay, gaya ng kagamitan para sa pag-eehersisyo kabilang ang mga kagamitang naglalayong magbigay ng higit pang suporta para sa paglilibang o sports
- Kagamitan para sa kalinisan ng pangangatawan, maliban na lang kung medikal na kinakailangan para sa isang miyembrong wala pang edad 21
- Mga hindi medikal na item gaya ng mga sauna bath o elevator



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Mga modipikasyon sa bahay ninyo (maliban kung available at iniaalok sa Mga Pangkomunidad na Suporta) o kotse
- Mga electronic monitor ng puso o baga maliban sa mga apnea monitor para sa mga sanggol
- Pagpapaayos o pagpapalit ng kagamitan dahil sa pagkawala, pagkanakaw, o iba pang maling paggamit, maliban na lang kung medikal na kinakailangan, para sa isang miyembrong wala pang edad 21
- Iba pang item na kadalasang hindi ginagamit para sa pangangalaga sa kalusugan sa pangkalahatan

Sa ilang pagkakataon, puwedeng aprubahan ang mga item na ito kapag nagsumite ang inyong doktor ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) at ang mga item ay medikal na kinakailangan at natutugunan ang depinisyon ng DME.

### ***Enteral at parenteral na nutrisyon***

Ang mga pamamaraang ito na naghahatid ng nutrisyon sa katawan ay ginagamit kapag hadlang ang kondisyong medikal para makakain kayo nang normal. Kapag medikal na kinakailangan, maaaring masakop sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx ang enteral (pagpasok ng nutrisyon gamit ang tubo sa gastrointestinal tract o mula bibig hanggang bituka) at parenteral (pagturok sa ugat o kalamnan) na mga pangnutrisyong produkto. Puwede ring sakupin ng HPSM ang mga enteral at parenteral pump at tubing, kapag medikal na kinakailangan.

### ***Mga aparatong pantulong sa pandinig (hearing aid)***

Sakop ng HPSM ang mga hearing aid (mga aparatong pantulong sa pandinig) kapag napag-alaman sa isang test na bingi kayo, kapag medikal na kinakailangan ang mga ito, at kung may reseta kayo mula sa inyong doktor. Limitado ang pagkakasakop sa hearing aid na may pinakamababang gastos na makakatugon sa inyong mga medikal na pangangailangan. Sasakupin ng HPSM ang isang hearing aid maliban na lang kung kailangan ng hearing aid para sa bawat tainga para sa mas magagandang resulta kaysa sa makukuha ninyo sa isang hearing aid.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang:

Sa San Mateo County, sinasakop ng HPSM ang mga medikal na serbsisyong kuwalipikado sa CCS, kasama ang mga hearing aid. Sasakupin ng HPSM ang mga hearing aid na medikal na kinakailangan bilang bahagi ng pagkakasakop sa Medi-Cal.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong 21 taong gulang pataas.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasakupin ng HPSM ang mga sumusunod para sa bawat sakop na hearing aid:

- Mga ear mold na kailangan para sa pagsusukat
- Isang standard na battery pack
- Mga pagbisita para matiyak na gumagana nang tama ang hearing aid
- Mga pagbisita para sa paglilinis at pagsusukat ng inyong hearing aid
- Pagkumpuni sa inyong hearing aid
- Mga accessory at pagrenta ng hearing aid

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasakupin ng HPSM ang isang pamalit na hearing aid kung:

- Hindi sapat ang kasalukuyan ninyong hearing aid para maitama ang pagkabingi ninyo
- Nawala, nanakaw, o nasira ang inyong hearing aid at hindi na ito maaayos pa at hindi naman ninyo kasalanan. Dapat kayong magbigay sa amin ng tala kung paano ito nangyari

Para sa mga nasa hustong gulang edad 21 pataas, **hindi** sakop ng Medi-Cal ang mga sumusunod:

- Mga pamalit na baterya ng hearing aid

### ***Mga serbisyong pangkalusugan sa bahay***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo sa kalusugan na ipinagkaloob sa inyong tahanan kapag medikal na kinakailangan at inireseta ng inyong doktor o ng isang katulong ng doktor, nurse practitioner, o clinical nurse specialist.

Limitado ang mga serbisyong pangkalusugan sa bahay na sakop ng Medi-Cal, kasama ang:

- Part-time na dalubhasang pangangalaga ng nurse
- Part-time na katulong sa pantahanang pangangalaga sa kalusugan
- Skilled physical, occupational, at speech therapy
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga Medikal na Supply

### ***Mga medikal na supply, kagamitan, at kasangkapan***

Saklaw ng HPSM ang mga medikal na supply na inireseta ng mga doktor, katulong ng doktor, nurse practitioner, at clinical nurse specialist. Ang ilang medikal na supply ay sakop sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, bahagi ng Bayad Kapital ng Serbisyo (Fee-for-Service, FFS) Medi-Cal, at hindi ng HPSM. Kapag sinakop ng Medi-Cal Rx ang mga



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

supply, sisingilin ng tagabigay ng serbisyo ang Medi-Cal.

**Hindi** sakop ng Medi-Cal ang:

- Mga karaniwang gamit sa bahay, kabilang ang, pero hindi limitado sa:
  - Adhesive tape (lahat ng klase)
  - Rubbing alcohol
  - Cosmetics
  - Mga cotton ball at swab
  - Mga pulbos
  - Mga pamunas na tisyu
  - Witch hazel
- Mga karaniwang remedyo sa bahay, kabilang ang, pero hindi limitado sa:
  - White petrolatum
  - Mga langis at lotion para sa tuyong balat
  - Mga produktong talc at kumbinasyon ng talc
  - Mga oxidizing agent gaya ng hydrogen peroxide
  - Carbamide peroxide at sodium perborate
- Mga shampoo na hindi kailangan ng reseta
- Mga ipinapahid na preparation na naglalaman ng benzoic at salicylic acid ointment, salicylic acid cream, ointment o liquid at zinc oxide paste
- Iba pang item na kadalasang hindi ginagamit para sa pangangalaga sa kalusugan at regular at pangunahing ginagamit ng mga taong walang partikular na medikal na pangangailangan para sa mga ito

### ***Occupational therapy***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo ng occupational therapy, kabilang na ang ebalwasyon ng occupational therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, paggabay, at mga serbisyo ng konsultasyon. Limitado ang mga serbisyo ng occupational therapy sa dalawang serbisyo bawat buwan (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring idaan sa paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) ng HPSM ang mga serbisyo kapag medikal na kinakailangan.

### ***Orthotics (Ortotik)/prostheses***

Sinasakop ng HPSM ang orthotic at prosthetic na aparato at mga serbisyo na medikal na kailangan at ipinayo ng inyong doktor, podiatrist, dentista, o di-doktor na medikal na tagabigay ng serbisyo. Kabilang sa mga ito ang mga na-implant na hearing device, mga prosthesis/mastectomy (operasyon sa pagtatanggal ng suso) bra para sa suso, compression burn na garment at prostetiko (prosthetics) para maibalik ang pagganap o



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

palitan ang bahagi ng katawan, o para suportahan ang humina o napinsalang bahagi ng katawan.

### ***Mga ostomy at urological na supply***

Sakop ng HPSM ang mga ostomy bag, urinary catheter, draining bag, irrigation supply, at adhesive. Hindi kabilang dito ang mga supply na para sa ginhawa o kagamitan o tampok para sa kaalwanaan o luho.

### ***Physical therapy***

Sinasaklaw ng HPSM ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa physical therapy kapag inireseta ng isang doktor, dentista, o podiatrist. Kabilang sa mga serbisyo ang ebalwasyon ng physical therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, paggabay, mga serbisyo ng konsultasyon, at paggamit ng mga gamot na ipinapahid. Limitado sa anim na buwan ang mga reseta at puwedeng i-renew kung medikal na kinakailangan.

### ***Rehabilitasyon ng Baga***

Sakop ng HPSM ang pagpapagaling ng baga na medikal na kinakailangan at inirerekomenda ng doktor.

### ***Mga serbisyo sa pasilidad ng dalubhasang pangangalaga (Skilled nursing facility)***

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo ng pasilidad ng dalubhasang pangangalaga, kapag medikal na kinakailangan, kung may kapansanan kayo, at kailangan ng mataas na antas ng pangangalaga. Kabilang sa mga serbisyong ito ang silid at pisara sa lisensiyadong pasilidad na may dalubhasang pangangalaga sa loob ng 24 oras kada araw.

### ***Therapy sa pananalita (Speech therapy)***

Sakop ng HPSM ang speech therapy na medikal na kinakailangan at inirereseta ng isang doktor o dentista. Limitado sa anim na buwan ang mga reseta at puwedeng i-renew kung medikal na kinakailangan. Limitado sa dalawang serbisyo kada buwan ang mga serbisyong speech therapy. Hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga anak na mas bata sa 21 taong gulang. Puwedeng paunang aprobahan (paunang awtorisahan) ng HPSM ang mahigit sa dalawang serbisyo kada buwan kung medikal na kinakailangan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### Mga serbisyo para sa transgender

Sakop ng HPSM ang mga serbisyo para sa transgender (mga gender-affirming na serbisyo) kapag medikal na kinakailangan o kapag nakakatugon ang mga serbisyo sa panuntunan para sa operasyon para sa pagbabalik-ano.

### Mga klinikal na trial

Sakop ng HPSM ang mga gastusin ng pasyente para sa regular na pangangalaga para sa mga pasyenteng tinaggap sa mga klinikal na trial, kasama ang mga klinikal na trial para sa kanser, na nakalista para sa United States sa <https://clinicaltrials.gov>. Sinasakop ng Medi-Cal Rx, bahagi ng FFS Medi-Cal, ang karamihan sa mga inireresetang gamot ng pasyenteng hindi namamalagi sa ospital. Para matuto pa, basahin ang “Mga inireresetang gamot para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital” mamaya sa kabanatang ito.

### Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology

Sinasakop ng HPSM ang mga serbisyong laboratoryo at x-ray para sa mga pasyenteng hindi namamalagi sa ospital at pasyenteng namamalagi sa ospital kapag medikal na kinakailangan. Sakop ng abanteng imaging procedure, gaya ng mga CT scan, MRI, at PET scan, batay sa medikal na pangangailangan.

### Mga serbisyong pag-agap sa sakit at wellness at pamamahala ng sakit na hindi gumagaling

Kasama sa mga sinasakop ng HPSM ang mga sumusunod, pero hindi limitado sa mga ito:

- Mga bakunang rekomendado ng Komiteng Tagapayo sa mga Gawain ng Pagbabakuna (Advisory Committee for Immunization Practices, ACIP)
- Mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya
- Mga rekomendasyon ng Bright Futures ng American Academy of Pediatrics ([https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf))
- Pag-eeksamen para sa hindi magagandang karanasan noong kabataan (adverse childhood experiences, ACE)
- Mga serbisyo para sa pag-iwas sa sakit na hika
- Mga serbisyo para sa pag-agap sa sakit para sa kababaihan na rekomendado ng American College of Obstetricians and Gynecologists
- Tulong sa paghinto sa paninigarilyo, tinatawag ding mga serbisyo sa pagtigil sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

paninigarilyo

- Mga serbisyo para sa pag-agap sa sakit na nasa mga Grade A at B na rekomendado ng United States Preventive Services Task Force

### ***Mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya***

Ang mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya ay ibinibigay sa mga miyembrong puwede nang manganak para mabigyan sila ng pagkakataon na matiyak ang bilang at pagitan ng kanilang mga anak. Kasama sa mga serbisyong ito ang lahat ng paraan sa pagkontrol ng panganganak na inaprobahan ng Food and Drug Administration o Administrasyon ng Pagkain at Gamot (FDA). Ang mga espesyalista na PCP at OB/GYN ng HPSM ay makokonsulta para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, makakapili kayo ng sinumang doktor o anumang klinika sa Medi-Cal na hindi kasama sa samahan ng HPSM nang hindi kailangang kumuha ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) sa HPSM. Kung kukuha kayo ng mga serbisyong walang kaugnayan sa pagpapalano ng pamilya mula sa isang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan, posibleng hindi masakop ang mga serbisyong iyon. Para alamin ang higit pa, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

### ***Pangangasiwa sa mga hindi gumagaling na sakit***

Sakop din ng HPSM ang mga programa sa pagkontrol ng hindi gumagaling na sakit na nakatuon sa mga sumusunod na kondisyon:

- Diabetes
- Sakit sa puso at ugat (Cardiovascular disease)
- Hika

Para sa impomasyon sa pangangalagang pang-agap sa sakit para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, basahin ang Kabanata 5, “Well care para sa bata at kabataan” sa aklat-gabay na ito.

### **Programa sa Pag-agap sa Diabetes**

Ang Programa sa Pag-agap sa Diyabetis (Diabetes Prevention Program o DPP) ay isang programa sa pagbabago ng pamumuhay na batay sa ebidensiya. Ang 12 buwang programang ito ay nakatuon sa mga pagbabago sa pamumuhay. Idinisenyo ito para maiwasan o maantala ang simula ng Type 2 diabetes sa mga taoang natukoy na may prediabetes. Ang mga miyembrong makakatugon sa mga pamantayan ay posibleng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

maging kuwalipikado para sa pangalawang taon. Nagbibigay ng kaalaman at suporta ng grupo ang programa. Kabilang sa mga technique ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagkakaloob ng isang peer coach
- Pagtuturo ng pagmonitor sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng lakas ng loob at payo
- Pagbibigay ng mga materyal ng impormasyon para masuportahan ang mga layunin
- Sinusundan ang mga karaniwang pagkuha ng timbang upang magawa ang mga layunin

Dapat matugunan ng mga miyembro ang ilang partikular na panuntunan para makasali sa DPP. Tumawag sa HPSM para malaman kung kuwalipikado kayo sa programa.

### **Mga serbisyo sa pagsasaayos ng anyo**

Sakop ng HPSM ang mga pag-opera para maiwasto o ayusin ang mga abnormal na mga istruktura ng katawan para mapahusay o lumikha ng normal na anyo hangga't maaari. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay ang mga likha ng depekto mula noong ipinanganak, depekto sa pag-develop ng katawan, trauma, impeksiyon, tumor, sakit, o paggamot ng sakit na resulta ng pagkawala ng istruktura ng katawan, tulad ng mastectomy (operasyon sa pagtatanggal ng suso). Posibleng magkaroon ng ilang limitasyon at eksepsiyon.

### **Mga serbisyo sa pag-eeksamen sa problema sa paggamit ng substance (substance use disorder, SUD)**

Sakop ng HPSM ang:

- Pag-eeksamen, Pagtatasa, Maikling Interbensyon, at Referral sa Paggamot (Screening, Assessment, Brief Interventions, and Referral to Treatment, SBIRT) para sa Alak at Gamot

Para sa pagkakasakop ng paggamot sa county, basahin ang “Mga serbisyo sa paggamot sa problema sa paggamit ng substance (substance use disorder, SUD)” sa kabanata ring ito.

### **Mga benepisyo sa paningin**

Sakop ng HPSM ang:

- Regular na eksaminasyon sa mata nang isang beses bawat 24 buwan; sakop ang mga mas madalas na eksaminasyon ng mata kung medikal na kinakailangan para



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- sa mga miyembro, gaya ng mga may diabetes
- Mga salamin sa mata (mga frame at lens) nang isang beses bawat 24 na buwan nang may valid kayong reseta
  - Mga pamalit na salamin sa mata sa loob ng 24 buwan kung nagpalit kayo ng reseta o kung ang inyong salamin sa mata ay nawala, nanakaw, o nasira at hindi na maaayos pa, at hindi naman ninyo kasalanan. Dapat kayong magbigay sa amin ng tala kung paano nawala, nanakaw, o nasira ang inyong salamin sa mata.
  - Hindi maitatama ng mga device para sa malabong paningin kung mayroon kayong problema sa paningin na nakakaapekto sa inyong kakayahang magsagawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad (gaya ng macular degeneration na may kaugnayan sa edad) at mga karaniwang salamin sa mata, contact lens, gamot, o operasyon ang inyong problema sa paningin.
  - Mga contact lens na medikal na kinakailangan. Puwedeng sakupin ang pagsubok ng contact lens at mga contact lens kung imposible ang paggamit ng salamin sa mata dahil sa sakit sa mata o kondisyon (gaya ng kulang ng tainga). Kabilang sa mga kondisyong medikal na kuwalipikado para sa mga espesyal na contact lens ang, ngunit hindi limitado sa aniridia, aphakia, at keratoconus.
  - Mga serbisyo at materyales para sa artipisyal na mata para sa mga miyembrong nawalan ng mata o mga mata dahil sa sakit o pinsala.

### **Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi emergency**

Puwede kayong makakuha ng medikal na transportasyon kung mayroon kayong mga medikal na pangangailangan kaya hindi kayo puwedeng sumakay ng kotse, bus, tren, taxi, o iba pang anyo ng pampubliko o pribadong transportasyon papunta sa inyong mga appointment para sa pangangalagang medikal. Puwede kayong makakuha ng medikal na transportasyon para sa mga sakop na serbisyo at mga appointment sa parmasya na sakop ng Medi-Cal. Puwede kayong humiling ng medikal na transportasyon sa pamamagitan ng paghiling nito sa inyong o tagabigay ng serbisyo. Kasama rito ang inyong doktor, dentista, podiatrist, physical therapist, speech therapist, occupational therapist, tagabigay ng serbisyo para sa kalusugan ng isip o problema sa paggamit ng substance (substance use disorder, SUD), katulong ng doktor, nurse practitioner, o sertipikadong komadronang nurse. Ang tagabigay ng serbisyo ninyo ang magpapasya tungkol sa tamang uri ng transportasyon para tugunan ang inyong mga pangangailangan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Kung mapag-aalaman niya na kailangan ninyo ng medikal na transportasyon, irerekomenda niya ito sa pamamagitan ng pagsagot sa isang form at pagsusumite nito sa HPSM. Kapag naaprubahan na, may bisa ang aprobasyon sa loob ng hanggang 12 buwan depende sa medikal na pangangailangan. Kapag naaprubahan na, puwede kayong kumuha ng kahit ilang sakay na kailangan ninyo para sa inyong sakop na mga medikal na appointment at appointment sa parmasya. Kakailanganing suriin ulit ng inyong tagabigay ng serbisyo ang inyong medikal na pangangailangan para sa medikal na transportasyon at, kung naaangkop, muling aprobahan ang inyong reseta para sa medikal na transportasyon kapag nawalang bisa na ito, kung kuwalipikado pa rin kayo. Posibleng muling aprobahan ng inyong doktor ang medikal na transportasyon para sa hanggang 12 buwan o mas mababa.

Ang transportasyong medikal ay transportasyon sa isang ambulansiya, litter van, wheelchair van o biyaheng himpapawid (air transport). Pinahihintulutan ng HPSM ang transportasyong medikal na pinakamababa ang bayarin para sa inyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan ninyo ng sasakyan patungo sa inyong appointment. Ibig sabihin halimbawa, na kung pisikal o medikal na kaya kayong maibiyahe sa pamamagitan wheelchair van, hindi magbabayad ng ambulansiya ang HPSM. Kuwalipikado lamang kayo sa biyaheng himpapawid kung imposible ang biyaheng panlupa dahil sa inyong kondisyong medikal.

Makakakuha kayo ng medikal na transportasyon kung:

- Pisikal o medikal itong kinakailangan nang may nakasulat na awtorisasyon ng inyong tagabigay ng serbisyo dahil hindi ninyo kayang sumakay ng kotse, bus, tren, taxi, o iba pang anyo ng pampubliko o pribadong transportasyon para pumunta sa inyong appointment dahil sa inyong pisikal o medikal na kondisyon.
- Kailangan ninyo ng tulong mula sa driver papunta at mula sa inyong tirahan, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa isang pisikal na kapansanan o kapansanan sa isip.

Para humiling ng mga medikal na transportasyon na inirekomenda ng inyong doktor para sa mga hindi agaran (regular) na appointment, tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) kahit limang (5) araw ng negosyo man lang (Lunes-Biyernes) bago ang inyong appointment. Para sa mga agarang appointment, tumawag kaagad. Pakihanda ang inyong ID Card ng miyembro ng HPSM kapag tumawag kayo.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### **Mga limitasyon ng medikal na transportasyon**

Nagbibigay ang HPSM ng pinakamurang transportasyong medikal na makakatugon sa inyong mga medikal na pangangailangan papunta sa pinakamalapit na tagabigay ng serbisyo mula sa inyong bahay kapag puwede ang appointment. Hindi kayo makakakuha ng medikal na transportasyon kung hindi sasakupin ng Medi-Cal ang serbisyong kinukuha ninyo, o hindi ito appointment sa parmasya na sakop ng Medi-Cal. May listahan ng mga sakop na serbisyo sa seksiyong “Mga benepisyo at serbisyo” sa Kabanata 4 ng aklat-gabay na ito.

Kung sasakupin ng Medi-Cal ang uri ng appointment pero hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, hindi sasakupin ng HPSM ang medikal na transportasyon pero tutulungan kayo nitong mag-iskedyul ng inyong transportasyon sa Medi-Cal. Hindi sakop ng transportasyon ang labas ng samahan o pinaglilingkurang lugar ng HPSM maliban na lang kung nauna nang pinahintulutan (paunang awtorisado) ng HPSM. Para matuto pa o para humiling ng medikal na transportasyon, tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

### **Gastos ng miyembro**

Walang gastos kapag HPSM ang nag-asikaso ng transportasyon.

### ***Paano makakuha ng hindi medikal na transportasyon***

Kabilang sa inyong mga benepisyo ang sakay papunta sa inyong mga appointment kapag ang appointment ay para sa isang sakop na serbisyo ng Medi-Cal at wala kayong access sa transportasyon. May masasakyan kayo nang libre kapag nasubukan na ninyo ang lahat ng iba pang paraan para makakuha ng transportasyon at kayo ay:

- Bumibiyahe papunta at pauwi mula sa isang appointment para sa isang serbisyo ng Medi-Cal na awtorisado ng inyong tagabigay ng serbisyo, o
- Kumukuha ng mga reseta at medikal na supply

Pinahihintulutan kayo ng HPSM na gumamit ng kotse, taxi, bus, o iba pang pampubliko o pribadong paraan sa pagpunta ninyo sa appointment para sa mga sakop na serbisyo ng Medi-Cal. Sasakupin ng HPSM ang pinakamurang uri ng hindi medikal na transportasyon na nakakatugon sa inyong mga pangangailangan.

Minsan, puwede kayong i-reimbure (ibalik ang ginastos ninyo) ng HPSM para sa mga pagsakay sa isang pribadong sasakyang kayo ang nag-asikaso. Dapat aprubahan ito ng HPSM bago kayo makakakuha ng masasakyan. Dapat ninyong sabihin sa amin



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

kung bakit hindi kayo puwedeng sumakay sa ibang paraan, gaya ng bus. Puwede kayong tumawag, mag-email, o sabihin ito sa amin nang personal. Kung mayroon kayong access sa transportasyon o maipapagmaneho ninyo ang inyong sarili sa appointment, hindi ibabalik ng HPSM ang gastos ninyo. Ang benepisyo ay para lang sa mga miyembrong walang access sa transportasyon.

Para sa reimbursement ng mileage para sa isang aprobadong pagsakay sa pribadong sasakyan, dapat kayong magsumite ng mga kopya ng mga sumusunod na dokumentasyon ng driver:

- Valid na lisensiya sa pagmamaneho,
- Valid na rehistro ng sasakyan, at
- Valid na insurance ng sasakyan.

Para humiling ng masasakyan para sa mga serbisyo, tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) o ang American Logistic (AL) sa 1-844-856-4389 kahit dalawang (2) araw ng negosyo man lang (Lunes-Biyernes) bago ang inyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kayong agarang appointment. Pakihanda ang inyong ID Card ng miyembro ng HPSM kapag tumawag kayo.

Ang isang magulang o tagapag-alaga ay dapat magbigay ng nakasulat na pahintulot bago humiling ng hindi medikal na transportasyon para sa isang walang kasamang menor de edad. Maipapadala ang nakasulat na pahintulot sa pamamagitan ng email sa [MemberServicesSupport@hpsm.org](mailto:MemberServicesSupport@hpsm.org) o isumite sa FAX sa 650-616-8581. Ang HPSM ay magpapadala ng kopya ng nakasulat na pahintulot sa AL.

Para sa kumpletong impormasyon sa kung paano gagamitin ang inyong benepisyo sa hindi medikal na transportasyon, pakitingnan ang kalakip na papel na “Paano Gamitin ang Inyong Benepisyo sa Pagsakay.” Naglalaman ang papel na ito ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kung paano magbu-book ng sakay at mga limitasyon ng benepisyong ito.

**Tandaan:** Puwede ring makipag-ugnayan ang mga American Indian sa kanilang Tagabigay ng Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa mga Indian para humiling ng hindi medikal na transportasyon.

### **Mga limitasyon ng hindi medikal na transportasyon**

Nagbibigay ang HPSM ng pinakamurang hindi medikal na transportasyon na makakatugon sa inyong mga pangangailangan papunta sa pinakamalapit na tagabigay



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ng serbisyo mula sa inyong bahay kapag puwede ang appointment. Hindi puwedeng ipagmaneho ng mga miyembro ang kanilang sarili o direktang ma-reimburse para sa hindi medikal na transportasyon. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) o American Logistics (AL) sa 1-844-856-4389.

### **Hindi nalalapat ang hindi medikal na transportasyon kung:**

- Medikal na kinakailangan ang isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang anyo ng medikal na transportasyon para makapunta sa isang sakop na serbisyo ng Medi-Cal.
- Kailangan ninyo ang tulong ng driver papunta at pabalik sa tirahan, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa kondisyong pisikal o medikal
- Kung nasa wheelchair kayo at hindi makapasok at makalabas ng sasakyan nang walang tulong ng driver.
- Hindi sasakupin ng Medi-Cal ang serbisyo.

### **Gastos ng miyembro**

Walang gastos kapag HPSM ang nag-asikaso para sa hindi medikal na transportasyon.

### **Mga gastos sa biyahe**

Sa ilang partikular na sitwasyon, kung kailangan ninyong bumiyahe para sa mga appointment sa doktor na hindi makukuha malapit sa inyong tahanan, maaaring sakupin ng HPSM ang mga gastusin sa biyahe tulad ng mga pagkain, pamamalagi sa hotel, at iba pang kaugnay na gastusin tulad ng paradahan, mga toll, atbp. Puwede ring sakupin ang mga gastos sa pagbiyahe na ito para sa isang taong bumibiyahe kasama ninyo para tulungan kayo sa inyong appointment o sa isang taong nag-donate ng isang organ sa inyo para sa pag-transplant ng organ. Kailangan ninyong humiling ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) para sa mga serbisyong ito sa pamamagitan ng pagkontak sa HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) o American Logistics (AL) sa 1-844-856-4389.

### **Mga serbisyo HPSM Dental**

Kung isa kayong miyembro ng Health Plan of San Mateo (HPSM), HPSM din ang nagbibigay ng inyong mga serbisyo para sa ngipin mula sa Medi-Cal. Makakahingi ng tulong ang mga miyembro ng HPSM sa paghahanap ng dentista o pagkuha ng mga serbisyo para sa ngipin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Kung miyembro kayo ng Planong Pangkalusugan ng Kaiser



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Foundation at kailangan ninyo ng tulong sa paghahanap ng dentista o gusto ninyong matuto pa tungkol sa mga serbisyo para sa ngipin, tumawag sa Center ng Serbisyo sa Telepono para sa Ngipin ng Medi-Cal sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 7-1-1). O pumunta sa website ng Medi-Cal Dental sa <https://www.dental.dhcs.ca.gov> o <https://smilecalifornia.org/>.

Sakop ng Medi-Cal ang mga serbisyo para sa ngipin, kasama ang:

- Pagtukoy (diagnostic) at pag-agap (preventive) sa sakit sa ngipin tulad ng mga eksaminasyon, X-ray, at paglilinis ng ngipin
- Pang-emergency na pangangalaga sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbunot sa ngipin
- Mga pasta
- Mga pagsasaayos ng root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (panakip sa ngipin)
- (prefabricated/laboratory)
- Pagkayod at pagkatam sa ngipin (scaling and root planing)
- Kompleto at hindi kompletong pustiso
- Orthodontics (ortodontiks o sangay ng medisina na pangangalaga ng ngipin na sungki o hindi pantay at ng mga panga) para sa mga batang kuwalipikado
- Topical fluoride

### Mga dental check-up para sa mga bata

Panatilihin malinis ang mga gilagid ng inyong sanggol sa pamamagitan ng dahan-dahang pagpupunas ng mga gilagid gamit ang isang katsa araw-araw. Sa loob ng humigit-kumulang apat hanggang anim na buwan, “magngingipin” na ang sanggol sa pagtubo ng mga unang ngipin. Dapat kayong magpa-appointment para sa unang pagbisita ng inyong anak para sa pangangalaga sa ngipin sa sandaling tumubo na ang unang ngipin niya o kaya ay sa una niyang kaarawan, alinman ang mauna.

Ang mga sumusunod na serbisyo sa pangangalaga ng ngipin ng HPSM ay mga libre o murang serbisyo para sa:

Mga sanggol na 1 hanggang 4 na taong gulang

- Unang pagbisita ng sanggol para sa pangangalaga sa ngipin
- Unang eksaminasyon ng sanggol para sa pangangalaga sa ngipin
- Mga eksaminasyon para sa pangangalaga sa ngipin (bawat 6 buwan; bawat 3 buwan mula pagkapanganak hanggang edad 3)
- Mga x-ray
- Pagpapalinis ng ngipin (bawat 6 buwan)
- Fluoride varnish



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 4 Mga Benepisyo at Serbisyo

- Mga pasta
  - Pagbunot ng ngipin
  - Mga pang-emergency na serbisyo
  - Mga serbisyo para sa pasyenteng
- hindi namamalagi sa ospital (outpatient)
- \*Sedation (kung medikal na kinakailangan)

### Mga batang 5-12 taong gulang

- Mga eksaminasyon para sa pangangalaga ng ngipin (bawat 6 buwan)
  - Mga x-ray
  - Fluoride varnish
  - Pagpapalinis ng ngipin (bawat 6 buwan)
  - Mga molar sealant
- Mga pasta
  - Mga root canal
  - Mga pang-emergency na serbisyo
  - Mga serbisyo para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital (outpatient)
  - \*Sedation (kung medikal na kinakailangan)

### Mga batang 13-20 taong gulang

- Mga eksaminasyon para sa pangangalaga ng ngipin (bawat 6 buwan)
  - Mga x-ray
  - Fluoride varnish
  - Pagpapalinis ng ngipin (bawat 6 buwan)
  - Orthodontics (braces) para sa mga kuwalipikado
  - Mga pasta
- Mga crown (panakip sa ngipin)
  - Mga root canal
  - Pagbunot ng ngipin
  - Mga pang-emergency na serbisyo
  - Mga serbisyo para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital (outpatient)
  - \*Sedation (kung medikal na kinakailangan)

\*Dapat isaalang-alang ang paggamit ng sedation at general anesthesia kapag dokumentado kung bakit hindi naaangkop o nakontra-indikasyon ang lokal na anestesya, at ang dental na paggamot ay nauna nang inaprubahan o hindi kailangan ang paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon).

Kabilang sa mga kontra-indikasyon ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga kondisyon ng katawan, pag-uugali, development, o emosyon na humahadlang sa pasyente na tumugon sa mga pagtatangka ng tagabigay ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

serbisyo na isagawa ang paggamot

- Mga ekstensibong restorative o pang-operasyong procedure
- Hindi kooperatibong anak
- Malubhang impeksiyon sa bahaging na-iniksiyonan
- Pagkabigo ng lokal na anestesya na kontrolin ang pananakit

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, o kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahanap ng dentista sa Samahan ng HPSM Dental, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2922 o 7-1-1). Puwede rin ninyong bisitahin ang website ng HPSM sa [www.hpsm.org/dental](http://www.hpsm.org/dental) para sa higit pang impormasyon.

Para makatanggap ng mga serbisyo para sa ngipin, kailangan ninyo ng isang ID card ng Miyembro ng HPSM at isang Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC). Maaaring gusto ng inyong dentista na gamitin ang inyong Medi-Cal BIC para kumpirmahin ang pagiging kuwalipikado ninyo sa Medi-Cal. Plastic na card ang BIC. Mayroon itong “poppy flower” o “asul at puting” disenyo.

|                                                                                                                                                                             |                                                                                                                                                         |
|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|         |                                                                                                                                                         |
| <b>Name:</b><br><b>John C Sample</b><br><b>Date of Birth:</b><br><b>MM/DD/YYYY</b><br><b>HPSM ID:</b><br><b>123456789</b><br><b>Card Issue Date:</b><br><b>MM/DD/YYYY</b>   | <b>Medi-Cal Rx</b><br>(for drug benefits only)<br><b>Medi-Cal IDN</b> 123456789<br><b>GIN</b> 022659<br><b>PCN</b> 6334225<br><b>GROUP ID</b> MediCalRx |
| For information about your medical and dental benefits<br>call Member Services: 1-800-750-4776 or visit <a href="http://www.hpsm.org">www.hpsm.org</a> .<br>State Regulated |                                                                                                                                                         |

|                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                           |                                                                                                                                                                       |                                                                                                                                                                                                                             |                                                                                                                                                                       |
|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <b>In case of emergency, call 9-1-1 or seek appropriate emergency care.</b><br>Members can seek emergency care at no cost and from an out-of-network provider.<br>Emergency services do not require pre-authorization.<br>For information about Mental Health Services call <b>1-800-686-0101</b><br>24-Hour Nurse Advice: <b>1-833-846-8773</b> (toll free)                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                              |                                                                                                                                                                       |                                                                                                                                                                                                                             |                                                                                                                                                                       |
| <b>FOR PROVIDER USE ONLY</b>                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                              |                                                                                                                                                                       |                                                                                                                                                                                                                             |                                                                                                                                                                       |
| Providers with a PIN can check member eligibility verification<br>24 hours a day at <b>1-800-750-4776</b> or online at <a href="http://www.hpsm.org">www.hpsm.org</a> .<br><b>Member ID:</b> Use ID on the FFS Medi-Cal BIC<br><table border="0"> <tr> <td> <b>Submit pharmacy claims to:</b><br/>           Magellan Medicaid Administration, Inc.<br/>           Medi-Cal Rx Call Center Line<br/> <b>1-800-977-2273 TTY: 711</b><br/> <a href="http://www.Medi-CalRx.dhcs.ca.gov">www.Medi-CalRx.dhcs.ca.gov</a> </td> <td> <b>Submit medical claims to:</b><br/>           HPSM Claims Department<br/>           801 Gateway Blvd., Suite 100<br/>           South San Francisco, CA 94080<br/>           Claims Department: <b>650-616-2106</b> </td> </tr> </table> |                                                                                                                                                                       | <b>Submit pharmacy claims to:</b><br>Magellan Medicaid Administration, Inc.<br>Medi-Cal Rx Call Center Line<br><b>1-800-977-2273 TTY: 711</b><br><a href="http://www.Medi-CalRx.dhcs.ca.gov">www.Medi-CalRx.dhcs.ca.gov</a> | <b>Submit medical claims to:</b><br>HPSM Claims Department<br>801 Gateway Blvd., Suite 100<br>South San Francisco, CA 94080<br>Claims Department: <b>650-616-2106</b> |
| <b>Submit pharmacy claims to:</b><br>Magellan Medicaid Administration, Inc.<br>Medi-Cal Rx Call Center Line<br><b>1-800-977-2273 TTY: 711</b><br><a href="http://www.Medi-CalRx.dhcs.ca.gov">www.Medi-CalRx.dhcs.ca.gov</a>                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                               | <b>Submit medical claims to:</b><br>HPSM Claims Department<br>801 Gateway Blvd., Suite 100<br>South San Francisco, CA 94080<br>Claims Department: <b>650-616-2106</b> |                                                                                                                                                                                                                             |                                                                                                                                                                       |



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

BIC Poppy Design



BIC "blue and white" Design



Kung wala kayong Medi-Cal BIC, puwede kayong humingi ng bago. Tawagan lang ang Ahensiya ng Serbisyong Pantao ng San Mateo County (toll free) sa 1-800-223-8383 o bisitahin ang <https://hsa.smcgov.org/medi-cal-health-insurance>.

### Mga Benepisyo sa Pangangalaga ng Ngipin

**Para magamit ang inyong mga benepisyo sa HPSM Dental**, dapat kayong pumili ng dentista sa Samahan ng HPSM. Magbabayad lang ang HPSM Dental ng mga serbisyong makukuha ninyo mula sa mga tagabigay ng serbisyong nasa samahan ng HPSM Dental. Kayo ang magbabayad para sa anumang serbisyo para sa ngipin na matatanggap ninyo sa mga dentistang hindi naka-enroll sa samahan ng HPSM.

**Makakahanap kayo ng dentista online** anumang oras sa pamamagitan ng pagpunta sa [www.hpsm.org/member/hpsm-dental](http://www.hpsm.org/member/hpsm-dental). Puwede rin kayong humiling ng Listahan ng Mga Tagabigay ng Serbisyo sa Pangangalaga ng Ngipin sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa [MemberServicesSupport@hpsm.org](mailto:MemberServicesSupport@hpsm.org) o pagtawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776, TTY 1-800-735-2929 o i-dial ang 7-1-1. Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m.

Nasa ibaba ang isang maikling sangguniang gabay para sa mga pinakakaraniwang serbisyong magagamit ng mga miyembro. Makikita ang mga karagdagang impormasyon sa: [hpsm.org/dental](http://hpsm.org/dental).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## 4 Mga Benepisyo at Serbisyo

| Mga Serbisyo                                              | Mga sanggol | Mga bata | Mga kabataan | Pagbubuntis | Mga may sapat na gulang | Mga senior |
|-----------------------------------------------------------|-------------|----------|--------------|-------------|-------------------------|------------|
| Eksaminasyon*                                             | ✓           | ✓        | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Mga x-ray                                                 | ✓           | ✓        | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Paglilinis ng ngipin                                      | ✓           | ✓        | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Fluoride varnish                                          | ✓           | ✓        | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Mga pasta                                                 | ✓           | ✓        | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Pagbunot ng ngipin                                        | ✓           | ✓        | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Mga Pang-emergency na Serbisyo                            | ✓           | ✓        | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Sedation                                                  | ✓           | ✓        | ✓            |             | ✓                       | ✓          |
| Mga molar sealant**                                       |             | ✓        | ✓            |             |                         |            |
| Root canal                                                |             | ✓        | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Orthodontics (braces)***                                  |             |          | ✓            |             |                         |            |
| Mga crown****                                             |             |          | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Partial at kumpletong pustiso                             |             |          | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Paglalapat ng pustiso                                     |             |          | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |
| Pagkayod at pagkatam sa ngipin (scaling and root planing) |             |          | ✓            | ✓           | ✓                       | ✓          |

*Libre o murang checkup bawat anim na buwan para sa mga miyembrong wala pang edad 21 at bawat 12 buwan para sa mga miyembrong lampas edad 21*

*\*\*Ang mga permanenteng molar sealant ay sakop para sa mga miyembro hanggang edad 21*

*\*\*\*Para sa mga kuwalipikado*

*\*\*\*\*Ang mga crown (panakip sa ngipin) sa mga molar o premolar (mga bagang o ngipin sa likod) ay posibleng masakop sa ilang sitwasyon*

Walang limitasyon para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng ngipin na sakop at medikal na kinakailangan. Matutulungan kayo ng inyong dentista sa pagpili ng pinakamahasag na paggamot at kung ano ang mga serbisyong puwede ninyong makuha gamit ang inyong pagkakasakop sa HPSM Dental. Sa una ninyong pagbisita para sa pangangalaga ng ngipin, ipakita sa inyong dentista ang inyong ID card ng miyembro ng HPSM.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### Gastos sa Mga Serbisyo para sa Ngipin

Wala kayong gagastusin sa mga serbisyo mula sa HPSM Dental. Kung mayroon kayong iba pang pagkakasakop sa pangangalaga ng ngipin, magiging pangalawang pagkakasakop ninyo ang HPSM Dental.

---

## Iba pang benepisyo at programang sakop ng HPSM

### Mga serbisyo ng matagalang pangangalaga

Sinasakop ng HPSM, para sa mga kuwalipikadong miyembro, ang mga serbisyo para sa matagalang pangangalaga sa mga sumusunod na uri ng pasilidad o tahanan para sa matagalang pangangalaga:

- Mga serbisyo sa pasilidad ng dalubhasang pangangalaga (skilled nursing facility) na aprobado ng HPSM
- Mga serbisyo sa pasilidad para sa pangangalaga sa bahagyang Malalang sakit na inaprubahan ng HPSM
- Mga serbisyo sa intermediate care facility na inaprubahan ng HPSM, kabilang ang:
  - Intermediate care facility/developmentally disabled (ICF/DD)
  - Intermediate care facility/developmentally disabled-habilitative (ICF/DD-H)
  - Intermediate care facility/developmentally disabled-nursing (ICF/DD-N)

Kung kuwalipikado kayo para sa mga serbisyo sa matagalang pangangalaga, titiyakin ng HPSM na ilalagay kayo sa isang pasilidad o tahanan para sa pangangalaga sa kalusugan na naibibigay ang antas ng pangangalaga na pinakanaaangkop sa inyong mga medikal na pangangailangan. Makikipagtulungan ang HPSM sa inyong lokal na Regional Center (Panrehiyong Sentro) para matukoy kung kuwalipikado kayo para sa mga serbisyo ng ICF/DD, ICF/DD-H, o ICF/DD-N.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa mga serbisyo sa matagalang pangangalaga, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

### Pamamahala sa pangunahing pangangalaga

Mahirap ang pagkuha ng pangangalaga mula sa maraming iba't ibang tagabigay ng serbisyo o sa iba't ibang sistemang pangkalusugan. Gustong tiyakin ng HPSM na nakukuha ng mga miyembro ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, inireresetang gamot, at serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali (mga serbisyo sa kalusugan ng isip at/o problema sa paggamit ng substance). Puwedeng tumulong ang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

HPSM na ikoordina ang pangangalaga at pamahalaan ang inyong mga pangangailangan sa kalusugan nang libre. Magagamit ang tulong na ito kapag may ibang programang sumasakop sa mga serbisyo.

Kung may katanungan o alalahanin kayo tungkol sa inyong kalusugan o kalusugan ng inyong anak, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

### **Pamamahala sa Kumplikadong Pangangalaga (Complex Care Management, CCM)**

Puwedeng maging kuwalipikado ang mga miyembrong may mas komplikadong mga pangangailangan sa kalusugan para sa mga karagdagang serbisyo na nakatuon sa koordinasyon ng pangangalaga. Nag-aalok ang HPSM ng mga serbisyo sa CCM sa mga miyembrong may marami o malulubhang hindi gumagaling na kondisyon at/o kakatukoy lang na may hindi gumagaling na kondisyon; Mga miyembrong may hindi gumagaling na kondisyon na hindi nagpatingin sa kanilang PCP sa nakalipas na 12 buwan, o gumamit ng kanilang departamento ng emergency, o nanatili sa ospital bilang pasyenteng namamalagi sa ospital na higit sa isang beses sa loob ng nakalipas na 6 buwan. Dapat sumang-ayon ang mga miyembro na tatanggap ng mga serbisyo ng CCM na ma-enroll sa programa ng CCM. Hindi puwedeng i-enroll ang mga miyembro sa ECM at CCM nang sabay.

Kung naka-enroll kayo sa CCM o Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM), (magbasa sa ibaba), sisiguraduhin ng HPSM na mayroon kayong nakatalagang tagapamahala ng pangangalaga na makakatulong sa pamamahala sa pamantayang pangangalaga na inilarawan sa itaas at sa iba pang suporta sa transisyonal na pangangalaga na magagamit kung kayo ay inilabas sa isang ospital, pasilidad ng dalubhasang pangangalaga, o residensiyal na paggamot.

### **Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (Enhanced Care Management o ECM)**

Saklaw ng HPSM ang mga serbisyo ng ECM para sa mga miyembrong may mga lubos na komplikadong pangangailangan. Ang ECM ay may mga dagdag na serbisyo para tulungan kayong makuha ang pangangalagang kailangan ninyo para manatiling malusog. Kinokoordina nito ang inyong pangangalaga mula sa mga doktor at iba pang tagabigay ng serbisyo. Nakakatulong ang ECM sa pagkoordina ng pangunahin at pang-agap na pangangalaga, pangangalaga sa malubhang kondisyon, kalusugan ng pag-uugali (mga serbisyo sa kalusugan ng isip at/o problema sa paggamit ng substance),



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

paglaki, kalusugan ng bibig, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports, LTSS) na nakabase sa komunidad, at mga referral sa mga mapagkukunan ng tulong at suporta sa komunidad.

Kung magiging kuwalipikado kayo, puwede kayong kontakin tungkol sa mga serbisyo ng ECM. Puwede rin ninyong tawagan ang HPSM para malaman kung makakatanggap ba kayo ng ECM at kung kailan, o makipag-usap sa inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Alamin kung kuwalipikado kayo sa para sa ECM o puwede kayong i-refer para sa mga serbisyo ng pamamahala sa pangangalaga.

### ***Mga sakop na serbisyo ng ECM***

Kung kuwalipikado kayo sa ECM, magkakaroon kayo ng sarili ninyong pangkat sa pag-aalaga na may nangungunang tagapamahala ng pangangalaga. Makikipag-usap sila sa inyo at sa inyong mga doktor, espesyalista, pharmacist, tagapangasiwa ng kaso, tagabigay ng mga serbisyong panlipunan, at iba pa. Sisiguraduhin nilang nagtutulungan ang lahat para maibigay sa inyo ang pangangalaga na kailangan ninyo. Matutulungan din kayo ng inyong nangungunang tagapamahala ng pangangalaga sa paghahanap at pag-apply sa iba pang serbisyo sa inyong komunidad. Kabilang sa ECM ang:

- Outreach at pakikipag-ugnayan
- Komprehensibong pagtatasa at pamamahala ng pangangalaga
- Pinahusay na koordinasyon ng pangangalaga
- Pagtataguyod sa kalusugan
- Komprehensibong transisyonal na pangangalaga
- Mga serbisyo sa pagsuporta sa miyembro at pamilya
- Koordinasyon at referral sa mga pangkomunidad at panlipunang suporta

Para malaman kung tama ba para sa inyo ang ECM, makipag-usap sa inyong kinatawan sa HPSM o tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

### ***Gastos ng miyembro***

Walang gagastusin ang miyembro para sa mga serbisyong ito ng ECM.

### **Mga serbisyo sa transisyonal na pangangalaga**

Matutulungan kayo ng HPSM na pamahalaan ang inyong pangangalaga sa kalusugan habang nasa mga transisyon (mga pagbabago). Halimbawa, ang paglabas sa ospital ay isang transisyon kapag ang isang miyembro ay may mga bagong pangangailangang pangkalusugan para sa mga gamot at appointment. Makakakuha ang mga miyembro ng suporta para magkaroon ng isang ligtas na transisyon. Maaari kayong matulungan



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ng HPSM sa mga transisyonal na pangangalagang ito kung kinakailangan:

- Pag-iskedyul ng follow-up appointment
- Pagkuha ng mga gamot
- Pagkuha ng libreng transportasyon papunta sa isang in-person na appointment.

May nakalaang numero ng telepono ang HPSM na para lang sa pagtulong sa mga miyembro habang nasa mga transisyon sa pangangalaga. Mayroon ding tagapamahala ng pangangalaga ang HPSM na para lang sa mga miyembrong may mataas na panganib, kabilang ang mga buntis o nasa post-partum, o mga na-admit o na-discharge mula sa isang nursing home. Ang tagapamahala ng pangangalaga na ito ang siyang kokontakin ng mga miyembro para sa tulong sa pagkoordinang mga serbisyo na posibleng makaapekto sa kanilang kalusugan, kabilang ang mga serbisyo sa pabahay at pagkain.

Para humiling ng mga serbisyo sa transisyonal na pangangalaga, makipag-ugnayan sa inyong kinatawan sa HPSM. Tutulungan niya kayo sa mga programa, tagabigay ng serbisyo, o iba pang suporta gamit ang inyong wika.

### Mga Suporta sa Komunidad

Puwede kayong maging kuwalipikadong makakuha ng ilang partikular na serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad, kung naaangkop. Ang Mga Pangkomunidad na Suporta ay mga angkop sa paggamot at murang alternatibong serbisyo o setting para sa mga sakop ng Planong Pang-estado ng Medi-Cal. Opsiyonal para sa mga miyembro ang mga serbisyong ito. Kung kuwalipikado at sang-ayon kayong makatanggap ng mga serbisyong ito, posibleng matulungan kayo nitong makapamuhay sa paraang mas nakakapagsarili. Hindi papalitan ng mga ito ang mga benepisyong nakukuha na ninyo sa ilalim ng Medi-Cal.

Mga halimbawa ng Mga Suporta sa Komunidad na iniaalok ng HPSM:

**Mga Serbisyo sa Nabigasyon sa Paglipat sa Pabahay:** Tinutulungan ang mga miyembro na makahanap ng pabahay at kinokoordina ang mga mapagkukunan ng tulong at suporta para matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

**Mga Pag-aangkop ng Pagiging Accessible ng Kapaligiran:** Nagbibigay ng mga pisikal na pagbabago sa mga tahanan ng mga miyembro para mapahusay ang kakayahan nilang magsarili o matiyak ang kanilang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Pangungupahan sa Pabahay at Mga Serbisyo sa Pagpapanatili:** Kapag nakakuha na ng pabahay, tutulungan nito ang mga miyembro na panatilihin ito sa pamamagitan ng adbokasiya, koordinasyon, mga referral sa mapagkukunan ng tulong at suporta, at mga pagbisita para sa kalusugan at kaligtasan

**Mga Serbisyo sa Paglipat ng Komunidad/Paglipat Mula sa Isang Pasilidad ng Pangangalaga Patungong Tahanan:** Kinokoordina ang mga serbisyo para masakop ang mga hindi umuulit na gatusin sa pag-set up ng tahanan kapag lumipat ang mga miyembro sa komunidad mula sa isang lisensiyadong pasilidad.

**Mga Deposito sa Pabahay:** Nagbibigay ng mga isang beses na pondo para mabigyang-daan ang mga miyembro na makakuha ng pabahay.

**Paglipat sa Pasilidad ng Pangangalaga/Diversion sa Mga Pasilidad sa May Tulong na Pamumuhay:** Kinokoordina ang mga serbisyo para pangasiwaan ang paglipat ng mga miyembro mula sa mga pasilidad ng pangangalaga pabalik sa mga lugar ng komunidad na parang tahanan. Puwedeng kasama sa mga pasilidad sa may tulong na pamumuhay ang Mga Pasilidad sa Residensiyal na Pangangalaga para sa Mga Nakakatanda (Residential Care Facilities for the Elderly, RCFE) at Mga Residensiyal na Pasilidad para sa Nasa Hustong Gulang (Adult Residential Facilities, ARF).

**Mga Serbisyo ng Pansariling Pangangalaga at Tagagawa ng Tahanan:** Para sa mga indibidwal na kailangan ng tulong sa Mga Aktibidad sa Araw-araw na Pamumuhay (Activities of Daily Living o ADL) at Mga Instrumental na Aktibidad sa Araw-araw na Pamumuhay (Instrumental Activities of Daily Living o IADL) na, kung hindi, ay walang kakayahang manatili sa bahay. Kasama sa mga serbisyo ang paglilinis ng bahay, paghahanda ng pagkain, paglalaba, pamimili ng grocery, mga serbisyo ng pansariling pangangalaga, pagsama sa mga medikal na appointment, at pagbabantay bilang proteksiyon.

**Pangangalaga para Makapagpahinga ang Tagapag-alaga:** Mga panandaliang hindi medikal na serbisyo na ibinibigay sa mga tagapag-alaga ng mga miyembrong nangangailangan ng pahinto-hintong pansamantalang pangangasiwa. Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa bahay ng miyembro o sa ibang lokasyong ginagamit bilang bahay o sa naaprubahang mga pasilidad sa labas ng bahay.

**Mga Medikal na Sumusuportang Pagkain:** Naghahatid ng mga medikal na iniangkop na pagkain sa mga bahay ng mga miyembro na may mga hindi gumagaling na kondisyon para tulungan silang to abutin ang kanilang mga layunin sa nutrisyon sa mga



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

kritikal na panahon, na makakatulong sa kanilang mabawi at mapanatili ang kanilang kalusugan.

**Pagreremedyo sa Hika:** Nagbibigay ng mga pisikal na pagbabago sa kapaligiran sa bahay na kinakailangan para masiguro ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng indibidwal, o para mabigyang-daan ang indibidwal na makakilos sa bahay, kung saan kapag wala ang mga ito, posibleng humantong ang mga atake ng matinding hika sa pangangailangan ng mga pang-emergency na serbisyo at pagpapaospital. Available ang mga serbisyo sa isang bahay na pagmamay-ari, nirerentahan, inaarkila, o tinitirhan ng Miyembro o ng kanyang tagapag-alaga.

Sino ang Kuwalipikado para sa Mga Suporta sa Komunidad (Community Supports, CS)

Kuwalipikado sa Mga Suporta sa Komunidad ang mga miyembro kung natutugnan nila ang mga sumusunod:

- Aktibong miyembro ng HPSM Medi-Cal o CareAdvantage.
- Mayroong Tagapamahala ng Pangangalaga.
- Gustong makatanggap ng mga suporta sa komunidad.

Ang mga miyembrong nakakatanggap ng benepisyo ng Pamamahala sa Pinahusay na Pangangalaga ay kuwalipikado para sa Mga Suporta sa Komunidad.

Kung kailangan o gusto ninyo ng tulong o para malaman kung ano ang Mga Suporta sa Komunidad na makukuha ninyo, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). O tumawag sa inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Nag-aalok ang HPSM ng Transisyonal na Renta sa mga limitadong sitwasyon at idinisenyo ito para makasuporta sa pagkakaroon ng stability sa pabahay para sa mga kuwalipikadong miyembro. Kung kailangan o gusto ninyo ng tulong o para malaman kung ano ang Mga Suporta sa Komunidad na makukuha ninyo, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). O tumawag sa inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

### ***Organ at bone marrow transplant para sa mga batang wala pang 21 taong gulang***

Ayon sa batas ng estado, ang mga batang nangangailangan ng transplant ay kailangang ma-refer sa programa ng Mga Serbisyon Pambata ng California (California Children's Services, CCS) para mapagpasyahan kung kuwalipikado ang bata para sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

CCS. Kung magiging kuwalipikado ang isang bata para sa CCS, sasagutin ng programa ng CCS ang mga gastusin sa transplant at mga nauugnay na serbisyo.

Kung hindi kuwalipikado ang bata para sa CCS, ire-refer ng HPSM ang bata sa isang kuwalipikadong center para sa transplant para sa isang ebalwasyon. Kung kukumpirmahin ng transplant center na ligtas at kinakailangan ang isang transplant para sa kondisyong medikal ng bata, sasakupin ng HPSM ang transplant at iba pang nauugnay na serbisyo.

Sa San Mateo County, kailangang i-refer ng HPSM ang mga batang potensyal na kuwalipikado sa CSS sa isang pasilidad na aprobado ng CSS para sa ebalwasyon sa loob ng 72 oras pagkatapos matukoy ng doktor o espesyalistang tumitingin sa anak na ang anak ay potensyal na kandidato para sa transplant. Kung kukumpirmahin ng pasilidad na aprobado ng CSS na kailangan at ligtas ang transplant, sasakupin ng HPSM ang transplant at mga nauugnay na serbisyo.

### ***Mga transplant para sa mga nasa hustong gulang edad 21 pataas***

Kung magpapasya ang doktor na kailangan ninyo ng organ at/o bone marrow transplant,, ire-refer kayo ng HPSM sa isang kuwalipikadong transplant center para sa ebalwasyon. Kung kukumpirmahin ng transplant center na kailangan at ligtas ang transplant para sa inyong kondisyong medikal, sasakupin ng HPSM ang transplant at mga nauugnay na serbisyo.

Ang mga organ at bone marrow transplant na sakop ng HPSM ay kinabibilangan ng mga sumusunod, pero hindi limitado sa mga ito:

- |               |                         |
|---------------|-------------------------|
| ▪ Bone marrow | ▪ Atay                  |
| ▪ Puso        | ▪ Atay/maliit na bituka |
| ▪ Puso/baga   | ▪ Baga                  |
| ▪ Bato        | ▪ Maliit na bituka      |
| ▪ Bato/lapay  |                         |

### **Mga serbisyo ng gamot sa kalye**

Para sa mga miyembrong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, posible silang makatanggap ng mga sakop na serbisyo mula sa mga tagabigay ng serbisyo ng gamot sa kalye na kasama sa samahan ng tagabigay ng serbisyo ng HPSM. Ang mga miyembrong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ay puwedeng pumili ng tagabigay ng serbisyo ng gamot sa kalye ng HPSM para maging kanilang tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP), kung natutugunan ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

tagabigay ng serbisyo ng gamot sa kalye ang mga panuntunan sa pagiging kuwalipikado bilang PCP at kung sumasang-ayon siyang maging PCP ng miyembro. Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo ng HPSM para sa gamot sa kalye, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

---

## Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal

### **Iba pang serbisyong makukuha ninyo sa pamamagitan ng Bayad Kapital ng Serbisyo (Fee-For-Service, FFS) na Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal**

Hindi sakop ng HPSM ang ilang serbisyo, pero posible ninyo pa ring makuha ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal. Makikipag-ugnayan ang HPSM sa iba pang programa para matiyak na matatanggap ninyo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kasama ang mga serbisyong sakop ng ibang programa at hindi ng HPSM. Inilista rito sa seksiyon ang ilan sa mga serbisyong ito. Para alamin ang higit pa, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

### **Mga inireresetang gamot para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital**

#### ***Mga inireresetang gamot na sakop ng Medi-Cal Rx***

Ang mga inireresetang gamot na ibinigay ng isang parmasya ay sakop ng Medi-Cal Rx, na bahagi ng FFS Medi-Cal. Puwedeng sakupin ng HPSM ang ilang gamot na ibinibigay ng tagabigay ng serbisyo sa isang opisina o klinika. Kung nagrereseta ang inyong tagabigay ng serbisyo ng mga gamot na ibinibigay sa opisina ng doktor o infusion center, puwedeng ituring ang mga ito na mga gamot na ibinibigay ng doktor.

Kung nagbigay ng gamot ang isang propesyonal sa medikal na pangangalagang pangkalusugan na hindi nakabase sa parmasya, sasakupin ito sa ilalim ng medikal na benepisyo. Puwedeng resetahan kayo ng gamot ng inyong tagabigay ng serbisyo na nasa Listahan ng mga Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx.

Minsan, kailangan ninyo ng gamot na wala sa Listahan ng mga Gamot sa Kontrata. Kailangan ng mga gamot na ito ng aprobasyon bago ninyo makuha ang nasa reseta sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

farmasya. Susuriin at pagdedesisyunan ng Medi-Cal Rx ang mga kahilingang ito sa loob ng 24 oras.

- Puwede kayong bigyan ng isang pharmacist sa inyong farmasya para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital ng pang-14 na araw ng mga pang-emergency na supply kung sa tingin nila ay kailangan ninyo ito. Babayaran ng Medi-Cal Rx ang pang-emergency na gamot na ibibigay ng isang farmasyang para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital.
- Puwedeng humindi ang Medi-Cal Rx sa isang kahilingang hindi pang-emergency. Kung ganito ang gagawin nila, magpapadala sila ng sulat para sabihin sa inyo kung bakit. Sasabihin nila sa inyo ang inyong mga mapagpipilian. Para matuto pa tungkol, basahin ang “Mga Reklamo” sa Kabanata 6 ng aklat-gabay na ito.

Para malaman kung ang isang gamot ay nasa Listahan ng mga Gamot sa Kontrata o para makakuha ng kopya ng Listahan ng mga Gamot sa Kontrata, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 7-1-1. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

### **Mga Farmasya**

Kung kumukuha o muli kayong kumukuha ng reseta, dapat ninyong kunin ang mga inireresetang gamot sa isang farmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Makikita ninyo ang listahan ng mga farmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Farmasya ng Medi-Cal Rx sa

<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>

Makakakita rin kayo ng farmasyang malapit sa inyo o isang farmasyang makakapagpadala ng inyong inireresetang gamot sa koreo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273 at pagpindot sa 7 o 7-1-1).

Kapag nakapili na kayo ng farmasya, puwedeng magpadala ang inyong tagabigay ng serbisyo ng reseta sa inyong farmasya sa elektronikong paraan. Puwede rin kayong bigyan ng inyong tagabigay ng serbisyo ng nakasulat na reseta na dadalhin ninyo sa inyong farmasya. Ibigay sa farmasya ang inyong reseta kasama ang inyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC). Tiyakin ninyo na alam ng farmasya ang tungkol sa lahat ng gamot na ginagamit ninyo at alinmang allergy ninyo. Kung may katanungan kayo tungkol sa reseta ninyo, magtanong sa pharmacist.

Puwede ring makatanggap ang mga miyembro ng mga serbisyo sa transportasyon mula sa HPSM para makapunta sa mga farmasya. Para matuto pa tungkol sa mga



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

serbisyo sa transportasyon, basahin ang “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi emergency” sa Kabanata 4 ng aklat-gabay na ito.

### **Mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip (Specialty Mental Health Services, SMHS)**

May ilang serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng mga plano para sa kalusugan ng isip ng county sa halip na HPSM. Kasama rito ang SMHS para sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga panuntunan ng serbisyo para sa SMHS. Maaaring isama ng SMHS ang mga serbisyong ito para sa outpatient, residential, at inpatient:

#### ***Mga outpatient na serbisyo:***

- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Mga serbisyo sa pagsuporta sa paggamot
- Mga masidhing serbisyo sa pang-araw na paggamot
- Mga serbisyo ng rehabilitasyon
- Mga serbisyo sa pagtulong sa krisis
- Mga serbisyo sa pagpapahupa ng krisis
- Tiyak na pamamahala ng kaso
- Mga therapeutic na serbisyo sa pag-uugali na sakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Koordinasyon para sa masinsinang pangangalaga (intensive care coordination, ICC) na sakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga masinsinang serbisyo sa bahay (intensive home-based services, IHBS) na sakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Therapeutic na foster care (nasa pangangalaga ng gobyerno) (therapeutic foster care, TFC) na sakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga mobile na serbisyo sa krisis
- Mga Serbisyo sa Suporta ng Kasamahan (Peer Support Services, PSS) (opsiyonal)

#### ***Mga serbisyong residensiyal:***

- Mga serbisyo ng pantirahang paggamot sa nasa hustong gulang
- Mga serbisyo ng pantirahang paggamot sa krisis

#### ***Mga inpatient na serbisyo:***

- Mga serbisyong saykayatriko para sa pasyenteng namamalagi sa ospital
- Mga serbisyo sa pasilidad ng kalusugang saykayatriko

Para matuto pa tungkol sa plano para sa kalusugan ng isip ng county na ibinibigay ng SMHS, puwede ninyong tawagan ang plano para sa kalusugan ng isip ng inyong county



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

(Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagpapagaling ng San Mateo County (Behavioral Health and Recovery Services o BHRS)) sa 1-800-686-0101.

Para makita online ang lahat ng toll free na numero ng telepono ng lahat ng county, pumunta sa [dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx](https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx). Kung matutukoy ng HPSM na mangangailangan kayo ng mga serbisyo mula sa plano para sa kalusugan ng isip ng county, tutulungan kayo ng HPSM na kumonekta sa mga serbisyo ng plano para sa kalusugan ng isip.

### **Mga serbisyo ng paggamot sa problema sa paggamit ng substance (substance use disorder, SUD)**

Hinihikayat ng HPSM ang mga miyembrong gusto ng tulong sa problema sa pag-inom ng alak at paggamit ng iba pang substance na kumuha ng pangangalaga. Ang mga serbisyo para sa paggamit ng substance ay available mula sa mga tagabigay ng serbisyo gaya ng pangunahing pangangalaga, mga inpatient na ospital, mga emergency room, at mga tagabigay ng serbisyo para sa paggamit ng substance. Ibinibigay ang mga serbisyo sa SUD sa pamamagitan ng mga county. Depende kung saan kayo nakatira, may ilang county na nag-aalok ng mas maraming opsyon sa paggamot at mga serbisyo sa recovery. Ibinibigay ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagpapagaling ng San Mateo County (San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services, BHRS)) ang mga espesyalidad na serbisyong ito sa county ng San Mateo.

Para matuto pa tungkol sa mga opsyon sa paggamot sa SUD, makipag-usap sa inyong tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga, o tawagan ang BHRS ACCESS Call Center ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagpapagaling ng San Mateo County (San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services, BHRS) sa 1-800-686-0101 (toll free) (TTY 7-1-1).

Puwedeng sumailalim ang mga miyembro ng HPSM sa pagtatasa para maitugma sila sa mga serbisyong pinakaangkop para sa kanilang mga pangangailangan at kagustuhan sa kalusugan. Puwedeng humiling ang isang miyembro ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, kabilang ang mga pagtatasa sa SUD, sa pamamagitan ng pagkontak sa HPSM. Puwede ring bisitahin ng mga miyembro ang kanilang PCP na puwedeng mag-refer sa kanila sa isang tagabigay ng serbisyo para sa SUD para sa pagtatasa. Kapag medikal na kinakailangan, kasama sa mga makukuhang serbisyo ang paggamot sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital, at mga gamot para sa SUD (tinatawag ding Mga Medikasyon para sa Paggamot ng Adiksiyon (Medications



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

for Addiction Treatment, MAT)) tulad ng buprenorphine, methadone, at naltrexone.

Ang mga miyembrong tutukuyin para sa mga serbisyo sa paggamot sa SUD ay nire-refer sa programa para sa problema sa paggamit ng substance ng kanilang county para sa paggamot. Puwedeng i-refer ng kanilang PCP ang mga miyembro, o puwede nilang i-refer ang kanilang sarili, sa pamamagitan ng direktang pagkontak sa tagabigay ng serbisyo para sa SUD. Kung ire-refer ng miyembro ang kanyang sarili, magsasagawa ang tagabigay ng serbisyo ng inisyal na pag-eeksamen at pagtatasa para magpasya kung kuwalipikado siya at ang antas ng pangangalagang kailangan niya. Para sa listahan ng mga numero ng telepono ng lahat ng county, pumunta sa

[https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD\\_County\\_Access\\_Lines.aspx](https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx).

Ibibigay o aasikasuhin ng HPSM para maibigay ang MAT sa pangunahing pangangalaga, ospital para sa pasyenteng namamalagi sa ospital, emergency room, at iba pang medikal na lugar. Sakop ng County ang:

- Mga serbisyo sa outpatient para sa problema sa pag-abuso ng droga, alak atbp. Mga paggamot para sa pag-abuso ng droga, alak atbp. kabilang ang mga serbisyo para sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital, paggamot na may tulong ng medikasyon, pagkontrol sa withdrawal, at paggamot sa bahay batay sa pangangailangan ng miyembro.

Para sa impormasyon tungkol sa paggamot sa mga disorder sa paggamit ng substance, pakitawagan ang BHRS ACCESS Call Center ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagpapagaling ng San Mateo County (San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services, BHRS) sa 1-800-686-0101 (toll free) (TTY 7-1-1).

### **Programang Whole Child Model (WCM)**

Ang programang WCM ay nagbibigay ng mga medikal na kinakailangang serbisyo at matibay na medikal na kagamitan para sa kondisyong medikal sa Mga Serbisyon Pambata ng California (California Children's Services, CCS) at hindi CCS. Nagbibigay ang programa ng WCM ng pamamahala ng kaso at koordinasyon ng pangangalaga para sa mga serbisyo ng pangunahing espesyalisasyon at mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga CCS at hindi CCS na kondisyon. Tumatakbo ang programa ng WCM sa ilang partikular na county. Ang CCS ay isang programa ng estado na gumagamot sa mga batang edad 21 taon pababa na may partikular na mga kalagayan ng kalusugan, sakit, o mga hindi gumagaling na problema at nakakatugon sa mga panuntunan ng programa ng CCS.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Kung naniniwala ang HPSM o ang inyong PCP na kayo o ang inyong anak ay may kondisyong kuwalipikado para sa CCS, irerekomenda kayo nito sa programang CCS ng county para matasa sa pagiging kuwalipikado. Magpapasya ang kawani ng Programang CCS kung kuwalipikado ang inyong anak sa mga serbisyong CCS. Kung magiging kuwalipikado ang inyong anak sa ganitong uri ng pangangalaga, magtatalaga ang HPSM ng tagapangasiwa ng kaso ng CCS para tumulong na ikoordina ang paggamot para sa kondisyong kuwalipikado para sa CCS gamit ang isang pangkat sa pag-aalaga at plano sa pangangalaga.

Hindi sakop ng CCS ang lahat ng karamdaman. Gayunpaman, sasakupin ng programa ng WCM ang mga serbisyong medikal na kinakailangan.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga kondisyong kuwalipikado para sa CCS ang, ngunit hindi limitado sa:

- Sakit sa puso mula pagkasilang
- Mga kanser
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sick cell anemia
- Mga problemang thyroid
- Diabetes
- Malubhang problema sa hindi gumagaling na bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Pagkabingot
- Spina bifida
- Pagkabingi
- Mga Katarata
- Cerebral palsy o isang uri ng pagkaparalisa sanhi ng depekto sa utak
- Mga transplant kabilang ang cornea
- Kombulsiyon sa mga tiyak na pagkakataon
- Rayuma (rheumatoid arthritis)
- Pagkalastag ng kalamnan (muscular dystrophy)
- HIV/AIDS
- Malulubhang pinsala sa ulo, utak, o utak ng gulugod
- Matitinding paso
- Mga balikong ngipin

Para matuto pa tungkol sa programa ng WCM, pumunta sa:

<https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs/Pages/CCSWholeChildModel.aspx>. O tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

### ***Mga gastos sa transportasyon at biyahe para sa Whole Child Model (WCM)***

Posible kayong makatanggap ng tulong sa transportasyon, pagkain, lodging, at iba pang gastos tulad ng paradahan, mga toll, atbp. kung kailangan ninyo o ng inyong pamilya ng tulong para makakuha ng medikal na appointment na may kaugnayan sa isang kondisyon na kuwalipikado para sa CCS at walang iba pang magagamit na mapagkukunan ng suporta o tulong. Dapat ninyong tawagan ang HPSM at humiling ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) bago kayo magbayad nang mula sa sariling bulsa para sa transportasyon, mga pagkain, at lodging. Hindi nagbibigay ang HPSM ng hindi medikal at hindi pang-emergency na medikal na transportasyon gaya ng nakasaad sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo” ng aklat-gabay na ito.

Kung matutukoy na ang inyong gastos sa transportasyon o biyahe na kayo mismo ang nagbayad ay kinakailangan at mapapatunayan ng HPSM na sinubukan ninyong makakuha ng transportasyon sa pamamagitan ng HPSM, maaaring bayaran kayo ng HPSM para sa nagastos ninyo.

### ***Pantahanan at nakabase sa komunidad na mga serbisyo (home and community-based services, HCBS) sa labas ng mga serbisyo ng Whole Child Model (WCM)***

Kung kuwalipikado kayong mag-enroll sa isang 1915(c) na waiver (espesyal na programa ng pamahalaan), posible kayong makakuha ng pantahanan at nakabase sa komunidad na mga serbisyo na walang kaugnayan sa kondisyong kuwalipikado sa CCS pero kinakailangan ninyo para magawa ninyong manatili sa isang lugar sa komunidad sa halip na sa isang institusyon. Halimbawa, kung kinakailangan ninyo ng mga pagbabago sa bahay para matugunan ang inyong mga pangangailangan sa isang lugar na nakabase sa komunidad, hindi mababayaran ng HPSM ang mga gastos na iyon bilang kondisyong nauugnay sa CSS. Pero kung nag-enroll kayo sa isang 1915(c) na waiver, puwedeng sakupin ang mga pagbabago sa bahay kung medikal na kinakailangan ang mga ito para maiwasan ang paninirahan sa institusyon.

Kapag 21 taong gulang na kayo, ang inyong transisyon (pagbabago) mula sa programa ng CCS papunta sa pangangalaga sa kalusugan na para sa nasa hustong gulang. Sa panahong iyan, baka kailangan ninyong mag-enroll para sa isang 1915(c) waiver para patuloy na makuha ang mga serbisyong nakukuha ninyo mula sa CCS, gaya ng pribadong pagbabantay ng nurse (private duty nursing).

### **Mga waiver ng 1915(c) Pantahanan at Nakabase sa Komunidad na mga Serbisyo (Home and Community-Based Services, HCBS)**

Sa pamamagitan ng anim na 1915(c) na waiver ng Medi-Cal ng California (mga espesyal na programa ng pamahalaan), nagagawa ng estado na magbigay ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports, LTSS) sa mga tao sa isang setting na nakabase sa komunidad na pipiliin nila, sa halip na tumanggap ng pangangalaga sa isang nursing home o ospital. May kasunduan ang Medi-Cal sa Pederal na Pamahalaan na naagbibigay-daan sa mga serbisyo ng waiver na ialok sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

isang pribadong bahay o sa isang lugar sa komunidad na parang bahay. Ang mga serbisyong ibinigay sa ilalim ng mga waiver ay hindi dapat maging mas mahal kaysa sa parehong pangangalaga sa isang institusyonal na setting. Dapat ay kuwalipikado ang mga tatanggap ng HCBS Waiver para sa buong sakop ng Medi-Cal. Ang ilang 1915(c) waiver ay may limitadong availability sa buong Estado ng California at/o posibleng may waitlist. Ang anim na 1915(c) na waiver ng Medi-Cal ay:

- Waiver sa May Tulong na Pamumuhay (Assisted Living Waiver, ALW)
- Waiver ng Programa ng Self-Determination (Self-Determination Program, SDP) para sa Mga Indibidwal na May Kapansanang Developmental
- HCBS Waiver para sa mga Taga-California na May Mga Kapansanang Developmental (HCBS Waiver for Californians with Developmental Disabilities, HCBS-DD)
- Waiver para sa Nakabase sa Bahay at Komunidad na mga Alternatibo (Home and Community-Based Alternative, HCBA)
- Programang Waiver ng Medi-Cal (Medi-Cal Waiver Program, MCWP), dating tinatawag na Waiver sa Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immune Deficiency Syndrome (HIV/AIDS)
- Programa tungkol sa Sari-saring Sadya na Serbisyo para sa Matanda (Multipurpose Senior Service Programs; MSSP)

Para matuto pa tungkol sa mga Medi-Cal waiver, pumunta sa:

<https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/Medi-CalWaivers.aspx>. O tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

### **Mga Serbisyo na Nagbibigay ng Suporta sa Loob ng Tahanan (In-Home Supportive Services, IHSS)**

Ang programang Mga Serbisyo na Nagbibigay ng Suporta sa Loob ng Tahanan (In-Home Supportive Services, IHSS) ay nagbibigay ng tulong sa personal na pangangalaga sa loob ng tahanan bilang alternatibo sa pangangalaga sa labas ng tahanan sa mga taong kuwalipikado sa Medi-Cal, kasama ang mga may edad na, bulag, at/o may kapansanan. Nagbibigay-daan ang IHSS sa mga tatanggap na ligtas na manatili sa sarili nilang mga bahay. Dapat sumang-ayon ang inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan ninyo ng tulong sa personal na pangangalaga sa loob ng tahanan at malalagay kayo sa panganib na mapunta sa isang pangangalaga sa labas ng tahanan kapag hindi kayo makakakuha ng mga serbisyo ng IHSS. Magsasagawa rin ang programa ng IHSS ng pagtatasa sa mga pangangailangan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Para matuto pa tungkol sa IHSS na available sa inyong county, pumunta sa <https://www.cdss.ca.gov/in-home-supportive-services>. O tawagan ang inyong lokal na ahensiya sa mga serbisyong panlipunan ng county.

---

### Mga serbisyong hindi ninyo makukuha sa pamamagitan ng HPSM o Medi-Cal

Hindi sasakupin ng HPSM at Medi-Cal ang ilang serbisyo. Ang mga serbisyong hindi sakop ng HPSM o Medi-Cal ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:

- In vitro fertilization (IVF), kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga pag-aaral sa infertility o mga procedure para tumukoy o gumamot ng infertility
- Pagpreserba ng fertility
- Mga pagbabago sa sasakyan
- Mga eksperimental na serbisyo
- Operasyong Kosmetiko

Para alamin ang higit pa, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

---

### Ebalwasyon ng mga bago at kasalukuyang teknolohiya

Rerepasuhin ng HPSM ang mga kahilingan para sa mga bagong teknolohiya o mga paggamot na eksperimental o pang-imbestigasyon. Kabilang dito ang mga kahilingan para sa mga medikal na pamamaraan, serbisyo, gamot, at aparato at pati na rin mga pamamaraan ng operasyon (kasama ang mga implant).

- Maaaprobahan ang mga paggamot na ito kung mayroon kayong nagbabanta sa buhay o lubhang nagpapahinang kondisyon kung saan: Ang mga kinikilalang paggamot ay hindi naging epektibo, o hindi naaangkop, o
- Walang pamantayang therapy na sakop ng Medi-Cal na mas kapaki-pakinabang kaysa iminungkahing therapy.

Tatasahin ng kawaning klinikal ng HPSM ang mga bagong teknolohiya kung ang mga ito ay dapat na kasama bilang sakop na benepisyo. Isasaalang-alang ng repasong ito ang ekspertong opinyon mula sa saliksik klinikal (clinical research) at mga kasama sa larangan (peer review).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Kung gusto ninyong sakupin ng HPSM ang isang paggamot na eksperimental, pang-imbestigasyon, o may kasamang bagong teknolohiya, mangyaring makipag-usap sa inyong doktor. Makakapagsumite ang inyong doktor ng kahilingan ng repaso ng HPSM (mga paunang awtorisasyon).

Puwede kayong humiling ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal (Independent Medical Review o IMR) kung ang pagsubok o pananaliksik na paggamot ay naantala, tinanggihan, o binago. Pakitingnan ang pahina 134 para sa impormasyon tungkol sa paraan ng paghiling ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal (IMR).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

# 5. Pangangalaga sa mga bata at kabataan

Ang mga bata at kabataang miyembrong wala pang 21 taong gulang ay puwedeng makakuha ng kinakailangang mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan kapag naka-enroll na sila. Titiyakin nito na makukuha nila ang mga tamang serbisyo para sa pag-agap sa sakit, pangangalaga sa kalusugan ng ngipin, pangangalaga sa kalusugan ng isip, kasama ang mga serbisyo sa paglaki at specialty na serbisyo. Ipapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

## Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager

Nangangailangan ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan at libre para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang. Kasama sa listahan sa ibaba ang mga karaniwang serbisyong medikal na kinakailangan para gamutin o ibsan ang anumang depekto at mga natukoy na sakit sa katawan o isip. Kasama sa mga sakop na serbisyo, pero hindi ito limitado sa:

- Mga well-child na pagbisita at check-up sa mga kabataan (mahahalagang pagbisitang kailangan ng mga bata)
- Pagbabakuna (mga Iniksiyon)
- Pagtatasa at paggamot ng kalusugan ng pag-uugali (kalusugan ng isip at/o problema sa paggamit ng substance)
- Ebalwasyon at paggamot sa kalusugan ng isip, kabilang ang pang-indibidwal, pangkatan, at pampamilyang psychotherapy (sakop ng county ang mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip (specialty mental health services, SMHS))
- Pag-eeksamen para sa hindi magagandang karanasan noong kabataan (adverse childhood experiences, ACE)
- Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM) para sa Mga Populasyon ng Mga Bata at Kabataan na Tinutuunan (Populations of Focus, POF) (isang benepisyo ng plano para sa pinamamahalaang pangangalaga (managed care plan, MCP) ng Medi-Cal)



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Mga lab test, kabilang ang pag-eeksamen sa dugo para sa pagkalason sa lead
- Edukasyong pangkalusugan at pang-agap sa sakit
- Mga serbisyo sa paningin
- Mga dental na serbisyo (sakop ng HPSM Dental)
- Mga serbisyo sa pandinig (sakop ng Mga Serbisyong Pambata ng California) (California Children's Services, CCS) para sa mga kuwalipikadong bata. Sasaklawin ng HPSM ang mga serbisyo para sa mga batang hindi kuwalipikado sa CCS)
- Mga Serbisyong Pangkalusugan sa Bahay, gaya ng pribadong pagbabantay ng nurse (private duty nursing, PDN), occupational therapy, physical therapy, at medikal na kagamitan at supply

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo ng Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager (tinatawag ding Maaga at Pana-panahong Pag-eeksamen, Diyagnostiko at Paggagamot (EPSDT). May makikitang karagdagang impormasyon para sa mga miyembro kaugnay ng Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal-For-Kids-and-Teens/Pages/Member-Information.aspx>. Ang mga serbisyo ng Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager na rekomendado ng mga alituntunin ng Bright Futures ng mga pediatrician (espesyalista sa mga sakit ng bata) para tulungan kayo, o ang inyong anak, na manatiling malusog ay sakop nang libre. Para mabasa ang mga alituntunin ng Bright Futures, pumunta sa [https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf).

Ang Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM) ay isang benepisyong plano para sa pinamamahalaang pangangalaga (managed care plan, MCP) ng Medi-Cal na available sa lahat ng county sa California para masuportahan ang kumprehensibong pamamahala ng pangangalaga para sa mga miyembro ng MCP na may mga kumplikadong pangangailangan. Dahil ang mga bata at kabataang may mga kumplikadong pangangailangan ay karaniwang sineserbisyuhan na ng isa o higit pang tagapangasiwa ng kaso o iba pang tagabigay ng serbisyo sa hiwa-hiwalay na sistema ng paghahatid ng serbisyo, nag-aalok ang ECM ng koordinasyon sa pagitan ng mga sistema. Kasama sa mga pinagtutuunang populasyon ng mga bata at kabataan na kuwalipikado para sa benepisyong ito ang:

- Mga bata at kabataang nakakaranas ng kawalan ng tirahan
- Mga bata at kabataang nanganganib para sa maiiwasang pagpapaospital o pagpunta sa emergency room
- Mga bata at kabataang may mga pangangailangan para sa malubhang problema sa kalusugan ng isip at/o paggamit ng substance (Substance Use Disorder o SUD)
- Mga bata at kabataan na naka-enroll sa mga serbisyong pambata ng California (California Children's Services, CCS) o CCS Whole Child Model (WCM) na may



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

karagdagang pangangailangan higit sa kalagayan ng CCS

- Mga bata at kabataang kasali sa kapakanan ng mga bata (child welfare)
- Mga bata at kabataang nagtatransisyon mula sa isang koreksiyonal na pasilidad para sa mga kabataan

May makikitang karagdagang impormasyon sa ECM sa

<https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/ECM/Documents/ECM-Children-And-Youth-POFs-Spotlight.pdf>

Bukod dito, ang mga Nangungunang Tagapamahala ng Pangangalaga ng ECM ay lubos na hinihikayat na piliing mabuti ang mga miyembro ng ECM para sa mga pangangailangan para sa mga serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad na ibinibigay ng mga MCP bilang mga sulit na alternatibo sa mga tradisyonal na medikal na serbisyo o lugar at sumangguni sa Mga Suporta sa Komunidad na iyon kapag kuwalipikado at available. Posibleng makinabang ang mga bata at kabataan sa marami sa mga serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad, kasama ang pagremedyo sa hika, pag-navigate ng pabahay, medical respite, at mga sobering center.

Ang Mga Serbisyo sa Komunidad ay mga serbisyong ibinibigay ng mga plano para sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal (managed care plan o MCP) at available sa mga kuwalipikadong miyembro ng Medi-Cal kuwalipikado man sila para sa mga serbisyo ng ECM o hindi.

Makikita ang higit pang impormasyon sa Mga Suporta sa Komunidad sa

<https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/Documents/DHCS-Medi-Cal-Community-Supports-Supplemental-Fact-Sheet.pdf>

Ang ilan sa mga serbisyong available sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager, tulad ng PDN, ay itinuturing na mga pandagdag na serbisyo. Hindi available ang mga ito sa mga miyembro ng Medi-Cal na edad 21 pataas. Para patuloy na makuha ang mga serbisyong ito nang libre, posibleng kailangan ninyo o ng inyong anak na mag-enroll sa isang waiver ng 1915(c) Pantahanan at Nakabase sa Komunidad na mga Serbisyo (Home and Community-Based Services, HCBS) o iba pang pangmatagalang serbisyo at suporta (Long-Term Services and Supports, LTSS) pagdating o bago dumating sa edad na 21. Kung kayo o ang inyong anak ay tumatanggap ng mga karagdagang serbisyo sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager at malapit na kayo o ang inyong anak na maging 21 taong gulang, makipag-ugnayan sa HPSM para makipag-usap tungkol sa mga pagpipilian para sa patuloy na pangangalaga.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## Mga well-child na pagpapatingin para sa kalusugan at pangangalaga sa pag-agap sa sakit

Kabilang sa mga pangangalaga sa pag-agap sa sakit ang mga regular na pagpapatingin para sa kalusugan, mga pag-eeksamen para tulungan ang inyong doktor na makahanap ng mga problema nang maagap, at mga serbisyo ng pagpapayo para matukoy ang mga karamdaman, sakit, o kondisyong medikal bago magresulta sa mga problema ang mga ito. Nakakatulong sa inyo o sa doktor ng inyong anak ang mga regular na pagpapatingin para matukoy ang anumang problema. Kabilang sa mga problema ang mga problemang medikal, problema sa ngipin, paningin, pandinig, kalusugan ng isip, at anumang problemang may kinalaman sa paggamit ng substance (alak o gamot). Sinasakop ng HPSM ang mga check-up para sumuri kung may mga problema (kasama ang pagtatasa ng antas ng lead sa dugo) anumang oras na kailangan ang mga ito, kahit na hindi sa oras ng inyong regular na pagpapatingin o regular na pagpapatingin ng inyong anak.

Kasama rin sa pangangalaga para sa pag-agap ng sakit ang mga bakuna (mga iniksiyon) na kailangan ninyo o ng inyong anak. Dapat tiyakin ng HPSM na napapanahon ang lahat ng bakuna ng mga naka-enroll na bata kapag nagpapatingin sila sa kanilang doktor. Libre at hindi nangangailangan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon) ang mga serbisyo at pag-eeksamen para sa pag-agap na pangangalaga.

Dapat magpatingin ang inyong anak sa mga edad na ito:

- 2-4 araw pagkasilang
- 1 buwan
- 2 buwan
- 4 buwan
- 6 buwan
- 9 buwan
- 12 buwan
- 15 buwan
- 18 buwan
- 24 buwan
- 30 buwan
- Isang beses kada taon mula 3 hanggang 20 taong gulang

Kasama sa mga well-child na pagpapatingin para sa kalusugan ang mga sumusunod:

- Isang kumpletong history at eksaminasyon mula ulo hanggang paa
- Mga bakuna na naaangkop sa edad (sinusunod ng California ang iskedyul ng Bright Futures ng American Academy of Pediatrics:  
[https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf))
- Mga lab test, kabilang ang pag-eksamen sa dugo para sa pagkalason sa lead, kung



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

naaangkop sa edad o kung kinakailangan

- Edukasyong Pangkalusugan
- Pag-eeksamen ng paningin at pandinig
- Pag-eeksamen ng kalusugan ng bibig
- Pagtatasa sa kalusugan ng pag-uugali

Kung may nakitang problema ang doktor sa pisikal na kalusugan o kalusugan ng isip ninyo o ng inyong anak habang nagpapatingin o habang sumasailalim sa pag-eeksamen, baka kailanganin ninyo o ng inyong anak na tumanggap ng higit pang pangangalagang medikal. Sasakupin ng HPSM ang pangangalagang iyon nang libre, kasama ang:

- Doktor, dalubhasang nurse (nurse practitioner) at pangangalaga sa ospital
- Mga bakuna na magpapanatiling malusog sa inyo
- Mga physical therapy (terapiyang pisikal o paggamot sa pamamagitan ng pisikal na pamamaraan kagay ng pagmamasahé, paggamit ng init at ehersisyo), terapiya sa pananalita, at occupational therapy (uri ng terapiya na naghihikayat ng rehabilitasyon sa pamamagitan ng pagganap ng mga pang-araw-araw na gawain)
- Mga serbisyong pangkalusugan sa bahay, kasama ang medikal na kagamitan, mga supply, at mga kasangkapan
- Paggamot sa mga problema sa paningin, kabilang ang mga salamin sa mata
- Paggamot sa problema sa pandinig, kabilang ang mga hearing aid (kagamitang pantulong sa pandinig) kapag hindi sakop ng Mga Serbisyong Pambata ng California (California Children's Services, CCS) ang mga ito
- Paggamot para sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga sakit sa mga kalagayan ng kalusugan tulad ng mga sakit sa hanay ng autismo, at iba pang kapansanang developmental (kakulangan ng kakayahan sa pakikisalamuha at paglalahad ng damdamin, pag-unawa at paggamit ng wika at mga pamamaraan ng komunikasyon, pag-aaral at pag-iisip)
- Pamamahala ng kaso at edukasyong pangkalusugan
- Ang reconstructive surgery, na isang operasyon para iwasto o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan na sanhi ng mga depekto mula noong ipinanganak, mga abnormalidad sa pag-develop ng katawan, trauma, impeksiyon, mga tumor, o sakit para mapahusay ang pagganap o lumikha ng normal na itsura

---

## Pag-eeksamen sa dugo para sa pagkalason sa lead

Ang lahat ng anak na naka-enroll sa HPSM ay dapat dumaan sa pag-eeksamen ng dugo para sa pagkalason sa lead pagdatin ng ika-12 at ika-24 na buwan o mula ika-24 hanggang ika-72 buwan kung hindi pa sila nasuri nang mas maaga. Puwedeng kumuha



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ang mga bata ng pag-eeksamen sa lead sa dugo kung hihilingin ito ng magulang o tagapag-alaga. Dapat ding dumaan sa pag-eeksamen ang mga bata kapag naniniwala ang doktor na nalagay sa panganib ang bata dahil sa isang pagbabago sa buhay.

---

### **Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga sa mga bata at kabataan**

Tutulungan ng HPSM ang mga miyembrong wala pang edad 21 at ang kanilang mga pamilya na makuha ang mga serbisyong kailangan nila. Magagawa ng isang tagapag-ugnay ng pangangalaga sa HPSM ang mga sumusunod:

- Ipaalam sa inyo ang mga magagamit na serbisyo
- Tumulong sa paghahanap ng mga tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan o mga tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan, kapag kailangan
- Tumulong sa pagtatakda ng appointment
- Magsaayos ng medikal na transportasyon para mapuntahan ng mga bata ang kanilang mga appointment
- Tumulong sa pagkoordinar ng pangangalaga para sa mga serbisyong hindi sakop ng HPSM, pero posibleng available sa pamamagitan ng Bayad Kapital ng Serbisyo (Fee-for-Service, FFS) ng Medi-Cal, gaya ng:
  - Paggamot at mga serbisyong pangrehabilitasyon para sa kalusugan ng isip at mga problema sa paggamit ng substance (substance abuse disorder, SUD)
  - Paggamot para sa mga isyu sa ngipin, kabilang ang orthodontics

---

### **Iba pang serbisyong makukuha ninyo sa pamamagitan ng Bayad Kapital ng Serbisyo (Fee-For-Service, FFS) na Medi-Cal o iba pang programa**

#### **Mga karagdagang serbisyo referral para sa edukasyon sa pag-agap sa sakit**

Kung nag-aalala kayo na hindi nakikilahok at hindi natututo nang maayos ang inyong anak sa paaralan, makipag-usap sa doktor, mga guro, o mga tagapangasiwa ng inyong anak sa paaralan. Bukod pa sa inyong mga medikal na benepisyong sakop ng HPSM, may mga serbisyong dapat ibigay ang paaralan para tulungan ang inyong anak na



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

matuto at hindi mapag-iwanan. Kabilang sa mga serbisyong puwedeng ibigay para tulungan ang inyong anak na matuto ang:

- Mga serbisyo sa pagsasalita at wika
- Mga serbisyong pansikolohiya
- Pisikal na therapy (paggamot sa pamamagitan ng mga pisikal na pamamaraan kagaya ng pagmamasahé, paggamit ng init at ehersisyo)
- Occupational na therapy (uri ng therapy na naghihikayat ng rehabilitasyon sa pamamagitan ng pagganap ng mga pang-araw-araw na gawain)
- Pantulong na teknolohiya
- Mga serbisyo sa Social Work
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga serbisyo ng nurse sa paaralan
- Transportasyon papasok at pauwi mula sa paaralan

Ang Departamento ng Edukasyon ng California (California Department of Education) ang nagbibigay at nagbabayad para sa mga serbisyong ito. Katuwang ang mga doktor at guro ng inyong anak, posibleng makagawa kayo ng sinadyang planong lubos na makakatulong sa inyong anak.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

# 6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

May dalawang paraan para mag-ulat at lumutas ng mga problema:

- Gumamit ng **reklamo (karaingan)** kung may problema kayo o hindi kayo nasisiyahan sa HPSM o tagabigay ng serbisyo o sa pangangalaga sa kalusugan o paggamot na natanggap ninyo mula sa isang tagabigay ng serbisyo.
- Gumamit ng **apela** kapag hindi kayo sang-ayon sa desisyon ng HPSM na baguhin ang inyong mga serbisyo o hindi ito sakupin.
- May karapatan kayong maghain ng mga karaingan at apela sa HPSM para ipaalam sa amin ang tungkol sa inyong problema. Hindi nito inaalis ang alinman sa inyong mga legal na karapatan at remedyo. Hindi namin kayo didiskriminahan o gagantihan para sa paghahain ng reklamo sa amin o pag-uulat ng mga isyu. Kapag ipinaalam ninyo sa amin sa inyong problema, matutulungan kami nitong pagbutihin ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Dapat ninyong kontakin muna ang HPSM para ipaalam sa amin ang tungkol sa inyong problema. Tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Sabihin ninyo sa amin ang tungkol sa inyong problema.

Kung hindi pa rin nalulutas ang inyong karaingan o apela pagkalipas ng 30 araw, o hindi kayo nasiyahan sa resulta, puwede kayong tumawag sa Departamento ng Pinamamahalaan na Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care, DMHC). Hilingin sa DMHC na repasuhin ang inyong reklamo o magsagawa ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal (Independent Medical Review, IMR). Kung nangangailangan ng agarang atensiyon ang inyong sitwasyon, gaya ng mga sitwasyon na nauugnay sa malalang panganib sa inyong kalusugan, puwede kayong tumawag kaagad sa DMHC nang hindi muna naghahain ng karaingan o apela sa HPSM. Puwede ninyong tawagan nang libre ang DMHC sa 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891 o 7-1-1), o pumunta sa: <https://www.dmhca.gov>.

Makakatulong din ang Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

(Medi-Cal Managed Care Ombudsman) ng Departamento ng mga Serbisyo para sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services, DHCS). Matutulungan nila kayo kung may problema kayo sa pagsali, pagbabago, o pag-alis sa isang planong pangkalusugan. Matutulungan din nila kayo kung lumipat kayo ng tirahan at nagkakaproblema sa pagpapalipat ng inyong Medi-Cal sa inyong bagong county. Matatawagan ninyo ang Ombudsman Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa 1-888-452-8609. Libre ang pagtawag.

Makakapaghain din kayo ng karaingan sa tanggapan ng inyong county para sa pagiging kuwalipikado tungkol sa pagiging kuwalipikado ninyo sa Medi-Cal. Kung hindi kayo tiyak kung kanino ihahain ang inyong karaingan, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Para mag-ulat ng hindi wastong impormasyon tungkol sa inyong insurance sa kalusugan, tumawag sa Medi-Cal Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa 1-800-541-5555.

---

## Mga Reklamo

Ang reklamo (karaingan) ay kapag may problema kayo o hindi kayo nasisiyahan sa mga serbisyong nakukuha ninyo mula sa HPSM o tagabigay ng serbisyo. Walang limitasyon sa panahon kapag naghahain ng isang reklamo. Makakapaghain kayo ng reklamo sa HPSM anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o online. Puwede ring maghain ng reklamo ang inyong awtorisadong kinatawan o tagabigay ng serbisyo para sa inyo nang may pahintulot ninyo.

- **Sa telepono:** Tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Ibigay ang inyong numero ng ID ng planong pangkalusugan, pangalan, at dahilan ng inyong reklamo.
- **Sa mail:** Tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) at humiling na padalhan kayo ng form. Kapag nakuha ninyo ang form, punuan ito. Tiyakin na mailagay ang inyong pangalan, numero ng ID ng planong pangkalusugan, at dahilan ng inyong reklamo. Ipaalam sa amin ang nangyari at paano namin kayo matutulungan.

Ipadala ang form sa:

Health Plan of San Mateo

Attn: Grievance and Appeal Unit

801 Gateway Boulevard, Suite 100



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

South San Francisco, CA 94080

May makukuhang mga form ng reklamo sa opisina ng doktor ninyo.

- **Online:** Pumunta sa website ng HPSM sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal).

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpuno ng inyong reklamo, matutulungan namin kayo. Mabibigyan namin kayo ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Sa loob ng limang araw ng kalendaryo pagkakuha ng inyong reklamo, padadalhan kayo ng HPSM ng surat na nagsasabing nakuha na namin ito. Sa loob ng 30 araw, padadalhan namin kayo ng panibagong surat na nagsasabi sa inyo paano namin nalutas ang inyong problema. Kapag tumawag kayo sa HPSM tungkol sa isang karaingan na hindi tungkol sa pagkakasakop sa pangangalaga ng kalusugan, medikal na pangangailangan, eksperimental o pang-imbestigasyon na paggamot, at ang inyong karaingan ay malulutas sa katapusan ng susunod na araw na may pasok sa trabaho, maaaring hindi kayo makakuha ng surat.

Kung mayroon kayong alalahanin na nangangailangan ng agarang pagtugon na may kaugnayan sa malubhang kondisyon ng kalusugan, magsisimula kami ng pinabilis (mabilis) na pagrerepaso. Bibigyan namin kayo ng pasya ng sa loob ng 72 oras. Para humiling ng pinabilis na pagrerepaso, tawagan kami sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Sa loob ng 72 oras pagkatanggap ng inyong reklamo, magdedesisyon kami tungkol sa kung paano namin pangangasiwaan ang inyong reklamo at kung pabibilisin namin ang pagrerepaso rito. Kung mapagdesisyunan namin na hindi namin papabilisin ang inyong reklamo, ipapaalam namin sa inyo na lulutasin namin ang inyong reklamo sa loob ng 30 araw. Puwede ninyong kontakin ang DMHC nang direkta para sa anumang dahilan, kabilang ang kung sa tingin ninyo ay kuwalipikado ang inyong alalahanin para sa pinabilis na pagrerepaso, kung hindi tutugon sa inyo ang HPSM sa loob ng 72 oras, o kung hindi kayo nasisiyahan sa desisyon ng HPSM.

Hindi napapailalim sa proseso ng karaingan ng HPSM at hindi rin kuwalipikado para sa Independiyenteng Pagrerepasong Medikal sa Departamento ng Pinamamahalaan na Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC) ang mga reklamong nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx. Puwedeng magsumite ng mga reklamo ang mga miyembro tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

pagpindot sa 7 o 7-1-1. O pumunta sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Ang mga reklamong nauugnay sa mga benepisyo ng parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay puwedeng maging kuwalipikado para sa pagsusuri sa pamamagitan ng proseso ng HPSM sa karaingan at apela at Independiyenteng Pagrerepasong Medikal sa DMHC. Ang toll free na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891). Makikita ninyo ang form at mga tagubilin para sa Independiyenteng Pagrerepasong Medikal/Reklamo online sa <https://www.dmhc.ca.gov/>.

---

## Mga apela

Iba ang apela sa reklamo. Ang apela ay hiling sa HPSM na marepaso at mabago ang pasyang ginawa namin tungkol sa mga serbisyong natanggap ninyo. Kung pinadalhan namin kayo ng sulat ng Abiso ng Aksiyon (Notice of Action, NOA) na nagsasabi na aming hindi inaaprubahan, inaantala, binabago, o tinatapos ang mga serbisyo, at hindi kayo sang-ayon sa aming pasya, puwede kayong maghain sa amin ng apela. Puwede ring humingi ng apela ang inyong awtorisadong kinatawan o iba pang tagabigay ng serbisyo para sa inyo nang may nakasulat na pahintulot ninyo.

Dapat kayong humingi ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa sa NOA na inyong nakuha mula sa HPSM. Kung magpapasya kaming bawasan, suspindihin, o ihinto ang serbisyo na nakukuha ninyo sa ngayon, puwede pa rin ninyong matanggap ang mga serbisyong iyon habang naghihintay kayong mapagdesisyunan ang inyong apela. Tinatawag ito na Binayarang Tulong Habang Naghihintay (Aid Paid Pending; APP). Para matanggap ang Binayarang Tulong Habang Naghihintay, dapat kayong humiling ng apela sa amin sa loob ng 10 araw mula sa petsang nasa NOA o bago ang petsa kung kailan ihihinto ang inyong serbisyo, alinman ang mas huli. Kapag humiling kayo ng apela sa ilalim ng mga sitwasyong ito, magpapatuloy ang inyong serbisyo habang naghihintay kayo ng desisyon sa apela.

Puwede kayong maghain ng apela sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat o online:

- **Sa telepono:** Tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Ibigay ang inyong pangalan, numero ng ID ng plano ng kalusugan, at serbisyong inaapela ninyo.
- **Sa mail:** Tawagan ang HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) at



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

humiling na padalhan kayo ng form. Kapag nakuha ninyo ang form, punuan ito. Siguraduhin na isama ang inyong pangalan, numero ng ID ng planong pangkalusugan at serbisyong iniaapela ninyo.

Ipadala ang form sa:

Health Plan of San Mateo

Attn: Grievance and Appeal Unit

801 Gateway Boulevard, Suite 100

South San Francisco, CA 94080

Makakakuha ng pormularyo ng apela sa opisina ng inyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng HPSM. Pumunta sa [www.hpsm.org/member/medical](http://www.hpsm.org/member/medical).

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghiling ng apela o sa Binayarang Tulong Habang Naghihintay (Aid Paid Pending; APP), matutulungan namin kayo. Mabibigyan namin kayo ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Sa loob ng limang araw pagkakuha ng inyong apela, padadalhan kayo ng HPSM ng sulat na nagsasabing nakuha na namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa inyo ang desisyon namin sa apela at magpapadala kami sa inyo ng Abiso ng Resolusyon ng Apela (Notice of Appeal Resolution, NAR). Kung hindi namin maibibigay sa inyo ang aming desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, puwede kayong humiling ng Pagdinig ng Estado mula sa Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS) at Independiyenteng Pagrerepasong Medikal (Independent Medical Review, IMR) sa pamamagitan ng Departamento ng Pinamamahalaan na Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC).

Pero kung hihingi muna kayo ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig sa inyong mga partikular na isyu, hindi kayo puwedeng humingi ng IMR sa DMHC sa parehong mga isyu. Sa ganitong sitwasyon, nasa Pagdinig ng Estado ang pinal na desisyon. Pero puwede pa rin kayong maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi kuwalipikado ang inyong mga isyu para sa isang IMR, kahit na may nangyari nang Pagdinig ng Estado.

Kung gusto ninyo o ng inyong doktor na makagawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang tagal na kailangan namin para pagdesisyunan ang inyong apela ay maglalagay ng inyong buhay sa panganib, kalusugan o kakayahang kumilos, makahihiling kayo ng pinabilis (mabilis) na pagrepaso. Para humiling ng pinabilis na pagrepaso, tumawag sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medical](http://www.hpsm.org/member/medical).

1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). Magdedesisyon kami sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ang inyong apela. Kung may agarang alalahanin sa pangangalaga sa kalusugan, gaya ng mga alalahaning may kinalaman sa seryosong banta sa inyong kalusugan, hindi ninyo kailangang maghain ng apela sa HPSM bago maghain ng reklamo sa DMHC.

---

### Kung ano ang dapat ninyong gawin sakaling hindi kayo sang-ayon sa pasya sa apela

Kung humiling kayo ng apela at nakatanggap kayo ng NAR na sulat na nagsasabing hindi namin binago ang aming pasya, o kung hindi kayo nakatanggap ng NAR na sulat at 30 araw na ang nakalipas, puwede ninyong gawin ang mga sumusunod:

- Humiling ng isang **Pagdinig ng Estado** mula sa Departamento ng mga Serbisyon Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS), at rerepasuhin ng hukom ang inyong kaso. Ang toll free na numero ng telepono ng CDSS ay 1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349). Puwede rin kayong humiling ng Pagdinig ng Estado online sa <https://www.cdss.ca.gov>. May higit pang paraan ng paghingi ng Pagdinig ng Estado na makikita sa “Mga pagdinig ng estado” sa dakong ibaba ng kabanatang ito.
- Maghain ng form ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal/Reklamo sa Departamento ng Pinamamahalaan na Pangangalagang Pangkalusugan (California Department of Managed Health Care, DMHC) para iparepaso ang desisyon ng HPSM. Kung kuwalipikado ang inyong reklamo para sa proseso ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal (Independent Medical Review, IMR) ng DMHC, susuriin ng isang tagalabas na doktor na hindi bahagi ng HPSM ang inyong kaso at gagawa siya ng desisyong dapat sundin ng HPSM.

Ang toll free na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891). Mahahanap ninyo ang form ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal o IMR/Reklamo at mga tagubilin online sa <https://www.dmhc.ca.gov>.

Hindi ninyo kailangang magbayad para sa Pagdinig ng Estado o sa IMR.

Kayo ay may karapatan sa parehong Pagdinig ng Estado at isang Independiyenteng Pagrerepasong Medikal. Gayon pa man, kung nauna kayong humiling ng Pagdinig ng Estado at naisagawa na ang pagdinig para tugunan ang mga partikular ninyong isyu, hindi na kayo puwedeng humiling ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

DMHC para sa parehong mga isyu. Sa ganitong sitwasyon, nasa Pagdinig ng Estado ang pinal na desisyon. Pero puwede pa rin kayong maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi kuwalipikado ang mga isyu para sa IMR, kahit na may nangyari nang Pagdinig ng Estado.

Ang mga seksiyon sa ibaba ay may mga karagdagang impormasyon kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado at isang Independiyenteng Pagrerepasong Medikal.

Hindi hinahawakan ng HPSM ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx. Para magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx, tumawag sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pagpindot sa 7 o 7-1-1. Ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring kuwalipikado para sa Independiyenteng Pagrerepasong Medikal (Independent Medical Review, IMR) sa DMHC.

Kung hindi kayo sang-ayon sa desisyong nauugnay sa inyong benepisyo sa parmasya sa Medi-Cal Rx, puwede kayong humiling ng Pagdinig ng Estado. Hindi kayo puwedeng humiling sa DMHC ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal para sa mga desisyon sa benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx.

---

### **Mga Reklamo at Independiyenteng Pagrerepasong Medikal (Independent Medical Review, IMR) mula sa Departamento ng Pinamamahalaan na Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC)**

Sa IMR, ang inyong kaso ay nirerepaso ng isang doktor na hindi nauugnay sa HPSM. Kung gusto ninyo ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal, kailangan muna kayong maghain ng apela sa HPSM para sa mga hindi agarang alalahanin. Kapag wala kayong narinig mula sa HPSM sa loob ng 30 araw sa kalendaryo, o kung hindi kayo nasisiyahan sa desisyon ng HPSM, puwede na kayong humiling ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal. Kailangan ninyong humiling ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng abiso na nagsasabi sa inyo ng aming pasya sa apela, pero mayroon lang kayong 120 araw para humiling ng Pagdinig ng Estado. Kaya naman, kung gusto ninyo ng IMR at Pagdinig ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

estado, maghain ng inyong reklamo sa lalong madaling panahon.

Tandaan, kung hihingi muna kayo ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig sa inyong mga partikular na isyu, hindi kayo puwedeng humingi ng IMR sa DMHC sa parehong mga isyu. Sa ganitong sitwasyon, nasa Pagdinig ng Estado ang pinal na desisyon. Pero puwede pa rin kayong maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi kuwalipikado ang mga isyu para sa IMR, kahit na may nangyari nang Pagdinig ng Estado.

Puwede kayong makakuha agad ng Independiyenteng Pagrerepasong Medikal nang hindi muna naghahain ng apela sa HPSM. Ito ay sa mga sitwasyon kung saan ang inyong alalahanin sa kalusugan ay nangangailangan ng agarang atensiyon, gaya ng mga sitwasyon na nauugnay sa malalang panganib sa inyong kalusugan.

Kung hindi kuwalipikado para sa Independiyenteng Pagrerepasong Medikal ang inyong reklamo sa DMHC, susuriin pa rin ng DMHC ang inyong reklamo para matiyak na isinagawa ng HPSM ang tamang desisyon noong inapela ninyo ang pagtanggap nila sa mga serbisyo.

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care, DMHC) ang may responsibilidad para sa pangangasiwa sa mga plano ng serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan. Kung may karaingan kayo sa inyong planong pangkalusugan, dapat muna ninyong tawagan ang inyong planong pangkalusugan sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) at gamitin ang proseso sa karaingan ng inyong planong pangkalusugan bago kontakin ang departamento. Hindi hinahadlangan ng proseso para sa karaingang ito ang anumang posibleng mga karapatang legal o remedyo na maaari ninyong magamit. Kung kailangan ninyo ng tulong sa isang karaingan na may kinalaman sa emergency, sa isang karaingan na hindi pa lubusang nalulutas ng inyong planong pangkalusugan, o sa isang karaingan na nanatiling hindi pa nalulutas nang higit 30 araw, puwede ninyong tawagan ang departamento upang humingi ng tulong. Puwede rin kayong maging kuwalipikado sa isang Independiyenteng Pagrerepasong Medikal (Independent Medical Review, IMR). Kung kuwalipikado kayo para sa IMR, bibigyan kayo ng proseso para sa IMR ng walang-kinikilingang pagrerepaso ng mga desisyong medikal na ginawa ng planong pangkalusugan at may kinalaman sa medikal na pangangailangan ng iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa pagkakasakop ng mga paggamot na eksperimental o para sa pag-iimbestiga, at mga pagtatalo tungkol sa pagbabayad para sa pang-emergency o agarang serbisyong medikal. Ang departamento ay mayroon ding toll free na numero ng telepono



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

(1-888-466-2219) at linya ng TDD (1-877-688-9891) para sa may kahinaan sa pandinig at pananalita. Ang internet website ng departamento na [www.dmh.ca.gov](http://www.dmh.ca.gov) ay may mga form para sa reklamo, form para sa aplikasyon sa Independiyenteng Pagrerepasong Medikal at tagubilin online.

---

### Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pulong kasama ng HPSM at isang hukom mula sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS). Tutulong ang hukom na lutasin ang inyong problema at magpasya kung tama ang naging desisyon ng HPSM o hindi. May karapatan kayong humiling ng Pagdinig ng Estado kung nakahiling na kayo ng apela sa HPSM at hindi pa rin kayo masaya sa desisyon namin, o kung wala kayong nakuhang desisyon tungkol sa inyong apela pagkalipas ng 30 araw.

Kailangan kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsang nasa aming NAR na sulat. Kung bibigyan namin kayo ng Binayarang Tulong Habang Naghihintay (Aid Paid Pending; APP) habang kayo ay may apela, at gusto ninyo itong magpatuloy hanggang sa magkaroon ng desisyon ang inyong Pagdinig ng Estado, dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw ng aming NAR na sulat, o bago ang petsa kung kailan ititigil na ang inyong mga serbisyo, alinman ang mas huli.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagtiyak na magpapatuloy ang Binayarang Tulong Habang Naghihintay hangga't walang pinal na desisyon sa inyong Pagdinig ng Estado, kontakin ang HPSM mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-750-4776. Kung mayroon kayong problema sa pandinig o pagsasalita, tumawag sa 1-800-735-2929 o 7-1-1. Puwedeng humiling ang inyong awtorisadong kinatawan o tagabigay ng serbisyo ng Pagdinig ng Estado para sa inyo kapag may nakasulat na pahintulot ninyo.

Minsan, puwede kayong humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang aming proseso ng apela.

Halimbawa, kung hindi kayo naabisuhan ng HPSM sa tamang paraan o sa tamang oras tungkol sa inyong mga serbisyo, puwede kayong humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang aming proseso ng apela. Ito ay tinatawag na Deemed Exhaustion. Narito ang ilang halimbawa ng Deemed Exhaustion:



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Hindi kami nagbigay sa inyo ng NOA o NAR na sulat sa gusto ninyong wika
- Nagkamali kami na nakaapekto sa alinman sa inyong mga karapatan
- Wala kaming ibinigay na NOA na sulat sa inyo
- Wala kaming ibinigay na NAR na sulat sa inyo
- Nagkamali kami sa aming NAR na sulat
- Hindi namin napagpasyahan ang inyong apela sa loob ng 30 araw
- Napagdesisyunan namin na agaran ang inyong kaso pero hindi namin natugunan ang inyong apela sa loob ng 72 oras

Puwede kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa ganitong mga paraan:

- **Sa telepono:** Tumawag sa Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado ng CDSS sa 1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349 o 7-1-1)
- **Sa mail:** Sagutan ang form na kasama ng inyong abiso ng resolusyon ng mga apela at ipadala ito sa:

California Department of Social Services  
State Hearings Division  
744 P Street, MS 09-17-433  
Sacramento, CA 95814

- **Online:** Humiling ng pagdinig online sa [www.cdss.ca.gov](http://www.cdss.ca.gov)
- **Sa pamamagitan ng email:** Sagutan ang form na kasama sa inyong abiso ng resolusyon ng mga apela at i-email ito sa [Scopeofbenefits@dss.ca.gov](mailto:Scopeofbenefits@dss.ca.gov)
  - Tandaan: Kung ipapadala ninyo ito sa pamamagitan ng email, may panganib na maharang ng iba pang tao bukod sa Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado ang inyong email. Pag-isipang gumamit ng mas ligtas na paraan para ipadala ang inyong kahilingan.
- **Sa Pamamagitan ng Fax:** Sagutan ang form na kasama sa inyong abiso ng resolusyon ng mga apela at i-fax ito sa Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado nang toll free sa 1-833-281-0903

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, matutulungan namin kayo. Mabibigyan namin kayo ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Sa pagdinig, sasabihin ninyo sa hukom kung bakit hindi kayo sang-ayon sa desisyon ng HPSM. Sasabihin ng HPSM sa hukom kung paano namin ginawa ang aming desisyon. Puwedeng umabot ng 90 araw upang mapagpasyahan ng huwes ang inyong kaso. Dapat na sundin ng HPSM ang pasya ng huwes.

Kung gusto ninyong gumawa ang CDSS ng mabilis na desisyon dahil malalagay sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

panganib ang inyong buhay, kalusugan, o kakayahang kumilos, dahil sa tagal bago makakuha ng Pagdinig ng Estado, kayo, ang inyong awtorisadong kinatawan, o ang inyong tagabigay ng serbisyo ay puwedeng kumontak sa CDSS at humiling ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat magpasya ang CDSS nang hindi tatagal sa tatlong araw na may pasok pagkatapos nitong makuha ang inyong kumpletong file ng kaso mula sa HPSM.

---

### **Panloloko, pagsasayang, at pag-abuso**

Kung sa palagay ninyo na ang isang tagabigay ng serbisyo o tao na kumuha ng Medi-Cal ay gumagawa ng panloloko, pagsasayang at pag-abuso, karapatan ninyong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal na Toll free na numero na 1-800-822-6222 o pagsusumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Kabilang sa panloloko, pagsasayang, at pag-abuso ng tagabigay ng serbisyo:

- Pagpeke ng mga medikal na rekord
- Pagrereseta ng mas maraming gamot kaysa sa medikal na kinakailangan
- Pagbibigay ng higit na mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan kaysa sa medikal na kinakailangan
- Pagsingil ng mga serbisyong hindi ipinagkaloob
- Pagsingil ng mga serbisyong propesyonal kahit hindi ginawa ng propesyonal ang serbisyo
- Pag-aalok ng mga libre o may diskuwentong item at serbisyo sa mga miyembro para maimpluwensiyahan kung aling tagabigay ng serbisyo ang pipiliin ng miyembro
- Pagpapalit ng tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga ng miyembro nang hindi alam ng miyembro

Kasama sa panloloko, pagsasayang, at pag-abuso ng taong tumatanggap ng mga benepisyo ang, pero hindi limitado sa:

- Pagpapaupa, pagbebenta o pamimigay ng ID card ng planong pangkalusugan o Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) sa ibang tao
- Pagkuha ng mga katulad o kahawig na paggamot o gamot sa iisang tagabigay ng serbisyo
- Pagpunta sa emergency room nang wala namang emergency
- Paggamit ng Social Security Number o numero ng ID ng planong pangkalusugan ng ibang tao
- Medikal o hindi medikal na transportasyon para sa mga serbisyong walang kinalaman sa pangangalagang pangkalusugan, para sa mga serbisyong hindi sakop



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ng Medi-Cal, o kapag walang medikal na appointment o kukuning reseta

Para mag-ulat ng panloloko, pagsasayang, o pag-abuso, isulat ang pangalan, tirahan, at numero ng ID ng taong gumawa ng panloloko, pagsasayang, at pag-abuso.

Magbigay hangga't kaya ng impormasyon tungkol sa tao, tulad ng numero ng telepono o ang espesyalidad kung tagabigay ito ng serbisyo. Ibigay ang mga petsa ng mga pangyayari at isang buod ng kung ano talaga ang nangyari.

Ipadala ang inyong ulat sa:

Health Plan of San Mateo  
Attn: Compliance Officer  
801 Gateway Boulevard, Suite 100  
South San Francisco, CA 94080

Hotline para sa Pagsunod: 1-844-965-1241



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

# 7. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng HPSM, mayroon kayong mga tiyak na karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwang ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Kabilang rin sa kabanatang ito ang mga abisong legal na karapatan ninyo bilang miyembro ng HPSM.

## Ang inyong mga karapatan

Narito ang inyong mga karapatan bilang miyembro ng HPSM:

- Maituring nang may paggalang at pagkilala ng inyong dignidad, kung saan binibigyan ng karampatang pagsasaalang-alang ang inyong karapatan sa pagkapribado at pangangailangan na mapanatili ang pagkakumpidensiyal ng inyong impormasyong medikal tulad ng kasaysayang medikal, kondisyon o paggamot sa isip o katawan, at reproductive o seksuwal na kalusugan
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa planong pangkalusugan at mga serbisyo nito, kasama ang mga sakop na serbisyo, tagabigay ng serbisyo, practitioner, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro
- Makatanggap ng ganap na nakasalin na nakasulat na impormasyon ng miyembro sa inyong gustong wika, kasama ang lahat ng paunawa sa karaingan at mga apela
- Magbigay ng mga rekomendasyon kaugnay ng mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng HPSM
- Makapili ng tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga sa loob ng samahan ng HPSM
- Magkaroon ng maagap na access sa mga tagabigay ng serbisyo na nasa samahan
- Makasali sa mga pagdedesisyon kasama ang mga tagabigay ng serbisyo hinggil sa sarili ninyong pangangalaga sa kalusugan, kasama ang karapatang tumanggi sa paggamot
- Magsabi ng mga karaingan, pasalita man o pasulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natanggap ninyo
- Malaman ang medikal na dahilan para sa pagpapasya ng HPSM na hindi aprubahan, iantala, wakasan (tapusin), o baguhin ang isang kahilingan para sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

pangangalagang medikal

- Makakuha ng koordinasyon ng pangangalaga
- Humingi ng apela sa mga pasya na hindi naaprubahan, nag-antala, o naglimita sa mga serbisyo o benepisyo
- Makakuha ng mga libreng serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin para sa inyong wika
- Makahingi ng libreng tulong na legal mula sa inyong opisina para sa lokal na tulong legal (legal aid office) o iba pang grupo
- Makagawa ng mga nauna nang naitakdang habilin (advance directive)
- Makahingi ng Pagdinig ng Estado kung hindi naaprubahan ang isang serbisyo o benepisyo at nakapaghain na kayo ng apela sa HPSM at hindi pa rin kayo nasisiyahan sa pasya, o kung hindi kayo nakatanggap ng pasya sa inyong apela pagkaraan ng 30 araw, kasama ang impormasyon tungkol sa mga sitwasyon kung saan posible ang isang pinabilis na pagdinig
- Para umalis sa pagkaka-enroll (mag-drop) sa HPSM at magpalit ng planong pangkalusugan sa county kapag hiniling
- Ma-access ang mga serbisyo para sa pagbibigay ng pahintulot sa mga menor de edad
- Para makakuha ng libreng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa ibang format (tulad ng braille, malaking print, audio, at iba pang naa-access na electronic na format) kapag hiniling at sa maagap na paraang angkop sa format na hiniling at alinsunod sa Welfare and Institutions (W&I) Code section 14182 (b)(12)
- Maging malaya mula sa anumang paraan ng pagpigil o pagbubukod na ginagamit bilang paraan ng pamumuwersa, pagdidisiplina, kaluwagan, o paghihiganti
- Matapat na matalakay ang impormasyon tungkol sa mga magagamit na opsiyon at alternatibo sa paggamot, na gagawin sa paraang angkop sa inyong kondisyon at kakayahang makaunawa, anuman ang gastusin o pagkakasakop
- Ma-access at makakuha ng kopya ng inyong mga medikal na rekord, at makahiling na maamyendahan o maiwasto ang mga ito, alinsunod sa seksiyon 164.524 at 164.526 ng 45 Code of Federal Regulations (CFR)
- Malayang gamitin ang mga karapatang ito nang walang masamang epekto sa paraan ng pagtrato sa inyo ng HPSM, tagabigay ng serbisyo o, ng Estado
- Para magka-access sa mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, Nagsasariling Paanakan (Freestanding Birth Centers), Sentrong Pangkalusugan na Kuwalipikado ng Pederal na Gobyerno (Federally Qualified Health Center, FQHC), Mga Tagabigay ng Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Indian (Indian Health Care Providers), mga serbisyo ng komadrone, Rural Health Centers, mga serbisyo para sa impeksiyon na nakakahawa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (STI) at pang-emergency na pangangalaga sa labas ng mga samahan ng HPSM na alinsunod sa batas pederal



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## Ang inyong mga responsibilidad

May sumusunod na responsibilidad ang mga miyembro ng HPSM:

1. Basahin mabuti ang lahat ng materyales para sa Miyembro ng HPSM upang maunawaan kung paano mapapakinabangan ang inyong mga benepisyo at kung ano ang mga pamamaraan na dapat sundin kapag kailangan ninyo ng pangangalaga.
2. Sikaping puntahan ang inyong mga appointment sa tagabigay ng serbisyo; kung kailangan ninyong magkansela o baguhin ang appointment, tawagan ang inyong tagabigay ng serbisyo o klinika ng kahit man lang 24 oras bago o sa lalong madaling panahon.
3. Ipakita ang inyong HPSM ID card o tandaan na sabihin sa inyong Tagabigay ng Serbisyo (ang inyong doktor, ospital, o iba pang tagabigay ng serbisyo) na kayo ay isang miyembro ng HPSM bago tanggapin ang pangangalaga.
4. Sundin ang plano ng paggamot na sinang-ayunan ninyo at ng inyong tagabigay ng serbisyo.
5. Magbigay ng wasto at kompletong impormasyon tungkol sa inyong pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan sa HPSM at sa inyong tagabigay ng serbisyo. Sabihin sa inyong tagabigay ng serbisyo kung mayroon kayong kondisyong medikal.
6. Sa pinakamahusay na makakaya, unawain ang inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at lumahok sa pagpapaunlad ng mga plano at simulain sa paggamot kasama ng mga tagabigay ng serbisyo.
7. Sundin ang mga plano at tagubilin para sa pangangalaga na sinang-ayunan ninyo kasama ng inyong tagabigay ng serbisyo. Magtanong sa inyong tagabigay ng serbisyo kung hindi ninyo maintindihan ang isang bagay o hindi tiyak sa payong ibinigay sa inyo.
8. Kumonsulta sa mga Espesyalista na pinagrekomendahan sa inyo ng Tagabigay ng Serbisyo sa Pangunahing Pangangalaga (PCP).
9. Aktibong lumahok sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan na nagpapanatili sa inyong mabuting kalagayan.
10. Makipagtulungan sa inyong mga tagabigay ng serbisyo upang bumuo at panatilihin ang magandang pakikipagtulungan na relasyon.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

11. Gamitin lang ang emergency room sa kaso ng isang emergency o kung inutos ng inyong tagabigay ng serbisyo.
12. Magpatinging muli sa inyong Tagabigay ng Serbisyo sa Pangunahing Pangangalaga (PCP), matapos makakuha ng pangangalaga sa pasilidad na pang-emergency.
13. Mag-ulat ng nawala o ninakaw na mga ID card sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng HPSM at huwag hayaan ang ibang gamitin ang inyong HPSM ID card.
14. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng HPSM kung hindi ninyo maunawaan kung paano gamitin ang inyong mga benepisyo o may anumang problema sa mga natanggap ninyong serbisyo.
15. Sabihin sa HPSM kung lumipat kayo ng tirahan at/o nagbago ang numero ng telepono. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng HPSM at ang Ahensiya ng Serbisyong Pantao ng San Mateo County (San Mateo County Human Services Agency). Kung tumatanggap kayo ng SSI, tawagan ang Social Security Administration/Social Security. Kailangan naming lahat na magkaroon ng inyong tamang address at numero ng telepono na nasa file namin.
16. Ipaalam sa HPSM kung mayroon kayong iba pang pagkakasakop na insurance sa kalusugan (other health insurance coverage, OHC). Kung natapos na ang iba ninyong insurance sa kalusugan, padalhan ang HPSM ng kopya ng sulat ng pagtatapos ng inyong OHC.
17. Sundin ang pamamaraan sa Karaingan sa HPSM kung gusto ninyong maghain ng reklamo.
18. Maging magalang at mapitagan sa lahat ng kawani at inyong mga tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng HPSM.

---

## Abiso ng Kawalan ng Diskriminasyon (non-discrimination)

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang HPSM sa mga pang-estado at pederal na batas sa karapatang sibil. Ang HPSM ay hindi nandidiskrimina, hindi nagsasantabi ng mga tao, o hindi sila itinatrato sa ibang paraan dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan sa isang etnikong pangkat, edad, kapansanan ng pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal,



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o seksuwal na oryentasyon.

Nagkakaloob ang HPSM ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para matulungan silang mas mainam na makipag-ugnayan, tulad ng:
  - Mga kuwalipikadong tagasalin ng wika sa pagsesenyas
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking print, audio, mga accessible na electronic format, at iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika para sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng:
  - Mga kuwalipikadong tagasalin
  - Impormasyong nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan ninyo ng mga serbisyong ito, kontakin ang HPSM mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-750-4776. O, kung hindi kayo nakaririnig o nakapagsasalita nang maayos, tawagan ang 1-800-735-2929 o 7-1-1 para gamitin ang California Relay Services.

### Paano maghain ng karaingan

Kung naniniwala kayo na hindi naibigay ng HPSM ang mga serbisyong ito o labag sa batas itong nakitungo nang may diskriminasyon batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kinikilalang etnikong grupo, edad, kapansanan sa isip, kapansanang pisikal, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o seksuwal na oryentasyon, puwede kayong maghain ng karaingan sa Grievance and Appeals coordinator (Tagapag-ugnay ng mga Karaingan at Apela) II ng HPSM. Puwede kayong maghain ng karaingan sa pamamagitan ng pagtawag sa telepopno, pagsulat, nang personal, o sa online:

- **Sa telepono:** Kontakin ang HPSM mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-750-4776. O, kung hindi kayo nakaririnig o nakapagsasalita nang maayos, tawagan ang 1-800-735-2929 o 7-1-1 para gamitin ang California Relay Services.
- **Sa mail:** Sagutan ang form para sa reklamo o sumulat at ipadala ito sa:  
Health Plan of San Mateo  
Attn.: Grievance and Appeals Unit  
801 Gateway Boulevard, Suite 100  
South San Francisco, CA 94080
- **Nang personal:** Bisitahin ang opisina ng inyong doktor o HPSM at sabihin na gusto



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ninyong maghain ng karaingan.

- **Online:** Magpunta sa website ng HPSM sa [www.hpsm.org/member/file-a-complaint](http://www.hpsm.org/member/file-a-complaint).

### **Opisina para sa mga Karapatang Sibil – Departamento ng mga Serbisyo para sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services)**

Maaari rin kayong maghain ng reklamo tungkol sa karapatang sibil sa Departamento ng mga Serbisyo para sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services, DHCS) Opisina para sa mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights) sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o online:

- **Sa telepono:** Tumawag sa 1-916-440-7370. Kung hindi kayo makapagsalita o makarinig nang maayos, tawagan ang 7-1-1 (Telecommunications Relay Service).
- **Sa mail:** Magsagot ng form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413

Makukuha ang mga form para sa pagrereklamo sa:

[https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx).

- **Online:** Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).

### **Opisina para sa mga Karapatang Sibil – Departamento ng mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng United States**

Kung naniniwala kayo na nadiskrimina kayo batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, edad, kapansanan o kasarian, puwede rin kayong maghain ng karapatang sibil na reklamo sa Departamento ng mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao, Opisina para sa mga Karapatang Sibil ng United States sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, pagsulat, o online:

- **Sa telepono:** Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi kayo nakapagsasalita o nakarinig nang maayos, tawagan ang TTY 1-800-537-7697 o 7-1-1 para gamitin ang California Relay Services.
- **Sa mail:** Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:  
U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Washington, D.C. 20201

Makukuha ang mga form para sa pagrereklamo sa  
<https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>.

- **Online:** Pumunta sa Tagatanggap ng Reklamo ng Opisina para sa mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights Complaint Portal) sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.

---

## Mga paraan para makalahok bilang isang miyembro

Gusto ng HPSM na marinig kayo. Bawat quarter, ang HPSM ay may mga pagpupulong para pag-usapan kung ano ang mahusay na gumagana at kung paano pa mapahuhusay ang HPSM. Imbitadong dumalo ang mga miyembro. Dumalo sa miting!

### Komite ng Pagpapayo sa Komunidad (Community Advisory Committee o CAC)

May grupo ang HPSM na tinatawag na Komite ng Pagpapayo sa Komunidad. Ang pangkat na ito ay binubuo ng mga miyembro ng HPSM (at ng mga miyembro ng kanilang pamilya), mga tagapagtaguyod ng komunidad, at mga kinatawan mula sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad ng San Mateo County. Puwede kayong sumali sa grupong ito kung gusto ninyo. Nag-uusap ang grupo tungkol sa pagpapaunlad ng mga polisiya ng HPSM at tungkulin nitong:

- pagpapayo sa HPSM tungkol sa pagpapabuti ng kalidad ng mga serbisyo ng HPSM.
- Kung gusto ninyong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). O magpadala ng sulat o mag-email sa amin. Mangyaring isama ang mga sumusunod na impormasyon:

- Ang inyong pangalan at ID number bilang miyembro ng HPSM
- Aling programa ng HPSM kayo kabilang (hal. Medi-Cal)
- Isang buod na paliwanag kung bakit gusto ninyong sumali sa CAC

Mag-email sa amin sa [MemberServicesSupport@hpsm.org](mailto:MemberServicesSupport@hpsm.org) o ipadala ang inyong sulat sa:

Health Plan of San Mateo  
Attn.: Mga Serbisyo para sa Miyembro  
801 Gateway Boulevard, Suite 100  
South San Francisco, CA 94080



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## Komisyonang Pangkalusugan ng San Mateo

Ang Komisyon Pangkalusugan ng San Mateo (San Mateo Health Commission, SMHC) ay ang nangangasiwang lupon para sa HPSM. Nakaiskedyul ang pagpupulong ng SMHC sa ikalawang Miyerkules ng bawat buwan at bukas ito sa publiko. Puwede kayong pumunta sa [www.hpsm.org/about-us/governance/commission](http://www.hpsm.org/about-us/governance/commission) o tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1) para sa higit pang impormasyon.

## Abiso sa mga pamamalakad hinggil sa pagkapribado

May magagamit na pahayag na naglalarawan ng mga patakaran at pamamaraan ng HPSM para mapanatiling kumpidensiyal ang mga medikal na rekord at ibibigay ito sa inyo kapag humingi kayo.

Kung nasa edad at kapasidad kayong magbigay ng pahintulot sa mga sensitibong serbisyo, hindi kayo inaatasang kumuha ng awtorisasyon mula sa sinupamang miyembro para makatanggap ng mga sensitibong serbisyo o para magsumite ng claim (paghahabol ng kabayaran) para sa mga sensitibong serbisyo. Para matuto pa tungkol sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Sensitibong pangangalaga” sa Kabanata 3 ng aklat-gabay na ito.

Puwede ninyong hilingin sa HPSM na magpadala ng mga komunikasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa ibang mailing address, email address, o numero ng telepono na pipiliin ninyo. Tinatawag itong “kahilingan para sa mga kumpidensiyal na komunikasyon.” Kung magbibigay kayo ng pahintulot para sa pangangalaga, hindi magbibigay ang HPSM ng impormasyon sa inyong mga serbisyo ng sensitibong pangangalaga sa sinupaman nang walang nakasulat na pahintulot mula sa inyo. Kung hindi kayo magbibigay ng mailing address, email address, o numero ng telepono, magpapadala ang HPSM ng mga komunikasyon sa inyong pangalan sa address o numero ng telepono sa file.

Igagalang ng HPSM ang iyong mga kahilingang kumuha ng mga kumpidensiyal na komunikasyon sa form at format na hiniling ninyo. O titiyakin naming madaling ilagay ang inyong mga komunikasyon sa form at format na hiniling ninyo. Ipapadala namin ito sa ibang lokasyon na pipiliin ninyo. Mananatili ang inyong kahilingan sa mga kumpidensiyal na komunikasyon hanggang sa kanselahin ninyo ito o hanggang sa magsumite kayo ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensiyal na komunikasyon.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

Kasama sa ibaba ang pahayag ng HPSM tungkol sa mga patakaran at pamamaraan nito para sa pagprotekta sa inyong impormasyong medikal (tinatawag na “Abiso sa mga Pamamalakad Hinggil sa Pagkapribado”):

<https://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/priv/Documents/Notice-of-Privacy-Practices-English.pdf>.

### **Abiso sa mga Pamamalakad Hinggil sa Pagkapribado**

**ANG ABISONG ITO AY NAGLALARAWAN KUNG PAANO MAGAGAMIT AT MAISISIWALAT ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA INYO AT KUNG PAANO NINYO MAA-ACCESS ANG IMPORMASYONG ITO. PAKIBASA ITO NANG MABUTI.**

**Nakatuon ang HPSM sa pagprotekta sa inyong impormasyon ng kalusugan, na anumang impormasyon tungkol sa:**

- Ang inyong nakaraan o kasalukuyang pisikal na kalusugan o kalusugan ng isip.
- Anumang pagbabayad para sa mga serbisyo sa kalusugan na makakatukoy sa inyo bilang isang indibidwal.

Ang mga halimbawa ng impormasyong pangkalusugan ay kinabibilangan ng inyong pangalan, petsa ng kapanganakan, mga nakilalang sakit, mga medikal na paggamot, mga medikal na claim (paghahabol ng kabayaran), lahi, etnisidad, kinikilalang kasarian, at seksuwal na oryentasyon.

**Ibinubuod ng abisong ito ang mga gawi sa pagkapribado ng HPSM at ang inyong mga karapatan bilang miyembro ng HPSM kaugnay ng inyong impormasyong pangkalusugan. Ipinapaliwanag nito ang:**

- Paano pinoprotektahan ng HPSM ang impormasyon ninyo sa kalusugan alinsunod sa batas ng estado at pederal na pamahalaan.
- Paano legal na ginagamit at isinasiwalat ng HPSM ang impormasyon ng inyong kalusugan. (Tumutukoy ang salitang “ginagamit” sa kung paano kami nagbabahagi ng impormasyon sa HPSM. Tumutukoy ang “pagsisiwalat” sa pagbabahagi ng impormasyon sa labas ng HPSM.)
- Paano ninyo maa-access ang inyong impormasyon ng kalusugan.

Sakop *lamang* ng pabatid na ito ang pamamalakad ng pagkapribado ng HPSM. Posibleng may ibang patakaran ang inyong tagabigay ng serbisyo kaugnay ng kanilang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

paggamit at pagsisiwalat ng inyong impormasyong pangkalusugan na ginawa sa kanilang opisina.

Kung may mga katanungan kayo tungkol sa abisong ito, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng HPSM sa **1-800-750-4776**. Ang mga oras ng aming opisina ay mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Ang mga miyembro na may kapansanan sa pandinig o pananalita ay maaaring tawagan ang California Relay Services (CRS) sa **1-800-735-2929** o **7-1-1**.

### **Mga legal na itinatakda ng HPSM kaugnay ng impormasyon ng kalusugan**

Kami ay kinakailangan ng batas na:

- Magpanatili ng seguridad at pagkapribado ng mga elektroniko at nakasulat na impormasyon, kasama ang pisikal, teknikal, at administratibong mga pamamaraan para mapigilan ang hindi awtorisadong pag-access sa inyong protektadong impormasyong pangkalusugan.
- Tiyakin na ang impormasyong pangkalusugan na tumutukoy sa inyo ay panatilihing pribado.
- Bigyan ka nitong abiso hinggil sa mga gawi sa pagkapribado.
- Sundin ang mga takda ng abiso na kasalukuyang may bisa.

### **Paano namin puwedeng gamitin o isiwalat ang inyong impormasyon ng kalusugan**

Pinahihintulutan ng pang-estado at pederal na batas ang HPSM na gamitin at isiwalat ang impormasyong pangkalusugan ng aming mga miyembro nang walang nakasulat na awtorisasyon. Nasa ibaba ang isang listahan ng mga uri ng impormasyong pangkalusugan at mga halimbawa ng mga paggamit at/o pagsisiwalat. Hindi ito isang kumpletong listahan ng lahat ng posibleng pinapayagang paggamit at pagsisiwalat. Hindi nito layuning limitahan ang mga paggamit at pagsisiwalat na pinahihintulutan ng batas. Gayunpaman, papasok sa isa sa mga uring ito ang lahat ng paraan kung paano namin puwedeng gamitin at isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan.

- **Bayad para sa serbisyo sa kalusugan.** Sinuri namin ang inyong impormasyong pangkalusugan bago mag-aproba ng pagbabayad para sa isang paggamot na hiniling ng inyong tagabigay ng serbisyo para matiyak na isa itong medikal na



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

kinakailangan.

- **Pagpapahusay sa mga operasyon ng HPSM.** Maaari naming gamitin ang impormasyong pangkalusugan ng mga miyembro para suriin ang pagganap ng aming mga tagabigay ng serbisyo at paghambingin ang kalidad ng aming serbisyo sa ibang mga planong pangkalusugan. Ginagawa namin ito sa kumpidensiyal na paraan nang hindi nagtutukoy ng mga indibidwal na miyembro.
- **Pamamahala sa pangangalaga.** Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng inyong impormasyong pangkalusugan sa inyong mga tagabigay ng serbisyo, masusuri namin ang inyong mga paggamot at gamot para matiyak na hindi sumasalungat ang mga ito sa isa't isa.
- **Mga referral sa mapagkukunan.** Puwede kaming magtukoy at magrekomenda ng mga benepisyo, serbisyo, at/o programa ng HPSM batay sa inyong impormasyong pangkalusugan.
- **Mga kontraktor na tumutulong sa aming mga operasyon.** Sang-ayon ang mga kontraktor na panatilihin kumpidensiyal at secure ang impormasyon ng kalusugan, at na gamitin lang ito para tulungan kami. Halimbawa, nakipagkontrata kami sa “Tagapangasiwa ng Benepisyo sa Parmasya” at ibinigay namin sa kanila ang impormasyong kailangan nila para mabayaran ang mga claim (paghahabol ng kabayaran) sa parmasya ng aming mga miyembro.
- **Para sa mga isponsor ng programa sa insurance sa kalusugan.** Nakikipagkontrata ang mga employer at iba pang organisasyon sa HPSM para makapagbigay kami ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan at makapagbayad para sa mga claim (paghahabol ng kabayaran). Sang-ayon silang panatilihin kumpidensiyal at secure ang impormasyon ng kalusugan, at na gamitin lang ito para tulungan kami. Kung mayroon kayong isponsor ng plano, puwede namin silang sabihan kapag kayo ay nag-enroll o umalis sa pagkaka-enroll sa aming plano. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaari rin naming isiwalat upang matasa ng isponsor ang pagganap ng HPSM.
- **Para sa mga kapamilya o mga indibidwal na kasama sa inyong pangangalaga o sa pagbabayad ng inyong pangangalaga.** Maaari rin naming ilabas ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga kapamilya o iba pang tao na nagbabayad para sa inyong pangangalaga sa kalusugan. Gagawin namin ito kung kinakailangan ito para mabigyang-daang silang magbayad para sa inyong pangangalaga o makagawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga. Maaari lamang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

namin isiwalat ang impormasyong pangkalusugan ninyo kung kayo ay naroroon at sumasang-ayon kayo sa pagsisiwalat, maliban kapag:

- Pinipigilan kayo ng inyong kondisyong medikal na gumawa ng mga desisyon at naniniwala kaming ang pagsisiwalat ng inyong impormasyon ay para sa inyong ikabubuti.
- Pagkatapos ng inyong kamatayan (maliban kung sasabihan ninyo kami bago ito na huwag ibahagi ang inyong impormasyon).
- **Mga Paaralan.** Posibleng legal na kinakailangan ng paaralan na magkaroon ng katibayan ng mga bakuna para sa mag-aaral na nag-e-enroll o naka-enroll sa paaralan. Sa mga sitwasyong iyon, puwede naming ibigay sa paaralan ang rekord ng mga bakuna ng mag-aaral na iyon.

### Mga Natatanging Sitwasyon

Isinisiwalat namin ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo:

- **Kapag kinakailangan ng pederal, pang-estado, o lokal na batas.**
- **Para mapigilan ang seryosong banta sa inyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan din ng iba.** Isisiwalat lang namin ang impormasyong ito sa sinuman na makakatulong sa pagpigil ng banta.
- **Kung miyembro kayo ng sandatahang lakas o beterano** kinakailangan ng mga awtoridad sa militar o upang makatulong sa pagtukoy ng inyong pagiging kuwalipikado para sa mga benepisyo ng beterano.
- **Kung nakakulong kayo sa isang koreksiyonal na institusyon** bilang bahagi ng pagkokoordina ng inyong pangangalaga.
- **Para sa mga programang nagbibigay ng bayad-pinsala para sa mga manggagawa** at iba pang benepisyo para sa mga pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho.
- **Para sa mga gawain sa pampublikong kalusugan,** gaya ng:
  - Para maiwasan o mapigilan ang sakit, pinsala o kapansanan.
  - Pag-uulat ng mga pang-aabuso o pagpapabaya sa bata.
  - Pag-uulat ng mga kapanganakan o mga kamatayan.
  - Pag-uulat ng mga reaksiyon sa mga gamot o problema sa produkto.
  - Pag-abiso sa inyo tungkol sa mga pagbawi ng mga produktong posibleng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). AngHPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ginagamit ninyo.

- Pagbibigay-alam sa inyo kung kayo ay posibleng nalantad sa sakit o nasa peligro na mahawaan o makahawa ng sakit.
- Pagbibigay-alam sa mga kinauukulang awtoridad sa pamahalaan kung naniniwala kami na kayo ay biktima ng pang-aabuso, pagpapabaya o kalupitan sa loob ng tahanan. Isisiwalat lang namin ito kung pumapayag kayo o kung binibigyan ng awtorisasyon ng batas.
- **Sa ahensiya ng pagbabantay sa mga gawaing pangkalusugan** para sa mga aktibidad na awtorisado ng batas. Halimbawa, posibleng isiwalat namin ang inyong impormasyong pangkalusugan sa pampublikong ahensiya na responsable sa pangangasiwa ng operasyon ng HPSM. Ang mga gawaing ito ay kinakailangan para mabigyang-daan ang gobyerno na bantayan ang sistema ng pangangalaga sa kalusugan at mga programa sa benepisyong pangkalusugan ng gobyerno.
- **Para sa mga demanda at pagtatalo** kung inatas ng korte, husgado, subpoena, o iba pang legal na proseso. Gagawin lang namin ito pagkatapos ng mga hindi matagumpay na pagsisikap na abisuhan kayo tungkol sa kahilingan o para makakuha ng utos na nagpoprotekta sa impormasyong hiniling.
- **Sa mga opisyal na tagapagpatupad ng batas** sa mga limitadong sitwasyon (ibig sabihin, kung hiniling ito ng opisyal o i-ulat ang labag sa batas na pag-uugali o asal). Sa pangkalahatan, may koneksiyon dapat ito sa kriminal na imbestigasyon, utos ng korte, mandamyento, o pambansang aktibidad sa seguridad na awtorisado ng batas.
- **Para makatulong sa isang misyon ng militar** o iba pang aktibidad ng pamahalaan na may kaugnayan sa intelihensiya, pambansang kaligtasan, o pagpoprotekta sa Presidente.
- **Sa mga coroner (opisyales ng pamahalaan ng kumukumpirma sa kamatayan ng tao), medikal na tagasuri, at direktor ng punerarya** para maisagawa nila ang kanilang mga tungkulin kapag namatay ang mga miyembro.
- **Sa mga organisasyon para sa transplant ng organ** na nagtatrabaho sa pag-transplant ng organ o tissue para sa mga layunin ng pagpapadali ng transplant ng organ.
- **50 taon pagkamatay.** Maaari naming isiwalat ang impormasyong pangkalusugan ng mga namatay na miyembro sa anumang ahensya kung ang miyembro ay namatay nang hindi bababa ng 50 taon.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- **Sa mga organisasyon para sa tulong sa panahon ng kalamidad.** Kung ayaw ninyong isiwalat namin ang inyong impormasyon para sa tulong sa panahon ng kalamidad, mayroon kayong karapatang pigilan ang naturang pagbabahagi.

Ang lahat ng naunang halimbawa ay napapailalim sa mga paghihigpit at kondisyong ipapaliwanag namin sa ibaba kaugnay ng pangangalaga sa reproductive na kalusugan.

### Mga legal na limitasyon

Sumusunod kami sa mga batas na maaaring limitahan o pigilan ang mga pagsisiwalat na nakalista sa itaas. Halimbawa:

- Mayroong mga espesyal na limitasyon sa pagsisiwalat ng impormasyong pangkalusugan na kaugnay sa katayuan sa HIV/AIDS, paggamot sa kalusugan ng isip, mga kapansanang developmental, at mga paggamot sa pagkalulong sa droga at alak.
  - Hindi namin gagamitin o isisiwalat ang mga rekord na natanggap namin na napapailalim sa 42 C.F.R. Part 2, o testimonyang nagpapahayag ng nilalaman ng mga naturang rekord, sa mga sibil, kriminal, administratibo, o panlehisaturang pagdinig laban sa inyo maliban na lamang kung binigyan ninyo kami ng nakasulat na pahintulot o may utos ng korte, pagkatapos kayong maabisuhan at mabigyan ng pagkakataong madinig sa korte. Ang anumang utos ng korte na matatanggap namin para magamit o maisiwalat ang mga rekord na ito ay dapat may kasamang subpoena o iba pang legal na obligasyon bago namin magamit o maisiwalat ang rekord.
- Hindi puwedeng gamitin ang impormasyon tungkol sa lahi, etnisidad, wika, kinikilalang kasarian, at seksuwal na oryentasyon sa underwriting, pagtatakda ng rate, pagtangga sa mga serbisyo, pagkakasakop, at mga pagtukoy sa benepisyo.
- Hindi namin puwedeng ibenta ang inyong impormasyon.

### Awtorisasyon

Maliban sa mga sitwasyong inilarawan sa itaas, hindi namin pinapayagan ang paggamit at pagsisiwalat ng inyong impormasyong pangkalusugan nang walang nakasulat na pahintulot o awtorisasyon ninyo. Halimbawa, puwede naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa layunin ng pananaliksik kapag nakuha namin ang inyong awtorisasyon. Hindi makakaapekto ang inyong desisyon na bigyan kami ng awtorisasyon sa inyong medikal na paggamot, mga benepisyo sa planong pangkalusugan, kabayaran sa paggamot, o pagiging kuwalipikado sa pagpapa-enroll.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

May karapatan kayong bawiin ang inyong awtorisasyon kahit pagkatapos ninyong lumagda sa awtorisasyon para sa paggamit o paglabas ng inyong impormasyong pangkalusugan. Sa sitwasyong iyon, hindi na namin gagamitin o isisiwalat ang inyong impormasyon ng kalusugan para sa layuning iyon. Gayunpaman, hindi na namin mababawi nag anumang pagsisiwalat na nagawa na namin sa panahon na may pahintulot kaming gawin iyon.

- **Mga paggamit at pagsisiwalat na nauugnay sa pangangalaga sa reproductive na kalusugan.** Maliban kung nakatanggap kami ng awtorisasyon mula sa inyo, pinagbabawalan kaming isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan kapag hiningi ito ng ibang tao maliban sa inyo o inyong personal na kinatawan para sa alinman sa mga sumusunod na aktibidad (“Mga Ipinagbabawal na Layunin”):

- Para magsagawa ng kriminal, sibil, o administratibong imbestigasyon o magpataw ng kriminal, sibil, o administratibong pananagutan sa sinuman para sa mismong paghingi, pagkuha, pagkakaloob, o pangangasiwa ng pangangalaga sa reproductive na kalusugan, kapag ang naturang pangangalagang pangkalusugan ay naaayon sa batas sa ilalim ng mga sirkumstansiya kung saan ito ibinigay.
- Pagtukoy sa sinumang tao para sa pagsasagawa ng naturang imbestigasyon o pagpapataw ng naturang pananagutan.

Halimbawa, posible kaming makatanggap ng subpoena na humihingi ng mga rekord ng isang miyembro, at inisyu ang subpoena para sa isang kasong naglalayong panagutin ang isang tagabigay ng serbisyo para sa pagrereseta ng isang gamot na puwedeng makapagpalaglag ng sanggol o makapagbago sa kakayahang magkaanak, o para panagutin ang isang miyembro sa pag-inom sa naturang gamot. Sa ganitong sitwasyon, kung naaayon sa batas ang reseta o pag-inom sa naturang gamot sa ilalim ng mga sirkumstansiya, ipinagbabawal sa amin ang pagbibigay ng anumang PHI bilang tugon sa kahilingan.

Kung may matanggap kaming kahilingan para sa mga rekord mula sa ibang tao bukod sa inyo o sa inyong personal na kinatawan, at ang mga hinihinging rekord ay naglalaman ng PHI na posibleng may kaugnayan sa pangangalaga sa reproductive na kalusugan, kailangan naming humingi ng pagpapatotoo mula sa humihiling kung ang kahilingan ay para sa alinman sa mga sumusunod na layunin:

- Pamamahala sa mga gawaing pangkalusugan
- Mga hudisyal at administratibong pagdinig



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). AngHPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Mga layunin sa pagpapatupad ng batas
- Mga pagsisiwalat sa mga coroner at medical examiner

Naglalaman dapat ang pagpapatotoo ng mga partikular na impormasyon tungkol sa kahilingan, isang pahayag na ang kahilingan ay hindi para sa alinman sa mga Ipinagbabawal na Layunin, isang pahayag na napapailalim sa mga kriminal na kaparusahan sa ilalim ng pederal na batas ang isang indibidwal na lalagda sa isang mapanlokong pagpapatotoo, at dapat itong lagdaan ng humihiling. Ipinagbabawal sa amin na tugunan ang mga kahilingang nangangailangan ng pagpapatotoo kung hindi natutugunan ng pagpapatotoo ang lahat ng legal na kahingian.

Halimbawa, puwede kaming makatanggap ng subpoena para hingi ang mga rekord ng isang miyembro mula sa mga opisyal na tagapagpatupad ng batas ng estado kaugnay ng kriminal na paglilitis ng indibidwal na inaakusahang nagsumite ng mga mapanlokong claim (paghahabol ng kabayaran) sa mga kompanya ng insurance, na walang kaugnayan sa pangangalaga sa reproductive na kalusugan. Bagama't hindi isang Ipinagbabawal na Layunin ang layunin ng imbestigasyon, naglalaman ng PHI ang mga rekord na posibleng nauugnay sa pangangalaga sa reproductive na kalusugan, gaya ng mga claim sa mga kondisyong may kaugnayan sa pagbubuntis. Sa ganitong sitwasyon, hihingi kami sa opisyal na tagapagpatupad ng batas ng valid at nilagdaang pagpapatotoo bago namin tugunan ang kahilingan.

Kahit nakatanggap na kami ng valid na pagpapatotoo, titiyakin pa rin naming natutugunan ng kahilingan ang lahat ng kinakailangan sa ilalim ng pederal na batas bago kami magsiwalat ng anumang PHI

**Tandaan na may posibilidad na ang impormasyong naisiwalat sa mga third party ay hindi na protektado ng HIPAA, at puwedeng isiwalat ulit ng mga naturang third party ang impormasyon ninyo.**

### **Ang inyong mga karapatan kaugnay ng inyong impormasyong pangkalusugan**

Mayroon kayong karapatang:

- **Kumuha ng papel na kopya ng abiso na ito hinggil sa pagkapribado.** Puwede rin ninyong mahanap ang abisong ito sa aming website sa [www.hpsm.org/privacy-policy](http://www.hpsm.org/privacy-policy).
- **Magtalaga ng tao para kumatawan sa inyo.** Puwede kayong magbigay sa isang tao ng medikal na kapangyarihan ng abugado, na nagpapahintulot sa nasabing tao



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

na kumilos sa ngalan ninyo at magpasya para sa inyong impormasyong pangkalusugan. Ang karapatang ito ay ginagamit rin kung mayroon kayong legal na tagapatnubay. Magsasagawa kami ng mga makatwirang hakbang para kumpirmahing ang sinumang nagsasabing kinakatawan nila kayo ay may ganito ngang awtoridad bago kami gumawa ng anumang aksiyon.

- **Humiling ng mga restriksiyon o limitasyon sa paggamit o pagsisiwalat ng inyong impormasyong pangkalusugan.** Sa inyong hiling, kailangan ninyong sabihin sa amin:
  - Kung anong impormasyong pangkalusugan ang gusto ninyong limitahan.
  - Kung gusto ninyong limitahan ang aming paggamit ng impormasyon, pagsisiwalat ng impormasyon, o pareho.
  - Kung kanino ninyo gustong ilapat ang limitasyon.
- **Kontrolin ang impormasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyonang natatanggap mo.** Kabilang sa mga sensitibong serbisyo ang pagpapayo sa kalusugan ng isip, serbisyo sa reproductive na kalusugan, mga serbisyo para sa sakit na nakukuha sa pakikipagtalik, serbisyo sa seksuwal na pag-atake, at paggamot sa pagkalulong sa droga. Hindi kinakailangan ng mga nasa hustong gulang na at may kapasidad nang magbigay ng pahintulot sa mga serbisyonang ito na kumuha ng awtorisasyon ng sinuman para ikuha sila o magsumite ng claim sa ngalan nila.
- **Humiling ng mga kumpidensiyal na komunikasyon.** May karapatan kayong humiling na makipag-ugnayan kami sa inyo nang pribado at may espesyal na pagtrato hinggil sa mga medikal na usapin (kasama ang mga medikal na sensitibong serbisyo). Hindi namin ibibigay ang tinukoy ninyong impormasyon sa sinuman nang walang nakasulat na pahintulot ninyo.
  - Puwede ninyong hilingin sa amin na magpadala ng mga komunikasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa ibang mailing address, email address, o numero ng telepono na pipiliin ninyo. Kung hindi kayo magbibigay ng isa pang paraan ng pakikipag-ugnayan, padadalhan namin kayo ng mga komunikasyon sa address o numero ng telepono na mayroon kami sa file.
  - Igagalang namin ang inyong mga kahilingang kumuha ng mga kumpidensiyal na komunikasyon sa anyo at format na hiniling ninyo. O titiyakin naming madaling ilagay ang inyong mga komunikasyon sa form at format na hiniling ninyo.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Mananatili ang inyong kahilingan sa mga kumpidensiyal na komunikasyon hanggang sa kanselahin ninyo ito o hanggang sa magsumite kayo ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensiyal na komunikasyon.
- Hindi namin itatanong sa inyo ang dahilan ng inyong kahilingan. Bagama't gagawin namin ang lahat ng aming makakaya para matugunan ang mga makatwirang kahilingan, *hindi namin kinakailangang sumang-ayon sa mga kahilingan*. Kung sumang-ayon kami, susunod kami maliban na lang kung ang impormasyon ay kailangan upang bigyan kayo ng pang-emergency na paggamot.

Para humiling ng mga kumpidensiyal na komunikasyon o espesyal na pagtrato sa paraan ng pakikipag-ugnayan sa inyo, puwede kayong makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono o magpadala ng nakasulat na kahilingan sa Opisyal sa Pagkapribado ng HPSM sa pamamagitan ng koreo.

- **Paggawa ng dokumentasyon sa mga isinisiwalat.** Mayroon kayong karapatang humiling ng listahan ng mga pagsisiwalat na isinagawa namin para sa inyong impormasyong pangkalusugan. Hindi kasama sa listahang ito ang ilang pagsisiwalat, gaya ng mga pagsisiwalat na isinasagawa para sa inyong paggamot, pagbabayad para sa inyong pangangalaga, at para sa aming mga operasyon. Hindi rin kasama rito ang karamihan sa iba pang pagsisiwalat na kailangan o puwede naming gawin nang wala ang inyong awtorisasyon (gaya ng sa mga ahensya ng pamahalaan na nagsusuri ng aming mga programa o mga pagsisiwalat na pinahintulutan ninyong gawin namin). Para humiling ng paggawa ng dokumentasyon sa mga isinisiwalat, magpadala ng nakasulat na kahilingan sa pamamagitan ng mail sa Privacy Officer ng HPSM. Ang inyong kahilingan ay puwede lang maglaman ng mga petsa sa loob ng huling anim na taon mula sa petsa ng kahilingan ninyo.
- **Access sa inyong impormasyong pangkalusugan.**
  - Nakasunod sa ilang partikular na eksepsiyon, may karapatan kayong tingnan o hingin ang kopya ng inyong PHI na itinatabi namin sa mga rekord kaugnay ng inyong pangangalaga o mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga o pagbabayad para sa inyong pangangalaga. Para humingi ng kopya ng buod,

**Ipadala sa mail ang mga nakasulat na kahilingan sa Privacy Officer ng HPSM sa:**

Health Plan of San Mateo  
Attn: Privacy Officer  
801 Gateway Boulevard, Suite 100  
South San Francisco, California 94080



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- o paliwanag tungkol sa impormasyong pangkalusugan na ito, magpadala ng nakasulat na kahilingan sa pamamagitan ng mail sa Privacy Officer ng HPSM. Puwede kaming maningil ng bayaring mura at nakabatay sa gastos. Pagkatapos, magbibigay kami ng kopya o isang buod ng inyong mga rekord ng kalusugan at claim, karaniwang sa loob ng 30 araw mula sa inyong kahilingan.
- o Sa ilang limitadong sitwasyon, puwede naming tanggihan ang ilan o ang lahat ng inyong kahilingang ma-access ang mga rekord na ito, pero kapag ginawa namin iyon, ipapaalam namin sa inyo sa sulat kung bakit at ipapaliwanag namin ang inyong karapatan, kung mayroon man, para suriin ang aming pagtanggig ng ibang tao bukod doon sa tumanggi sa inyong kahilingan. Susundin namin ang kalalabasan ng pagrerepaso.
  - **Makatanggap ng abiso ukol sa paglabag.** Nangyayari ang paglabag kapag nakuha, ginamit o inilabas ang protektadong impormasyong pangkalusugan sa paraang nilalabag ang mga mahalagang batas sa pagkapribado. Para maging kuwalipikado bilang paglabag, dapat ay hindi pinoprotektahan ang impormasyong pangkalusugan (na nangangahulugang maa-access ito ng iba). Sa loob ng dalawan buwan mula nang malamang nilabag ang inyong impormasyon, kinakailangan naming magpadala sa inyo ng abiso na nagpapaliwanag na:
    - o Ano ang nangyari.
    - o Ang mga uri ng impormasyon na sangkot sa paglabag.
    - o Mga hakbang na dapat ninyong gawin para maprotektahan ang inyong impormasyon.
    - o Ano ang ginagawa ng HPSM para siyasatin ang sitwasyon, mabawasan ang panganib sa inyo, at para maiwasan ang mga paglabag sa hinaharap.
  - **Amyendahan ang mali o hindi kumpletong mga rekord ng kalusugan at mga claim (paghahabol ng kabayaran).** May karapatan kayong humiling ng pag-amyenda hangga't nasa aming pag-iingat ang impormasyon. At idaragdag ang isang nakasulat na komento sa inyong impormasyon ng kalusugan sa HPSM. Para humiling ng pag-amyenda, padalhan sa mail ng nakasulat na kahilingan ang Privacy Officer ng HPSM na nagsasaad sa mali o hindi tumpak na impormasyong pangkalusugan at dahilan o ebidensyang sumusuporta sa inyong kahilingan.

Kung tatanggihan namin ang kahilingan ninyong amyendahan ang inyong impormasyong pangkalusugan, sasabihin namin sa inyo kung bakit at ipapaliwanag



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

namin ang karapatan ninyong maghain ng nakasulat na pahayag ng hindi pagsang-ayon. Dapat na malinaw ninyong sabihin sa amin sa sulat kung gusto ninyong isama ang inyong pahayag sa mga susunod na pagsisiwalat namin sa bahaging iyon ng inyong rekord. Puwede kaming maglagay ng buod sa halip na pahayag ninyo. Hindi namin kailangang amyendahan ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan na:

- Hindi ginawa ng HPSM (maliban na lang kung ang taong gumawa ng impormasyon ay hindi na maaaring gumawa ng pag-amyenda).
- Hindi bahagi ng impormasyon na nasa aming pag-iingat.
- Hindi bahagi ng impormasyong mapahihintulutan kayong makakuha ng kopya.
- Tama at kompleto.

Kung kayo ay Miyembro ng Medi-Cal, matuto pa tungkol sa inyong mga karapatan sa pagkapribado sa website ng Departamento ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng California (California Department of Health Services) sa [www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/priv/Pages/NoticeofPrivacyPractices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/priv/Pages/NoticeofPrivacyPractices.aspx).

### **Aabisuhan kayo tungkol sa mga pagbabago sa abisong ito**

Nakalaan sa amin ang karapatan na baguhin ang abisong ito at ilapat sa lahat ng impormasyong pangkalusugan na nasa amin tungkol sa inyo at pati na rin ang ibang matatanggap namin sa hinaharap. Aabisuhan namin kayo tungkol sa mga pagbabago sa abisong ito sa mail sa loob ng 60 araw pagkaraan ng mga pagbabago. Maglalagay rin kami ng kopya ng pinakakamakailang abiso sa aming website sa [www.hpsm.org/privacy-policy](http://www.hpsm.org/privacy-policy).

### **Kung paano maghain ng karaingan hinggil sa inyong mga karapatan sa pagkapribado**

Kung naniniwala kayo na nalabag ang inyong karapatan sa pagkapribado, puwede kayong maghain ng karaingan sa HPSM. Hindi kayo parurusahan sa paghahain ng karaingan. Puwede rin ninyong kontakin ang Departamento ng mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao para maghain ng reklamo.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

|                                                                                                                                                                              |                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                           |                                                                                                                                                                                                                                        |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <b>Health Plan of San Mateo</b><br>Attn: Grievance and Appeals Unit<br>801 Gateway Blvd., Suite 100<br>South San Francisco, CA 94080<br><b>1-888-576-7557 o 650-616-2850</b> | <b>Secretary of the U.S. Departamento ng mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services)</b><br>Opisina para sa mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights)<br>Attn: Regional Manager<br>90 7 <sup>th</sup> St., Suite 4-100<br>San Francisco, CA 94103<br><b>1-800-368-1019 o (TTY) 1-800-537-7697</b> | <b>California Department of Health Care Services</b><br>Attn: Privacy Officer<br>c/o Office of Legal Services<br>1501 Capitol Avenue<br>P.O. Box 997413, MS0010<br>Sacramento, CA 95899-7413<br><b>1-916-445-4646 o 1-866-866-0602</b> |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|

## Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas ang mailalapat sa Aklat-Gabay ng Miyembro na ito. Posibleng maapektuhan ng mga batas na ito ang inyong mga karapatan at responsibilidad kahit na hindi kasama o ipinaliwanag sa aklat-gabay na ito ang mga batas. Ang pangunahing batas na nalalapat sa aklat-gabay na ito ay ang mga pederal na batas hinggil sa mga programa ng Medicare at Medi-Cal. Posible ring mailapat ang iba pang batas ng pederal na pamahalaan at ng estado.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

## Abiso tungkol sa pagiging panghuling dinudulugan na tagapagbayad (payer of last resort) ng Medi-Cal, iba pang pagkakasakop ng kalusugan (other health coverage, OHC), at pagbawi ng tort

Sumusunod ang programa ng Medi-Cal sa mga pang-estado at pederal na batas at regulasyon na may kaugnayan sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan sa mga miyembro. Susubukang gawin ng HPSM ang lahat ng mga makatwirang hakbang upang matiyak na ang programa ng Medi-Cal ay ang panghuling dinudulugan na tagapagbayad.

Posibleng may iba pang pagkakasakop ng kalusugan (other health coverage, OHC) ang mga miyembro ng Medi-Cal, na tinatawag ring pribadong insurance sa kalusugan. Para sa mga miyembro ng Medi-Cal na may OHC, dapat nilang gamitin ang kanilang OHC para sa mga sakop na serbisyo bago nila gamitin ang kanilang mga benepisyo sa Medi-Cal. Bilang kondisyon para sa pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal, dapat kayong mag-apply para sa o magpanatili ng anumang magagamit na OHC kapag mayroon nito nang wala kayong babayaran.

Ayon sa mga pederal at pang-estadong batas, kailangan ng mga miyembro ng Medi-Cal na iulat ang OHC at anumang pagbabago sa kasalukuyang OHC. Baka kailangan ninyong bayaran ang DHCS para sa anumang benepisyong hindi dapat binayaran kung hindi kayo mag-uulat ng OHC nang maagap. Isumite ang inyong OHC online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>.

Kung wala kayong access sa internet, puwede kayong mag-ulat ng OHC sa HPSM sa pagtawag sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1). O puwede kayong tumawag sa Center ng Pagpoproseso ng OHC ng DHCS sa 1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077 o 7-1-1) o 1-916-636-1980.

Nasa ibaba ang partial na listahan ng insurance na **hindi** maituturing na OHC:

- Pagkakasakop sa personal na injury at/o medikal na pagbabayad sa ilalim ng insurance ng sasakyan. Tandaan: Basahin ang tungkol sa mga kinakailangan sa abiso para sa mga programa sa personal na pinsala at bayad-pinsala para sa mga manggagawa sa ibaba.
- Life insurance
- Workers' compensation



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Homeowner's insurance
- Umbrella insurance
- Insurance sa aksidente
- Income replacement insurance (halimbawa, Aflac)

Ang DHCS ang may karapatan at responsibilidad na mabayaran para sa sakop na mga serbisyo ng Medi-Cal na hindi ang Medi-Cal ang unang tagapagbayad. Halimbawa, kung napinsala kayo sa isang aksidente sa sasakyan o sa trabaho, posibleng ang insurance sa sasakyan o bayad-pinsala para sa mga manggagawa muna ang magbabayad para sa inyong pangangalaga sa kalusugan, o babayaran nito ang Medi-Cal kung Medi-Cal ang nagbayad para sa mga serbisyo.

Kung napinsala kayo, at ibang partido ang may pananagutan sa inyong pinsala, dapat ninyong abisuhan o ng legal ninyong kinatawan ang DHCS sa loob ng 30 araw pagkatapos magsampa ng legal na pagkilos o claim (paghahabol ng kabayaran). Isumite ang inyong abiso online sa:

- Programa ng Pansariling Pinsala (Personal Injury Program) sa <https://dhcs.ca.gov/PIForms>
- Programa ng Bayad-Pinsala para sa mga Manggagawa (Workers Compensation Recovery Program) sa <https://dhcs.ca.gov/WC>

Para matuto pa, pumunta sa website ng Dibisyon ng Pananagutan ng Ikatlong Partido at Recovery ng DHCS sa <https://dhcs.ca.gov/tplrd> o tumawag sa 1-916-445-9891.

---

## Abiso tungkol sa pagbawi mula sa ari-arian (Notice about estate recovery)

Ang programang Medi-Cal ay dapat humiling ng balik-bayad mula sa mga probated estate ng ilang partikular na pumanaw na miyembro para sa mga benepisyo ng Medi-Cal na natanggap sa o pagkalipas ng kanilang ika-55 kaarawan. Kasama sa balik-bayad ang Bayad Kapalit ng Serbisyo at mga premium (hulog sa insurance) ng pinamamahalaang pangangalaga o capitation payment (hindi nagbabagong halaga) para sa mga serbisyo sa pasilidad ng pangangalaga, pantahanan at nakabase sa komunidad na mga serbisyo, at mga nauugnay na serbisyo sa ospital at sa inireresetang gamot na natanggap noong ang miyembro ay isang pasyenteng namamalagi sa ospital sa isang pasilidad ng pangangalaga o noong tumatanggap siya ng pantahanan at nakabase sa komunidad na mga serbisyo. Ang balik-bayad ay hindi



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

maaaring lumampas sa halaga ng probated estate ng miyembro.

Para matuto pa, pumunta sa website ng programa para sa Pagbawi mula sa Ari-arian ng DHCS sa <https://dhcs.ca.gov/er> o tumawag sa 1-916-650-0590.

---

## Abiso ng Aksiyon

Padadalhan kayo ng HPSM ng Abiso ng Aksiyon (Notice of Action, NOA) na sulat anumang oras na hindi aprubahan, iantala, tapusin, o baguhin ng HPSM ang isang kahilingan sa mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan. Kung hindi kayo sang-ayon sa pasya ng HPSM, laging puwede kayong maghain ng apela sa HPSM. Pumunta sa seksyong “Mga Apela” sa Kabanata 6 ng aklat-gabay na ito para sa mahalagang impormasyon sa paghahain ng inyong apela. Kapag nagpadala sa inyo ng NOA ang HPSM, ipapaalam nito sa inyo ang lahat ng karapatang mayroon kayo kung hindi kayo sasang-ayon sa isang desisyong isinagawa namin.

### ***Mga nilalaman sa mga abiso***

Kung ibinabatay ng HPSM ang mga hindi pagsang-ayon, pag-antala, pagbabago, pagtatapos, pagsususpende, o pagbabawas sa inyong mga serbisyo nang buo o parsiyal sa medikal na pangangailangan, ang inyong NOA ay naglalaman dapat ng mga sumusunod:

- Isang pahayag ng aksiyon na nilalayong isagawa ng HPSM
- Isang malinaw at maikling paliwanag sa mga dahilan ng pasya ng HPSM
- Paano nagpasya ang HPSM, kasama ang mga panuntunang ginamit ng HPSM
- Ang mga medikal na dahilan ng pasya. Malinaw dapat na isaad ng HPSM kung paano hindi natutugunan ng inyong kondisyon ang mga panuntunan o alituntunin.

### ***Mga Pagsasalin***

Kinakailangan ng HPSM na isalin nang buo at ibigay ang nakasulat na impormasyon ng miyembro sa mga karaniwang gustong wika, kabilang ang lahat ng abiso sa karaingan at mga apela.

Nakasaad dapat sa abiso na nakasalin nang buo ang medikal na dahilan ng pasya ng HPSM na hindi aprubahan, antalahin, baguhin, wakasan, suspindihin, o bawasan ang isang kahilingan para sa mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan.

Kung wala ang pagsasalin sa gusto ninyong wika, kinakailangan ng HPSM na magbigay ng pasalitang tulong sa inyong gustong wika nang sa gayon ay maunawaan



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

ninyo ang impormasyong matatanggap ninyo.

## Koordinasyon ng Benepisyo sa Iba Pang Pagkakasakop ng Kalusugan

Kung sakop kayo ng higit sa isang plano ng insurance sa kalusugan, ang inyong mga benepisyo ay isasaayos ayon sa mga regulasyong pang-Estado at Pederal na nagpapahayag na ang Medi-Cal ang pinakahuli sa mga may tungkuling magbayad (payer of last resort). Kung gusto ninyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasama-sama ng mga benepisyo, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro.

Kung mayroon kayong iba pang insurance na pangkalusugan at Medi-Cal, ang iba pa ninyong insurance ang magiging pangunahing insurance at ang Medi-Cal ang inyong pangalawang insurance. Dapat munang singilin ng inyong mga tagabigay ng serbisyo ang inyong pangunahing insurance, bago nila masingil ang HPSM.

Dapat na sundin ninyo ang mga panuntunan ng inyong pangunahing insurance. Kung may sariling kinontratang mga doktor at ospital (samahan ng tagabigay ng serbisyo) ang inyong pangunahing insurance, kailangang gamitin ninyo ang mga ito. Kontakin ang inyong pangunahing insurance kung hindi kayo sigurado tungkol sa mga benepisyo at samahan ng tagabigay ng serbisyo ng plano ng insurance. Kung hindi kayo kumuha ng pangangalaga mula sa samahan ng tagabigay ng serbisyo ng inyong pangunahing insurance, maaaring hindi bayaran ng inyong pangunahing insurance ang kinuha ninyong pangangalaga. At hindi rin magbabayad ang HPSM. Hindi kayo itatalaga ng HPSM sa isang PCP kung mayroon kayong iba pang pangunahing pagkakasakop na pangkalusugan.

Puwedeng ang inyong pangunahing insurance ay mayroong kabahagi sa kabayaran (halimbawa, \$10 bawat konsultasyon ninyo sa opisina ng doktor o humiling ng reseta), co-insurance (kahati sa insurance) at/o mga deductible (halagang dapat munang bayaran ng nakaseguro bago magbayad ang kompanya ng insurance)). Hindi ninyo kailangang bayaran ang mga kabahagi sa kabayaran, kabahagi sa insurance at/o mga deductible (halagang dapat munang bayaran ng nakaseguro bago magbayad ang kompanya ng insurance) kung ang Medi-Cal ang inyong pangalawang insurance. Kailangang singilin ng doktor o parmasya ang HPSM para sa inyong mga kabahagi sa kabayaran, kabahagi sa insurance at/o mga deductible (halagang dapat munang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

bayaran ng nakaseguro bago magbayad ang kompanya ng insurance). Kung hiningian kayo ng bayad ng inyong doktor, sabihin sa doktor na mayroon kayong Medi-Cal at dapat ipadala ang singil sa HPSM. Kung sisingilin kayo ng copayment (kabahagi sa kabayaran) ng inyong doktor o parmasya, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro. Magbabayad ang HPSM hanggang sa mga limitasyon ng programa ng Medi-Cal.

Kung hindi babayaran ng isa pa ninyong insurance sa kalusugan ang inyong mga reseta, dapat kayong pumunta sa isang parmasya na nasa samahan ng Medi-Cal Rx. Puwede kayong humanap ng parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273** at pagpindot sa **7** o **7-1-1**).

Kung binayaran ninyo ang gamot na dapat sanang sakop, hilingin sa parmasya na padalhan ang HPSM ng singil at babayaran namin ang nagasta ninyo. Kung may tanong o problema kayo, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng HPSM.

### **Programa para sa Pagbabayad ng Hulog sa Seguro (OHC Premium Payment Program; OHCPMP)**

Kung mayroon kayong ibang insurance sa kalusugan at HPSM Medi-Cal at may kondisyong medikal na hindi gumagaling, posibleng kuwalipikado kayo sa Programa para sa Pagbabayad ng Hulog sa Seguro ng OHC (OHC Premium Payment Program) ng HPSM. Ang iba pa ninyong pagkakasakop sa pangkalusugang insurance ay dapat nagsimula bago kayo maging miyembro ng HPSM Medi-Cal. Kapag kuwalipikado kayo sa OHCPMP, babayaran ng HPSM ang inyong hulog sa insurance na pangkalusugan. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang aming Mga Serbisyo para sa Miyembro at hilingin na makipag-usap sa Tagapag-ugnay sa Pagbabayad ng Hulog sa Seguro (Premium Payment Coordinator).

Rerepasuhin ng HPSM ang inyong kondisyong medikal, mga benepisyo sa insurance, at gastusin sa pangangalagang pangkalusugan para malaman kung kuwalipikado kayo sa programa. Ginagawa ang mga desisyon hinggil sa mga aplikasyon sa Programa para sa Pagbabayad ng Hulog sa Seguro ng OHC batay sa kani-kaniyang kaso at taunan itong nirerepaso.

### **Maaaring kuwalipikado kayo sa pagkakasakop na Medicare at Medi-Cal kung kayo ay:**

- May edad na 65 taong gulang o mas matanda pa o



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Baldado sa loob na ng dalawang taon o
- Mayroong panghuling yugto na sakit sa bato (permanenteng paghina ng bato na kailangan ang dialysis o transplant).

Karaniwang binabayaran ng Medicare ang karamihan ng inyong pangangalagang medikal at mga inireresetang gamot, pero hindi ang lahat. Halimbawa, sakop lamang ng Medicare ang limitadong bilang ng araw ng pamamalagi sa ospital. Ang Medi-Cal ang magbabayad para sa mga araw ng pamamalagi sa ospital na hindi sakop ng Medicare.

May tatlong bahagi ang Medicare:

- Medicare Part A ang nagbabayad ng mga pamamalagi sa ospital
- Medicare Part B ang nagbabayad ng mga serbisyo sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital tulad ng mga pagbisita sa doktor, pagsusuri sa laboratoryo at mga x-ray.
- Ang Medicare Part D ang nagbabayad para sa mga inireresetang gamot.

Kung mayroon kayong Bahagi A, B at D ng Medicare at Medi-Cal, palagiang ang Medicare ang pangunahin at ang Medi-Cal ang palagiang pangalawa.

Kapag kumuha kayo ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan, siguraduhin na parehong ipakita sa inyong mga tagabigay ng serbisyo ang inyong Medicare card at HPSM ID card.

### Relasyon ng Mga Partido

Ang mga relasyon ng San Mateo Health Commission (na nagtatrabaho bilang Health Plan of San Mateo) at ng mga Lumalahok na Tagabigay ng Serbisyo ay nakakontratang mga relasyon sa pagitan ng mga independiyenteng kontratista. Hindi ahente o empleyado ng HPSM ang Lumalahok na Mga Tagabigay ng Serbisyo (Participating Providers) at hindi rin ahente o empleyado ng alinmang Lumalahok na Tagabigay ng Serbisyo ang HPSM o sinumang empleyado ng HPSM.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

---

# 8. Mga importanteng numero at salitang dapat malaman

---

## Mga Importanteng Numero ng Telepono

- Mga Serbisyo para sa Miyembro ng HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).
- Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 7-1-1.
- Tumawag sa Linya ng Pagpapayo ng Nurse ng HPSM sa 1-833-846-8773. Handa ang mga lisensiyado at rehistradong nurse na sumagot sa inyong mga katanungang may kaugnayan sa kalusugan, at magbigay ng payong medikal tungkol sa mga dapat gawin.

---

## Mga salitang dapat malaman

**Agarang pangangalaga o urgent care (o mga agarang serbisyo):** Mga serbisyong ipinagkakaloob para gamutin ang hindi pang-emergency na karamdaman, pinsala o kondisyon na kailangan ng pangangalagang medikal. Makatatanggap ang mga miyembro ng agarang pangangalaga mula sa tagabigay ng serbisyo na hindi kasama sa samahan, kung ang mga tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan ay pansamantalang hindi bukas o maa-access.

**Aktibong yugto ng panganganak:** Ang yugto ng panahon kapag ang babaeng miyembro ay nasa tatlong yugto ng panganganak at hindi ligtas na maililipat sa oras sa ibang ospital bago ang panganganak o puwedeng makasama sa kalusugan at kaligtasan ng miyembro o ng hindi pa naisisilang na bata ang paglipat.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay narito Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. to 6 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal](http://www.hpsm.org/member/medi-cal).

**American Indian:** Indibidwal na nakakatugon sa depinisyon ng “Indian” sa ilalim ng pederal na batas sa seksiyon 438.14 ng 42 CFR, na nagtutukoy sa isang tao bilang “Indian” kung natutugunan ng tao ang alinman sa mga sumusunod:

- Miyembro ng isang pederal na kinikilalang tribong Indian
- Nakatira sa isang urban center at nakakatugon sa isa o higit pa sa mga sumusunod:
  - Miyembro ng isang tribo, pangkat, o iba pang organisadong grupo ng mga Indian, kasama ang mga tribo, pangkat, o grupong natapos noong 1940 at mga kinikilala ngayon o sa hinaharap ng estado kung saan sila naninirahan, o na pinag-apuhan sa una o pangalawang antas ng sinumang miyembro ng mga nabanggit
  - Eskimo o Aleut o ibap pang Alaska Native
  - Itinuturing ng Kalihim Panloob (Secretary of the Interior) na Indian para sa anumang dahilan
- Itinuturing na Indian sa ilalim ng mga regulasyong ibinigay ng Kalihim ng Mga Serbisiyong Pangkalusugan at Pantao
- Itinuturing ng Kalihim Panloob (Secretary of the Interior) na Indian para sa anumang dahilan
- Itinuturing ng Kalihim ng Mga Serbisyo para sa Pangangalaga ng Kalusugan (Secretary of Health and Human Services) na Indian para sa mga dahilan ng pagiging kuwalipikado sa mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan ng Indian, kasama ang bilang California Indian, Eskimo, Aleut, o iba pang Alaska Native.

**Aparatong orthotic:** Device na ginagamit sa labas ng katawan para suportahan o iwasto ang malubhang na-injure o may kapansanang bahagi ng katawan na medikal na kinakailangan para gumaling ang miyembro.

**Apela:** Paghiling ng miyembro sa HPSM na marepaso at mabago ang pasya na ginawa kaugnay ng pagkakasakop ng serbisiyong hiniling.

**Bayad Kapital ng Serbisyo (Fee-For-Service, FFS) na Medi-Cal:** Minsan, may mga hindi sakop na serbisyo ang HPSM, pero makukuha pa rin ng miyembro ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal, gaya ng maraming serbisyo ng parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

**Chiropractor:** Tagabigay ng serbisyo na gumagamot ng gulugod o spine sa pamamagitan ng manu-manong manipulasyon.

**Copayment (co-pay):** Kabayaran na ibinibigay ng miyembro, karaniwan sa oras ng pagkakaloob ng serbisyo, bukod pa sa bayad ng HPSM.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Dalubhasang pangangalaga ng nurse:** Mga sakop na serbisyo na ipinagkakaloob ng mga lisensiyadong nurse, teknisyan o mga therapist sa panahon ng pamamalagi sa pasilidad ng dalubhasang pangangalaga o sa tahanan ng miyembro.

**Dati nang kilalang pasyente (established patient):** Pasyente na mayroon nang kasalukuyang ugnayan sa tagabigay ng serbisyo at kumonsulta na sa tagabigay ng serbisyo na iyon sa loob ng tagal ng panahong itinakda ng planong pangkalusugan.

**DHCS:** Ang Departamento ng mga Serbisyo para sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services, DHCS). Isa itong opisina sa Estado na namamahala sa programang Medi-Cal.

**Direktoryo ng Tagabigay ng Serbisyo:** Ang isang listahan ng mga tagabigay ng serbisyo sa mga samahan ng HPSM.

**DMHC:** Ang Departamento ng Pinamamahalaan na Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC). Ito ang opisina ng estado na nangangasiwa ng mga pinamamahalaang pangangalaga ng planong pangkalusugan.

**Eksperimental na paggamot:** Mga gamot, kagamitan, procedure, o serbisyo na nasa yugto ng pagsubok sa laboratoryo o mga pag-aaral gamit ang hayop bago subukan sa mga tao. Ang mga eksperimental na serbisyo ay hindi sumasailalim sa klinikal na imbestigasyon.

**Espesyalista (o doktor na may espesyalidad):** Doktor na nanggagamot ng ilang tiyak na uri ng problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ginagamot ng siruhanong ortopediko ang mga nabaling buto ginagamot ng allergist ang mga allergy; at ginagamot ng cardiologist ang mga karamdaman sa puso. Sa karamihan ng kaso, kakailanganin ng miyembro ng referral mula sa kanilang PCP para makakonsulta sa isang espesyalista.

**Hindi gumagaling na kondisyon:** Isang sakit o iba pang karamdaman na hindi lubos na gumagaling o iyong lumulubha habang tumatagal o dapat gamutin upang hindi lumubha ang miyembro.

**Hindi paggamot na transportasyon:** Transportasyon kapag pumupunta at umuuwi mula sa appointment ng sakop na serbisyo ng Medi-Cal na may pahintulot ng tagabigay ng serbisyo ng miyembro at kapag kumukuha ng mga reseta at medikal na supply.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Hospisyo:** Pangangalaga para mapagaan ang di-kaginhawahang pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirital para sa miyembrong may sakit na wala nang lunas. Magagamit ang hospisyong pangangalaga kung ang inaasahang tagal ng buhay ng miyembro ay anim na buwan pababa.

**Iba pang pagkakasakop ng kalusugan (other health coverage, OHC):** Ang iba pang pagkakasakop ng kalusugan (other health insurance coverage, OHC) ay tumutukoy sa pribadong insurance sa kalusugan at mga nagbabayad ng serbisyo bukod pa sa Medi-Cal. Puwedeng kasama sa mga serbisyo ang medikal, para sa ngipin, paningin, parmasya, mga plano ng Medicare Advantage (Bahagi C), plano sa gamot ng Medicare (Bahagi D), o mga pandagdag na plano ng Medicare (Medigap).

**Iniimbestigahang paggamot:** Isang gamot na panlunas, biological na produkto, o aparatong matagumpay na nakakumpleto sa unang yugto ng isang klinikal na imbestigasyon ng Administrasyon para sa Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) pero hindi pa naaaprobahan para sa pangkalahatang paggamit ng FDA at nananatiling iniimbestigahan sa isang klinikal na imbestigasyong aprobado ng FDA.

**Insurance sa kalusugan:** Ang pagkakasakop sa insurance na nagbabayad sa mga gastusin sa pagpapagamot at operasyon sa muling pagbabayad sa nakaseguro sa mga bayarin dahil sa karamdaman o pinsala o tuwirang pagbabayad sa tagabigay ng serbisyo.

**Intermediate care facility o tahanan:** Pangangalagang ibinibigay sa isang pasilidad o tahanan para sa matagalang pangangalaga na nagbibigay ng mga 24 na oras na residensiyal na serbisyo. Kabilang sa mga uri ng mga intermediate care facility o tahanan ang intermediate care facility/developmentally disabled (ICF/DD), intermediate care facility/developmentally disabled-habilitative (ICF/DD-H), at intermediate care facility/developmentally disabled-nursing (ICF/DD-N).

**Karaingan:** Ang pasalita o nakasulat na pahayag ng kawalan ng kasiyahan ng miyembro tungkol sa isang serbisyo, na posibleng kinabibilangan ng mga sumusunod, pero hindi limitado sa mga ito:

- Kalidad ng ibinigay na pangangalaga o mga serbisyo;
- Mga interaksyon sa isang tagabigay ng serbisyo o empleyado;
- Karapatan ng mga miyembro na tutulan ang pagpapalawig ng panahong ipinapanukala ng HPSM, isang programa ng county sa kalusugan ng isip o problema sa paggamit ng substance, o isang tagabigay ng serbisyo ng Medi-Cal.

Ang isang reklamo ay katulad ng isang karaingan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Klinika:** Isang pasilidad sa pangunahing pangangalaga na puwedeng piliin ng mga miyembro bilang tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (PCP). Puwedeng isa itong Sentrong Pangkalusugan na Kuwalipikado ng Pederal na Gobyerno (Federally Qualified Health Center, FQHC), klinika ng komunidad, Klinikang Pangkalusugan na Malayo sa Kalunsuran (Rural Health Clinic, RHC), Tagabigay ng Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Indian (Indian Health Care Provider, IHCP), o iba pang pasilidad ng pangunahing pangangalaga.

**Klinikang Pangkalusugan na Malayo sa Kalunsuran (Rural Health Clinic, RHC):** Sentro ng kalusugan (health center) sa lugar na wala masyadong mga tagabigay ng serbisyo. Makakukuha ang mga miyembro ng pangunahin at pang-agap sa sakit na pangangalaga sa isang RHC.

**Koordinasyon ng Mga Benepisyo (Coordination of Benefits o COB):** Ang proseso ng pagpapasya kung aling pagkakasakop ng insurance (Medi-Cal, Medicare, komersiyal na insurance o iba pa) ang may pangunahing responsibilidad sa mga paggamot at pagbabayad para sa mga miyembro na may higit sa isang uri ng pagkakasakop ng insurance sa kalusugan.

**Kuwalipikadong tagabigay ng serbisyo:** Isang kuwalipikadong doktor sa larangan ng praktika na angkop upang magamot ang karamdaman ng isang miyembro.

**Listahan ng Gamot sa Kontrata (Contract Drugs List, CDL):** Ang inaprubahan listahan ng mga gamot para sa Medi-Cal Rx kung saan puwedeng kumuha ang inyong tagabigay ng serbisyo ng mga sakop na gamot na kailangan ng isang miyembro.

**Lumalahok na ospital:** Isang lisensiyadong ospital na may kontrata sa HPSM upang magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa panahong tumatanggap ng pangangalaga ang miyembro. Ang mga sakop na serbisyo na puwedeng ibigay ng ilang lumalahok na ospital sa mga miyembro ay nalilimitahan ng pagrerepaso sa pakinabang (utilization review) at mga patakarán sa pagtiyak sa kalidad (quality assurance) ng HPSM o ng kontrata ng HPSMsa ospital.

**Lumalahok na tagabigay ng serbisyo (o lumalahok na doktor):** Doktor, ospital o iba pang lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensiyadong pasilidad ng kalusugan, kabilang na ang mga pasilidad para sa di-kalubhaang (sub-acute) sakit, na may kontrata sa HPSM upang magbigay ng mga sakop na serbisyo sa mga miyembro, sa panahon na kumukuha ng serbisyo ang miyembro.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Maaga at pana-panahong pag-eeksamen, diyagnostiko at paggamot (Early and periodic pag-eeksamen, diagnostic, and treatment o EPSDT):** Pumunta sa “Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager.”

**Malubha:** Isang maikli at biglaang kondisyong medikal na nangangailangan ng mabilis na medikal na atensyon.

**Matagalang pangangalaga:** Pangangalaga sa pasilidad na mas matagal kaysa sa buwan ng pagkatanggap at isang buwan.

**Matibay na kagamitang medikal (Durable medical equipment, DME):** Medikal na kagamitang medikal na kinakailangan at inutos ng doktor ng miyembro o iba pang tagabigay ng serbisyo na ginagamit ng miyembro sa bahay, komunidad, o pasilidad na ginagamit bilang bahay.

**Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager:** Isang benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na mas bata sa edad 21 para makatulong sa kanilang maging malusog. Dapat na makakuha ang mga miyembro ng tamang check-up sa kalusugan para sa kanilang edad at angkop na pag-eeksamen para matukoy ang kanilang mga problema sa kalusugan at magamot nang maaga ang mga sakit. Dapat silang kumuha ng paggamot para matugunan ang o makatulong sa mga kondisyong posibleng makita sa mga check-up. Kilala rin ang benepisyong ito bilang benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Pag-eeksamen, Diyagnostiko at Paggamot (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

**Medi-Cal Rx:** Isang serbisyo ng benepisyo sa parmasya na bahagi ng FFS Medi-Cal na kilala bilang “Medi-Cal Rx” na nagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo sa parmasya, kabilang ang mga inireresetang gamot at ilang medikal na supply sa lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal.

**Medicare:** Ang pederal na programa sa insurance sa kalusugan para sa mga taong may gulang 65 taon o mas matanda, ilang mas batang tao na may kapansanan, at mga taong wala nang lunas na sakit sa bato (permanenteng pagpalya ng bato na kailangan ng dialysis o transplant, tinatawag na End-Stage Renal Disease (ESRD) kung minsan).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Medikal na pangangailangan (medical necessity):** Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ay mahahalagang serbisyong makatwiran at pumoprotekta ng buhay. Kailangan ang pangangalaga para maprotektahan ang mga pasyente laban sa malubhang pagkakasakit o kapansanan. Binabawasan ng pangangalagang ito ang matinding kirot sa pamamagitan ng pag-diagnose o paggamot sa sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyo ng Medi-Cal na medikal na kinakailangan ang pangangalagang kailangan para mapagaling o mapabuti ang sakit o kondisyong pisikal o sa isip, kasama na ang mga problema sa paggamit ng substance (substance use disorders, SUD).

**Medikal na tinutuluyan:** Modelo ng pangangalaga na nagbibigay ng mga pangunahing serbisyo ng pangunahing pangangalaga sa kalusugan. Kabilang dito ang komprehensibong pangangalaga, koordinadong pangangalaga na nakasentro sa pasyente, mga accessible na serbisyo, at kalidad at kaligtasan.

**Medikal na transportasyon:** Transportasyong inirereseta ng isang tagabigay ng serbisyo para sa isang miyembro kapag hindi pisikal o medikal na magagawa ng miyembro na sumakay ng kotse, bus, tren, taxi, o iba pang anyo ng pampubliko o pribadong transportasyon para makapunta sa isang sakop na medikal na appointment o para kumuha ng mga reseta. Babayaran ng HPSM ang transportasyon na pinakamababa ang bayarin para sa inyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan ninyo ng sasakyan sa inyong pakikipagkita.

**Mga aparatong prostetiko:** Isang artipisyal na aparato na nakakabit sa katawan para halinhan ang nawalang bahagi ng katawan.

**Mga benepisyo:** Ang mga serbisyo ng pangangalaga ng kalusugan at mga gamot na sakop ng planong pangkalusugan na ito.

**Mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip (Specialty Mental Health Services, SMHS):** Mga serbisyo para sa mga miyembrong may kinakailangang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na mas mataas kaysa sa banayad hanggang katamtamang antas ng kapansanan.

**Mga hindi kalahok na tagabigay ng serbisyo:** Tagabigay ng serbisyo na wala sa samahan ng mga tagabigay ng serbisyo ng HPSM.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Mga inireresetang gamot:** Gamot na itinatakda ng batas na kailangang may pag-order o pagreseta ng lisensiyadong tagabigay ng serbisyo bago mabili, hindi katulad ng mga gamot na mabibili nang walang reseta (over-the-counter, OTC) na hindi na kailangan ng reseta.

**Mga Mapagpipiliang Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Options, HCO):** Ang programang puwedeng mag-enroll o mag-alis sa pagkaka-enroll ng miyembro sa isang planong pangkalusugan.

**Mga Nagsasariling Paanakan (Freestanding Birth Centers, FBCs):** Mga pasilidad na pangkalusugan na planadong panganakan nang malayo sa tahanan ng buntis na miyembro at lisensiyado o di kaya'y aprobado ng estado na magkaloob ng pangangalagang prenatal labor at pagsisilang o pangangalaga pagkatapos manganak at iba pang hindi namamalagi sa pasilidad (ambulatory) na serbisyo na kasama sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hindi mga ospital.

**Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (Long-term services and supports, LTSS):** Mga serbisyong nakakatulong sa mga taong may mga pangmatagalang problemang pangkalusugan o kapansanan na makapamuhay at makapagtrabaho saanman nila gusto. Ito ay puwedeng sa bahay, sa trabaho, sa isang group home, isang nursing home, o iba pang pasilidad ng pangangalaga. Kasama sa LTSS ang mga programa para sa matagalang pangangalaga at mga serbisyong ibinibigay sa bahay o sa komunidad, na tinatawag ding pantahanan at nakabase sa komunidad na mga serbisyo (home and community-based services, HCBS). Ang ilang serbisyo ng LTSS ay ibinibigay ng mga planong pangkalusugan, habang ang iba naman ay ibinibigay nang hiwalay.

**Mga rehabilitative at habilitative (therapy) na serbisyo at aparato:** Mga serbisyo at aparato para tulungan ang mga miyembrong may pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na kondisyon para magkaroon o maipanumbalik ang mga kakayahan ng isip at katawan.

**Mga Sakop na Serbisyo:** Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan ang HPSM ang magbabayad. Ang mga sakop na serbisyo ay napapailalim sa mga panuntunan, kondisyon, limitasyon, at eksklusyon o hindi kasama sa kontrata ng Medi-Cal, anumang pag-amyenda sa kontrata, at ayon sa nakalista sa Aklat-Gabay ng Miyembro na ito (na kilala rin bilang Pinagsamang Katibayan ng Pagkakasakop (Evidence of Coverage, EOC) at Form para sa Itinatakdang Pagsisiwalat ng Mahalagang Impormasyon (Disclosure)).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Mga Samahan (Network)** Grupo ng mga doktor, klinika, ospital at iba pang tagabigay ng serbisyo na nakakontra sa HPSM para bigyan kayo ng pangangalaga.

**Mga sensitibong serbisyo:** Mga serbisyo kaugnay ng kalusugan ng pag-iisip, seksuwal at reproductibong kalusugan, pagpapalano ng pamilya, mga impeksiyon na nakakahawa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (sexually transmitted infections, STIs), HIV/AIDS, atakeng seksuwal at pagpapalaglag, disorder sa pag-abuso ng substance, pangangalaga sa gender affirmation at karahasan ng malapit na kapareha.

**Mga serbisyo at aparato sa pagsasanay na pagpapagaling (Habilitation services and devices):** Ang Mga Serbisyo para sa Pangangalaga ng Kalusugan para tulungan ang isang miyembrong mapanatili, matutuhan, o mapabuti ang mga kakayahan at paggana para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Mga serbisyo ng doktor:** Ang mga serbisyo na ibinibigay ng isang taong lisensiyado ng batas ng estado upang gawin ang propesyon ng medisina o osteopathy, hindi kabilang ang mga serbisyong ibinibigay ng mga doktor habang namamalagi ang miyembro sa ospital na binabayaran sa singil ng ospital.

**Mga serbisyo ng doula:** Kasama sa mga serbisyo ng doula ang edukasyong pangkalusugan, adbokasiya, at suportang pisikal, emosyonal, at hindi medikal. Makakakuha ang mga miyembro ng mga serbisyo ng doula bago, habang, at pagkatapos manganak o sa pagwawakas ng pagbubuntis, kabilang ang panahon ng postpartum. Ibinibigay ang mga serbisyo ng doula bilang mga serbisyo para sa pag-agap sa sakit at dapat irekomenda ng doktor o iba pang lisensiyadong practitioner.

**Mga serbisyo ng komadrona:** Pangangalaga bago ang panganganak, pagsisilang, at pangangalaga pagkatapos manganak, kasama ang mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga ng bagong silang na sanggol, na ipinagkakaloob ng sertipikadong komadronang nurse (certified nurse midwives, CNM) at lisensiyadong komadrona (licensed midwives, LM).

**Mga serbisyo pagkataos ng emergency (post-stabilization services):** Mga sakop na serbisyong nauugnay sa isang pang-emergency na kondisyong medikal na ibinibigay pagkatapos na mapatiwasay ang lagay ng miyembro para mapanatili ang matiwasay na kondisyon ng miyembro. Sakop at bayad ang mga serbisyo ng pangangalaga pagkatapos ng stabilization. Baka kailanganin ng mga ospital na nasa labas ng samahan ng paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Mga serbisyo para sa kalusugan ng isip ng mga pasyenteng hindi namamalagi sa ospital (Outpatient mental health services):** Mga serbisyo sa mga miyembro na pasyenteng hindi namamalagi sa ospital na may bahagya hanggang di-kalubhaang karamdaman sa kalusugan ng isip kabilang ang:

- Ebalwasyon at paggamot ng kalusugan ng isip ng indibidwal o grupo (sikoterapiya)
- Sikolohikal na pagsusuri kapag kailangan sa paggamot upang matimbang ang kalusugan ng isip
- Mga serbisyo sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital para masubaybayan ang therapy ng gamot
- Saykayatrikong konsultasyon
- Laboratoryo ng pasyenteng hindi namamalagi sa ospital, mga supply at suplemento

**Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali:** May kasamang mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng isip (specialty mental health services, SMHS), mga serbisyo sa kalusugan ng isip na hindi kailangan ng espesyalista (non-specialty mental health services, NSMHS), at mga serbisyo sa paggamot sa problema sa paggamit ng substance (substance use disorder, SUD) para suportahan ang mental at emosyonal na well-being ng mga miyembro. Ibinibigay ang NSMHS sa pamamagitan ng planong pangkalusugan para sa mga miyembrong nakakaranas ng banayad hanggang katamtamang kalagayan ng kalusugan ng isip. Ibinibigay ang SMHS sa pamamagitan ng mga Plano para sa Kalusugan ng Isip (Mental Health Plans, MHPs) ng county para sa mga miyembrong may malubhang problema o may mataas na panganib ng deteryorasyon ng pagkilos dahil sa problema sa kalusugan ng isip. Sakop ang mga emergency na serbisyo sa kalusugan ng isip, kabilang ang mga pagtatasa at paggamot sa mga emergency na setting. Nagbibigay rin ang inyong county ng mga serbisyo para sa pag-inom ng alak o paggamit ng droga, na tinatawag na mga serbisyo sa SUD.

**Mga serbisyo para sa kalusugan ng publiko (public health services):** Mga serbisyo ng kalusugan na nakalaan sa lahat ng mamamayan. Kabilang sa mga ito ang pagsusuri ng sitwasyon sa kalusugan, mga pagmamatyag sa kalusugan, pagtataguyod sa kalusugan, serbisyo sa pag-agap sa sakit, pagkontrol sa nakahahawang sakit, proteksiyon ng kapaligiran at sanitasyon, kahandaan at tugon sa kalamidad, at kalusugang okupasyonal.

**Mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya:** Mga serbisyo upang maiwasan o maantala ang pagbubuntis. Ibinibigay ang mga serbisyo para sa mga miyembrong nasa mga edad na puwedeng mabuntis upang matukoy nila ang bilang at pagitan ng mga anak.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Mga serbisyo sa lugar na labas-sa-pinagse-serbisuhan:** Mga serbisyo habang nasa labas ng pinagse-serbisuhang lugar ng HPSM ang miyembro.

**Mga serbisyong hindi sakop:** Isang serbisyong hindi sakop ng HPSM.

**Mga serbisyong nakabase sa komunidad para sa nasa hustong gulang (Community-Bases Adult Services o CBAS):** Mga serbisyo sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital, na nakabase sa pasilidad para sa dalubhasang pangangalaga, mga serbisyong panlipunan, therapy, pangangalagang personal, suporta at pagsasanay para sa pamilya at sa tagapag-alaga, serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo sa mga kuwalipikadong miyembro.

**Mga Serbisyong Pambata ng California (California Children's Services, CCS):** Programa ng Medi-Cal na nagkakaloob ng mga serbisyo sa bata na hanggang 21 taong gulang at may mga partikular na kalagayan ng kalusugan, sakit, o hindi gumagaling na problema sa kalusugan.

**Mga Suporta sa Komunidad:** Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga serbisyong tumutulong sa pagpapabuti ng pangkalahatang kalusugan ng mga miyembro. Nagbibigay ang mga ito ng mga serbisyo para sa mga panlipunang pangangailangang may kaugnayan sa kalusugan, gaya ng pabahay, mga pagkain, at personal na pangangalaga. Tinutulungan ng mga ito ang mga miyembro sa komunidad, nang may pagtuon sa pagtataguyod ng kalusugan, stability, at kakayahang makapagsarili.

**Mga tagabigay ng serbisyo ng pantahanang pangangalaga ng kalusugan:** Mga tagabigay ng serbisyo na nagkakaloob sa mga miyembro ng dalubhasang pangangalaga at iba pang serbisyo sa tahanan.

**Mga tagabigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip:** Mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay sa mga pasyente ng mga serbisyo para sa kalusugan ng isip.

**Mga Tagabigay ng Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Mga Indian (Indian Health Care Provider, IHCP):** Isang programa sa pangangalaga sa kalusugan na pinapatakbo ng Serbisyong Pangkalusugan ng Indian (Indian Health Service, IHS), ng Indian Tribe, programang Tribal na Pangkalusugan, Tribal Organization o Urban Indian Organization (I/T/U) alinsunod sa kung paano tinutukoy ang mga terminong iyon sa Seksiyon 4 ng Indian Health Care Improvement Act (25 U.S.C. seksiyon 1603).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Miyembro:** Sinumang kuwalipikadong miyembro ng Medi-Cal na naka-enroll sa HPSM na may karapatan na makakuha ng mga sakop na serbisyo.

**Naka-enroll:** Isang tao na miyembro ng planong pangkalusugan at nakatatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

**Nasa labas-ng samahan (out-of-network) na tagabigay ng serbisyo:** Tagabigay ng serbisyo na hindi miyembro ng samahan ng mga tagabigay ng serbisyo ng HPSM.

**Operasyon para sa pagbabalik-anyo:** Ang operasyon para iwasto o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan para mapahusay ang pagganap o lumikha ng normal na anyo hanggang makakaya pa. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay iyong mga likha ng likas na depekto, mga abnormalidad sa pag-develop, trauma, impeksiyon, tumor, o sakit.

**Ospital:** Lugar kung saan makakakuha ang isang miyembro ng pangangalaga sa pasyenteng namamalagi at pasyenteng hindi namamalagi sa ospital mula sa mga doktor at nurse.

**Pagbawi ng tort:** Kapag ibinibigay o ibibigay ang mga benepisyo sa isang miyembro ng Medi-Cal dahil sa isang pinsala na pananagutan ng ibang ng ibang partido, babawiin ng DHCS ang makatwirang halaga ng mga benepisyong ibinigay sa miyembro para sa pinsala na iyon.

**Pagkakasakop ng inireresetang gamot:** Pagkakasakop ng mga gamot na inireseta ng isang tagabigay ng serbisyo.

**Pagpapatuloy ng pangangalaga:** Ang kakayahan ng miyembro ng plano na patuloy na makagamit ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kasalukuyan nilang tagabigay ng serbisyo na nasa labas ng samahan nang hanggang 12 buwan kung magkakasundo ang tagabigay ng serbisyo at ang HPSM.

**Pagsubaybay sa pangangalaga:** Regular na pangangalaga ng doktor para matingnan ang paggaling ng miyembro pagkatapos ng pagpapaospital o sa panahon ng paggamot.

**Pamamalagi sa ospital (hospitalization):** Pamamalagi sa ospital para sa paggamot bilang isang pasyenteng namamalagi sa ospital.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Pangangalaga para maibsan ang pananakit (palliative care):** Pangangalaga upang mapagaan ang di-kaginhawahang pisikal, emosyonal, panlipunan, at espiritwal para sa miyembrong may malubhang karamdaman. Hindi kailangan sa pangangalaga para maibsan ang pananakit na may taning sa buhay ang miyembro na anim na buwan o mas maikli.

**Pangangalaga sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital (hospital outpatient care):** Paggamot o operasyon na pangangalaga na ginanap sa ospital nang hindi naospital bilang pasyenteng namamalagi sa ospital.

**Pangangalaga sa pasyenteng hindi namamalagi sa ospital:** Kapag hindi kailangang mamalagi ng isang miyembro nang magdamag sa ospital o ibang lugar para sa kinakailangang pangangalagang medikal.

**Pangangalaga sa pasyenteng namamalagi sa ospital (inpatient care):** Kapag kailangang manatili magdamag ng isang miyembro sa isang ospital o iba pang lugar para sa pangangalagang medikal na kinakailangan.

**Pang-emergency na kondisyong medikal (emergency medical condition):** Isang kondisyong medikal o pangkaisipan na may labis na kalubhaan, tulad ng aktibong yugto ng panganganak (magpunta sa depinisyon sa itaas) o matinding kirot, kung kaya't makatwirang naniniwala ang isang taong may maingat na karaniwang kaalaman ng karaniwang tao kaugnay ng kalusugan at medisina, na ang hindi pagkuha ng agarang pangangalagang medikal ay hahantong sa:

- Pagkakalagay ng kalusugan ng miyembro o kalusugan ng kanilang hindi pa ipinapanganak na sanggol sa matinding panganib
- Maging dahilan ng kapansanan sa isang gawain ng katawan
- Maging dahilan upang hindi maging maayos ang gawain ng isang bahagi ng katawan o organo
- Magresulta sa pagkamatay

**Pang-emergency na pangangalaga:** Pagsusuri na ginagawa ng doktor o kawani sa gabay ng isang doktor alinsunod sa batas upang malaman kung may emergency na kondisyong medikal. Mga serbisyong medikal na kailangan para maging maayos ang inyong kalagayang klinikal, hanggang sa abot ng kakayahan ng pasilidad.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). AngHPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Pang-emergency na transportasyon sa paggamot (emergency medical**

**transportation):** Ang transportasyon sa ambulansiya o sasakyang pang-emergency papunta sa emergency room para makakuha ng pang-emergency na pangangalagang medikal.

**Pangunahing pangangalaga:** Magpunta sa "Regular na pangangalaga (Routine care)."

**Panloloko:** Sinadyang gawain ng isang tao para mandaya o manloko at alam na puwedeng humantong ang pandaraya sa hindi pinahihintulatang benepisyo sa taong iyon o iba pang tao.

**Pantahanang pangangalaga ng kalusugan:** Mahusay na pangangalaga ng nurse at iba pang serbisyong ipinagkakaloob sa tahanan.

**Pasilidad ng dalubhasang pangangalaga (Skilled nursing facility):** Lugar na nagkakaloob ng 24 na oras kada araw na pangangalaga ng nurse na dalubhasang propesyonal sa kalusugan lamang ang makakapagbigay.

**Pasilidad para sa pangangalaga ng bahagyang malalang sakit (para sa nasa hustong gulang o mga bata):** Isang pasilidad para sa matagalang pangangalaga na nagbibigay ng komprehensibong pangangalaga para sa mga medikal na mahinang miyembro na nangangailangan ng mga espesyal na serbisyo, tulad ng inhalation therapy, tracheotomy care, pagpapakain sa pamamagitan ng tubo sa ugat, at pangangalaga sa pamamahala sa kumplikadong sugat.

**Paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon):** Ang proseso na dapat gamitin ng miyembro o ng kanilang tagabigay ng serbisyo para humiling ng aprobasyon mula sa HPSM para sa ilang partikular na serbisyo para tiyaking sasakupin ng HPSM ang mga ito. Hindi aprobasyon ang referral. Ang paunang aprobasyon ay pareho lang sa paunang awtorisasyon.

**Paunang awtorisasyon (pre-approval):** Ang proseso na dapat gamitin miyembro o ng kanilang tagabigay ng serbisyo para humiling ng aprobasyon mula sa HPSM para sa ilang partikular na serbisyo para tiyaking sasakupin ng HPSM ang mga ito. Hindi aprobasyon ang referral. Ang paunang awtorisasyon ay pareho lang sa paunang aprobasyon.

**Pinagseserbisyuhang lugar:** Ang heograpikong lugar na pinagseserbisyuhan ng HPSM. Kasama dito ang county ng San Mateo.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

### **Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (Enhanced Care Management o**

**ECM):** Ang ECM a isang pambuong tao at interdisciplinary na paraan ng pangangalaga na tumutugon sa mga klinikal at hindi klinikal na pangangailangan ng mga Miyembro ng may mga pinakakumplikadong pangangailangang medikal at panlipunan.

**Plano para sa pinamamahalaang pangangalaga (managed care plan):** Medi-Cal na planong pangkalusugan na mayroon lamang ginagamit na ilang doktor, espesyalista, klinika, pamilya at mga ospital para sa mga miyembro ng Medi-Cal na naka-enroll sa planong iyon. Ang HPSM ay isang plano para sa pinamamahalaang pangangalaga.

**Plano:** Magpunta sa "Plano para sa Pinamamahalaang Pangangalaga."

**Referral:** Kapag sinabi ng PCP ng miyembro na kailangang kumuha ng miyembro ng pangangalaga mula sa ibang tagabigay ng serbisyo. Ang ilang sakop na pangangalaga at mga serbisyo ay kailangan ng referral at paunang aprobasyon (paunang awtorisasyon).

**Regular na pangangalaga:** Mga serbisyong medikal na kinakailangan sa paggamot at pangangalagang pang-agap sa sakit, well-child visit, pangangalaga tulad ng regular na pagsubaybay na pangangalaga. Layunin ng regular na pangangalaga na maiwasan ang mga problema ng kalusugan.

**Reklamo:** Ang pasalita o nakasulat na pahayag ng kawalan ng kasiyahan ng miyembro tungkol sa isang serbisyo, na posibleng kinabibilangan ng mga sumusunod, pero hindi limitado sa mga ito:

- Kalidad ng ibinigay na pangangalaga o mga serbisyo;
- Mga interaksyon sa isang tagabigay ng serbisyo o empleyado;
- Karapatan ng mga miyembro na tutulan ang pagpapalawig ng panahong ipinapanukala ng HPSM, isang programa ng county sa kalusugan ng isip o problema sa paggamit ng substance, o isang tagabigay ng serbisyo ng Medi-Cal.

Ang isang reklamo ay katulad ng isang karaingan.

**Sakit na wala nang lunas (terminal illness)** Isang kondisyong medikal na hindi na mapapagaling at malamang na maging sanhi ng kamatayan sa loob ng isang taon o hindi na aabot doon kung magtutuloy-tuloy sa likas na daloy nito ang sakit.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

**Saykayatrikong pang-emergency na kondisyong medikal:** Isang problema sa isip kung saan ang mga sintomas ay may sapat na tindi para magkaroon ng kagyat na panganib sa miyembro o sa ibang tao, o hindi agad na maaasikaso ng miyembro ang pagkain, tirahan, o pananamit dahil sa sakit sa isip.

**Sentrong Pangkalusugan na Kuwalipikado ng Pederal na Gobyerno (Federally Qualified Health Center, FQHC):** Sentro ng kalusugan (health center) sa lugar na wala masyadong mga tagabigay ng serbisyo. Makakukuha ang miyembro ng pangunahin at pang-agap sa sakit na pangangalaga sa isang FQHC.

**Sertipikadong komadronang nurse (Certified Nurse Midwife, CNM):** Isang taong lisensiyado bilang rehistradong nurse at sertipikado bilang komadronang nurse ng California Board of Registered Nursing. Pinapayagan ang sertipikadong komadronang nurse na asikasuhin ang mga kaso ng normal na panganganak.

**Seryosong karamdaman:** Isang sakit o karamdaman na kailangang gamutin at puwedeng humantong sa kamatayan.

**Sistema ng Kalusugan na Itinatag ng County (County Organized Health System, COHS):** Isang ahensiyang lokal na itinatag ng isang lupon ng tagapamahala ng county na makipagkontrata sa programang Medi-Cal. Awtomatikong ie-enroll ang isang miyembro sa planong COHS kung natutugunan niya ang mga panuntunan sa pagpapa-enroll. Pinipili ng mga naka-enroll na miyembro ang kanilang tagabigay ng serbisyo ng pangangalaga ng kalusugan mula sa lahat ng tagabigay ng serbisyo ng COHS.

**Tagabigay ng serbisyo na kasama sa samahan (in-network provider):** Magpunta sa “Lumalahok na tagabigay ng serbisyo.”

**Tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (primary care provider o PCP):** Ang lisensiyadong tagabigay ng serbisyo na mayroon ang isang miyembro sa karamihan ng kanilang pangangalaga sa kalusugan. Tinutulungan ng PCP ang miyembro na makuha ang pangangalagang kailangan nila.

Puwedeng ang PCP ay isang:

- General practitioner
- Internista (espesyalista sa pagsusuri at paggamot ng mga sakit ng nasa hustong gulang)
- Pediatrisyan o doktor na nagsanay sa sakit ng mga bata
- Propesyonal na doktor ng pamilya o family practitioner
- OB/GYN



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).

- Tagabigay ng Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Mga Indian (Indian Health Care Provider, IHCP)
- Sentrong Pangkalusugan na Kuwalipikado ng Pederal na Gobyerno (Federally Qualified Health Center, FQHC)
- Klinikang Pangkalusugan na Malayo sa Kalunsuran (Rural Health Clinic, RHC)
- Dalubhasang nurse (Nurse Practitioner o nurse na may kakayahang gumamot nang walang direktang superbisyon ng doktor)
- Katulong ng doktor (Physician assistant)
- Klinika

**Tagapamahala ng pangangalaga:** Mga rehistradong nurse o social worker na makatutulong sa miyembro na maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at magsaayos ng pangangalaga mula sa mga tagabigay ng serbisyo ng miyembro.

**Triage (o pag-eeksamen):** Ang ebalwasyon sa kalusugan ng miyembro ng doktor o nurse na nagsanay na magsuri para sa layunin ng pagtukoy sa pagiging madalian ng inyong pangangailangan sa pangangalaga.

**Umalis sa pagkaka-enroll:** Para huminto sa paggamit ng planong pangkalusugan dahil hindi na kuwalipikado ang miyembro o lumipat sila sa bagong planong pangkalusugan. Dapat lumagda ang miyembro sa isang form na nagsasabing ayaw na nilang gamitin ang planong pangkalusugan o tumawag sa Health Care Options at umalis sa pagkaka-enroll sa pamamagitan ng telepono.

**Waiver ng 1915(c) Pantahanan at Nakabase sa Komunidad na mga Serbisyo (Home and Community-Based Services, HCBS):** Isa itong espesyal na programa ng pamahalaan para sa mga taong may panganib na maipasok sa isang nursing home o institusyon. Pinapayagan din ng programa na makapagbigay ang DHCS ng HCBS sa mga taong ito para makapanatili sila sa kanilang tahanan na nakabase sa komunidad. Kasama sa HCBS ang pamamahala ng kaso, personal na pangangalaga, skilled nursing, habilitasyon, at mga serbisyo ng tagapag-alaga o katulong sa pantahanang pangangalaga sa kalusugan. Posibleng kasama rin sa mga ito ang mga adult day program at pangangalaga upang makapagpahinga ang tagapangalaga (respite care). Dapat isa-isang mag-apply at maging kuwalipikado sa waiver ang mga miyembro ng Medi-Cal para ma-enroll dito. May pila ang ilang waiver.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929). Ang HPSM ay naririto Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 7-1-1. Bumisita online sa [www.hpsm.org/member/medi-cal/](http://www.hpsm.org/member/medi-cal/).



# Kalusugan ay para sa lahat



801 Gateway Boulevard, Suite 100  
South San Francisco, CA 94080

tel 800.750.4776 toll-free

tel 650.616.0050 local

fax 650.616.0060

tty 800.735.2929 or dial 7-1-1

**[www.hpsm.org](http://www.hpsm.org)**